

Katekistang Agapay-Alagad:


Isang Pagsipat sa Katesismo sa mga Nakatatanda

Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM
Sem. Soc Leonard Cardiño, icCM
Sem. Arvel Pam Anthony S. Cui, icCM
Sem. Manuel Victor J. Sapitula, icCM

NCS 2021 PARI PROJECT
CBCP . ECCCE . UST . RCSSED

Disenyo ng Pabalat

Mula sa imahinasyon nina Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM, Clarence M. Batan at Vincent Reuben E. Valientes ang konsepto at disenyo ng pabalat ng librong ito ay kumakatawan sa muling pagsipat sa misteryo ng ipinakong Hesukristo na nakadantay sa waring *brush strokes*. Ang imaheng ito ay matatagpuan sa *Chapel* ng *Vincentian Hills Seminary* sa Angono, Rizal. Sinisimbolo nito ang muling pagbibigay pansin ng mga nakatatanda sa muling pagbuo ng kaalaman tungkol sa Simbahang Katolika. Ang umiindayog na *The Historia Demo font* na gamit sa titulong, *Katekistang Agapay-Alagad* ay sinasagisag ng panibagong uri ng katekesis na ang sentro ay mga magulang na itinuturing na mga unang katekista ng bawat pamilya at pamayanan. Kabahagi din nito ang *logo* ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project* na ang isa sa kinalabasan ng pag-aaral ay ang kahalagahan at pagbibigay atensyon sa katekesisng mga nakatatanda. Ito ang nagsilbing insipirasyon sa pagbubuo ng librong ito.



Katekistang Agapay-Alagad:

Isang Pagsipat sa Katesismo sa mga Nakatatanda

Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM
Sem. Soc Leonard Cardiño, icCM
Sem. Arvel Pam Anthony S. Cui, icCM
Sem. Manuel Victor J. Sapitula, icCM

NCS 2021 PARI PROJECT
CBCP . ECCCE . UST . RCSSED

Inilathala ng University of Santo Tomas' (UST)
Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)
Room 211, Thomas Aquinas Research Complex (TARC),
UST, España Boulevard, Sampaloc, Manila, Philippines, 1015
Telepono: +632-8786-1611 local 4040 | Telefax: +632-8731-3535
Email: rcssed@ust.edu.ph

Karapatang-ari © 2021 ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE); University of Santo Tomas' (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED); Vincentian Hills Seminary ng Congregation of the Mission (CM)*; Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM; Sem. Soc Leonard Cardiño, icCM; Sem. Arvel Pam Anthony S. Cui, icCM; at Sem. Manuel Victor J. Sapitula, icCM.

Reserbado ang lahat ng karapatan kasama na ang karapatan sa muling paglilimbag at paggamit sa anomang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari.

Ang lahat ng talata mula sa Biblia ay sinipi mula sa *Biblia ng Sambayanang Pilipino – Katolikong Edisyong Pastoral © Bernardo Hurault, 2019, Claret Publishing Group*.

Unang paglimbag, 2021.

Disenyo ng pabalat ni Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM, Clarence M. Batan at Vincent Reuben E. Valientes

Disenyo ng libro nina Coleen Elisabeth C. Candelario, Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM, at Vincent Reuben E. Valientes.

Mga *Icons* ni Darius Dan (mula sa www.flaticon.com)

Rekomendadong Talâ:

Cantillas, Bene Joseph M., author.
Katekistang agapay-alagad : isang pagsipat sa katesismo sa mga nakatatanda / Sem. Bene Joseph M. Cantillas, Sem. Soc Leonard Cardino, Sem. Arvel Pam Anthony S. Cui, Sem. Manuel Victor J. Sapitula. -- Manila : University of Santo Tomas' (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED), c2021.
XXIII, 162 pages; 22.86 cm.

ISBN 978-621-8269-31-6 *(Softbound/Paperback)*
ISBN 978-621-8269-30-9 *(Hardbound)*
ISBN 978-621-8269-29-3 *(EPUB)*
ISBN 978-621-8269-33-0 *(PDF downloadable)*
ISBN 978-621-8269-32-3 *(PDF read only)*

1. Catechetics –- Study and teaching. 2. Catechetics –- Catholic Church. 3. Religious education -- Philippines. 4. Religion and sociology. 5. Catholicism. 6.Catechisms.
I. Cardiño, Soc Leonard , author. II. Cui, Arvel Pam Anthony S., author.
III. Sapitula, Manuel Victor J., author. IV. Title.

BX1968 .Sa67 2021

Inilimbag ng Raintree Trading & Publishing, Inc.
21 Matimtiman Street, U.P. Village, Quezon City
Telepono: 02 8921 8060
Email: raintree.publishing@gmail.com

Ang gawang ito ay lisensiyado sa ilalim ng *Creative Commons Attribution-NonCommercial-ShareAlike 4.0 International License*. Upang makita ang kopya ng lisensiyang ito, bisitahin ang http://creativecommons.org/licenses/by-nc-sa/4.0/ o magpadala ng sulat sa *Creative Commons, PO Box 1866, Mountain View, CA 94042, USA*.

Ang ***Porticus Asia, Ltd.*** ay naggawad ng ***international research grant*** sa proyektong ito. Ang pondong ito ay malaking suporta sa Simbahang Katolika at sa espirituwal na pagbuo ng ministeryong kateketikal sa bansang Pilipinas.

Paghahandog

Para sa lahat nang nakibahagi sa
aming paghubog bilang isang Vicentino;
na nagpatulóy sa amin sa ilalim ng tulay,
sa mga kalye at daanan, sa mga bukirin,
at kakahuyan. Sa mga pampang at daluyan
na nagturo sa amin na ang pakikiisa sa
maralita ay ang daan patungo sa Diyos;
na nagturo sa amin ng pananampalataya
sa kagandahang-loob ng Diyos na laging
bukas ang puso sa taong mapagkumbaba.

Ito ay para sa inyo.

Mga Nilalaman

Paghahandog I

Lupon ng Modyul IV

Mensaheng Panimula mula sa Tagapamuno ng *CBCP-ECCCE* (2016-2021) VI

Mensahe mula sa *Provincial Visitor* ng Kongregasyon ng Misyon - Probinsya ng Pilipinas VII

Mensahe mula sa mga May-akda IX

Paanyaya - Ang mga *Katekistang Agapay-Alagad* XII

Paunang Salita XX

Unang Bahagi: Pamamaraan 1

Kailangan Pa Ba 'Yan? Ang Katesismo para sa mga Nakatatandang Kristiyano 2

Ikalawang Bahagi: Mga Modyul para sa Katekista 15

1. Sino ang Diyos? Ang Banal na Santatlo 16
2. Sino si Jesus? Ang Pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos 26
3. Sino ang Aking Ina? Ang Mahal na Birheng Maria 34
4. Para Saan ang Simbahan? Ang Simbahang Katoliko 46
5. Bakit ko Kailangang Magsimba? Ang Banal na Eukaristiya 60

6. Paano Ako Hihingi ng Tawad sa Diyos?
Ang Sakramento ng Muling Pakikipagkasundo 70

7. Paano ba Maging Banal? (I)
Ang Bokasyon ng mga Layko 80

8. Paano ba Maging Banal? (II)
Ang Sakramento ng Pag-aasawa at Pagpapari 88

Ikatlong Bahagi: Mga Modyul para sa mga Natatanging Pangangailangan **101**

9. Ano ang Mangyayari sa Katapusan ng Buhay?
Ang Buhay na Walang Hanggan 102

10. Bakit Kailangang Binyagan ang Anak Ko?
Ang Sakramento ng Binyag para sa mga Magulang, Ninong at Ninang 114

11. Bakit Kailangang Kumpilan Bago Ikasal?
Sakramento ng Kumpil para sa mga Ikakasal 122

12. Ito ang Ating Pananampalataya:
Ang Buod ng Sumasampalataya
(Apostles' Creed) 132

13. Ito ang Ating Pagsamba:
Ang Buod ng Pitong Sakramento ng Simbahan 142

Mensaheng Pangwakas mula sa Kasalukuyang Tagapamuno ng *CBCP-ECCCE* (2021-2023) **160**

Mga Daglat **162**

Mga Sanggunian **162**

Mga May-akda

Lupon ng Modyul

Mga May-akda

Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM
Sem. Soc Leonard Cardiño, icCM
Sem. Arvel Pam Anthony S. Cui, icCM
Sem. Manuel Victor J. Sapitula, icCM
Mga Seminarista, Vincentian Hills Seminary, Angono, Rizal

Teknikal na Patnugot ng Wika

G. Nell B. Buenaventura, MA
Tagapagturo, Departamento ng Filipino,
Kolehiyo ng Edukasyon, UST

Tagadisenyo ng Pabalat

Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM
Prop. Clarence M. Batan, PhD
Vincent Reuben E. Valientes

Tagadisenyo ng Libro

Coleen Elisabeth C. Candelario
Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM
Vincent Reuben E. Valientes



Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) – Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)

†Obispo Roberto C. Mallari, DD
Tagapamuno
Reb. P. Ernesto B. de Leon
Kalihim
Sr. Ma. Jesusa Enginco, OP
Katuwang na Kalihim

National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project

Prop. Clarence M. Batan, PhD
Lider Mananaliksik
Kawaksing Prop. Florence C. Navidad, EdD
Katuwang na Mananaliksik
Ruth DL. Andaya, BSA
Katuwang sa Administrasyon at Pondo
Tisha Isabelle M. de Vergara, BA
Keith Aaron T. Joven, BA
Jaycar P. Espinosa, MA
Mga Katuwang sa Pananaliksik at Dokumentasyon
Celda L. Palma
Mga Katulong sa Pananaliksik at Dokumentasyon
Vincent Reuben E. Valientes
Coleen Elisabeth C. Candelario
Gracelle C. Tungbaban
Jayson U. Dela Cruz
Mga Katulong sa Multimedia

Mensaheng Panimula mula sa Tagapamuno ng *CBCP-ECCCE* (2016-2021)

†Obispo Roberto C. Mallari, D.D.
Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija



Larawan mula sa NCS 2021: PARI Project

"Ang puso ko ay nagpupuri sa Panginoon" habang binabasa ko ang iba't ibang bahagi ng ginawang ***Adult Catechesis*** ng ating mga kapatid na *Vincentian brothers*. Naisip kong magdadala ito ng matinding kagalakan kapag nakita ito ng maraming mga obispo, pari, reliyoso at mga laykong katekista na matagal nang nakakita sa kakulangan nito sa ating simbahan. Sana itong aklat ay maging daan upang mapaalab pa ang kanilang pagnanais na maabot ang maraming mga kapatid na may edad na ngunit kulang sa paghuhubog bilang mga Kristiyano.

Itong maikling aklat na ito ay isang napakagandang regalo sa mga nagnanais na manguna sa *"on-going formation"* ng mga kapatid natin na nasa laylayan ng ating simbahan lalo na ngayong pinagdiriwang natin ang ikalimang daang taon ng Kristiyanismo sa ating bansa. Makakatulong din ito sa sinisimulan nating proseso ng Simbahan Sinodal o nakikilakbay lalo na doon sa mga grupo na pagsisikapin nating maabot sa pagganap natin sa *"Diocesan Phase"* ng Sinod ng 2023. Naniniwala akong makakatulong ito hindi lamang upang maisabuhay nang mabuti ang pananampalayang Kristiyano, lalo't higit upang mapalalim ang buháy na ugnayan sa mga banal, sa ating Mahal na Inang Maria at lalo na sa Diyos.

Mensahe mula sa *Provincial Visitor* ng Kongregasyon ng Misyon - Probinsya ng Pilipinas

P. Gregorio L. Bañaga, Jr., C.M.



Larawan mula sa Adamson University

Ang pagtuturo ng pananampalataya ay isang mahalagang bahagi ng gawaing pangmisyon ni San Vicente de Paul noong siya ay nabubuhay pa. Kahit sa ating panahon, ang pagtuturo ng pananampalataya lalo na sa mga mahihirap ay isang mahalagang tungkulin na nakakabit sa misyong ipangalat ang Mabuting Balita, o *evangelization*. Ang ating lipunan ay nagbabago, kaya naman dapat ay bukás tayo sa mga bagong hamon sa gawaing misyon ng ating Simbahan.

Ang munting aklat na ito, ang ***Katekistang Agapay-Alagad***, ay isang pagtugon sa hamon ng katekesis sa ating panahon, kung saan ay hinihikayat natin ang lahat na makibahagi sa pangangalat ng Mabuting Balita. Naririto sa mga pahina ng aklat ang “munting pamamaraan” *(little method)* na ginamit ni San Vicente de Paul at mga

misyonerong Vicentino upang mahikayat ang lahat na sumunod kay Kristo, ang Mangangaral ng Mabuting Balita.

Binabati ko ang lahat ng mga katekista na patuloy na nagsisikap na dalhin ang turo at aral ng ating Simbahan sa iba't ibang dako ng ating bayan. Nawa ay makatulong ang aklat na ito sa inyong gawain.

Ngayong ikalimang daang anibersaryo ng pagdating ng Kristiyanismo, at ikaisandaa't limampung anibersaryo ng pagkakatatag ng Probinsya ng Pilipinas ng Kongregasyon ng Misyon sa ating bansa, ipinapanalangin ko ang pamamatnubay ni San Vicente de Paul upang makaranas ng panibagong pagyabong ang ating Simbahan sa ating panahon.



Larawan mula sa Arkidiyosesis ng Davao

Mensahe mula sa mga May-akda

Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM
Sem. Soc Leonard Cardiño, icCM
Sem. Arvel Pam Anthony S. Cui, icCM
Sem. Manuel Victor J. Sapitula, icCM
Vincentian Hills Seminary
Angono, Rizal

Ang paglilingkod ni San Vicente de Paul sa mahihirap, kung saan siya ay naging kilala, ay nagsimula nang siya ay magpakumpisal sa isang mamamatay na pesante. Ang karanasang iyon ang nagbukas sa kanyang kamalayan tungkol sa napakalaking pangangailangan ng mga dukha ng pag-aaruga at pagkalinga mula sa Simbahan. Ito ang kinikilala naming mga Vicentino na simula ng kanyang misyon para sa mga mahihirap, maliliit, at mga nakalimutan ng lipunan. Ang misyong ito ni San Vicente ay buhay pa hanggang ngayon sa mga pari at hermano *(brother).*

Sa pakiwari namin, ang librong ito ay nagsimula rin nang mabuksan ang aming kamalayan sa isang malaking pangangailangan. Noong unang *Zoom meeting* namin kasama ang mga mananaliksik ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project* noong Setyembre 12, 2020, ibinahagi nila sa amin ang resulta ng kanilang pananaliksik tungkol sa kalagayan ng katekesis at ng mga katekista sa buong bansa. Isa sa mga napagtanto ng pag-aaral ay ang pangangailangan ng iba pang mga anyo, porma at uri ng katekesis para sa mas malawak na misyon, bilang pagkilala sa ikalimang daang anibersaryo ng pagdating ng Kristiyanismo sa Pilipinas. Napag-alaman namin na ang Simbahan sa Pilipinas ay “hindi na bata”, at handa na siyang tumugon sa mas malaking hamon ng misyon sa ating mga karatig-bayan sa Asya, at sa buong mundo.

Kung gayon, isang palaisipan para sa amin kung bakit ang katesismo sa ating mga pamayanan ay hindi nakapagbibigay ng karampatang pagpapahalaga sa mga nakatatanda – ang mga bagong tapos sa pag-aaral, mga propesyonal at manggagawa, mga magulang, at iba pa. Mas nakumpirma ang aming mga sapantaha nang makausap namin ang aming mga katuwang at kaibigan sa parokya, ang mga katekista at mga pinuno ng *BEC (Basic Ecclesial Communities)* sa Santuario de San Vicente de Paul, na ang katekesis ay kadalasang ibinibigay sa mga bata. Hindi ito masama; sa katunayan, napakagandang adhikain na dalhin ang pananamapalataya sa mga bata. Ngunit ano ang mangyayari kapag ang mga bata ay tumanda na – kung sila ay magsimula nang magtrabaho, magtaguyod ng kanilang sariling pamilya, at maging mga lider sa kanilang mga pamayanan? Titigil na ba tayo sa pagpapakilala ng mga turo at aral ng Simbahan sa kanila? Parang mayroong puwang na hindi napupunuan dito. Tila may malaking pangangailangang dapat matugunan. At katulad ni San Vicente na tumugon sa tawag ng Espiritu Santo noong kanyang kapanahunan, kami rin ay nagsisikap na tumugon sa tawag ng Espiritu Santo sa ating kapanahunan.

Ang librong ito ay ang aming munting ambag sa ikatutupad ng adhikain ng ating Simbahan na dalhin ang kayamanan ng ating pananamapalataya sa lahat, ngunit lalo na sa mga nakatatanda nating mga kasapi. Naniniwala kami na ang pagkilala sa ating Panginoong Jesukristo, sa Kanyang mga salita at gawa, ay isang panghabambuhay na gawain ng isang Kristiyano.

Sa bawat yugto ng ating buhay ay kinakailangan nating “makilala si Kristo muli” sa konteksto ng ating mga lunggati at pinagdadaanan. Hayaan nating muli’t muling makadaupang-palad ang Panginoon, na palaging ipinapakilala ang Kanyang sarili sa atin sa mga pangyayari sa ating buhay.

Para sa mga katekista, ito ay isang napakahalagang pagkakataon na makibahaging muli, sa mga paraang ipapakita pa ng Espiritu Santo, sa misyon ng Simbahan. Napakapalad natin na si Papa Francisco, sa pamamagitan ng kanyang liham na *Antiquum Ministerium* noong Mayo 11, 2021, ay itinalaga ang katekista bilang isang uri ng paglilingkod *(ministry)* sa Simbahan. Ito ay isang pagkilala sa kahalagahan ng gawain ng mga katekista sa pangangalat ng Mabuting Balita. Tanawin nawa natin ito bilang isang malaking biyaya upang panibaguhin at patatagin ang ating paglilingkod bilang katekista. Lagi nating isipin, kung may nais na isakatuparan ang Diyos sa pamamagitan natin, Siya ang magbibigay ng biyaya upang magampanan natin ang Kanyang kalooban. Malaki ang hamon, ngunit mas malaki ang biyayang naghihintay para sa atin!

Pagpalain nawa tayong lahat ng Panginoong Diyos! O Mariang ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!

(Mula kaliwa hanggang kanan) Manuel Victor J. Sapitula, Bene Joseph M. Cantillas, Soc Leonard Cardiño, at Arvel Pam Anthony S. Cui.



Larawan mula sa mga May-akda

Paanyaya

Ang mga *Katekistang Agapay-Alagad*

Prop. Clarence M. Batan, PhD
Lider Mananaliksik, NCS 2021: PARI Project


Larawan mula sa NCS 2021: PARI Project

Mga Katekistang Pilipino

Kung may isang pagtitipon ng mga katekista na hindi ko malilimutan, ito ay naganap noong Setyembre 22, 2018. Tinawag itong *DaDiTaMa Catechists Gathering* na pagsasama-sama ng mga katekista mula sa Arkidiyosesis ng Davao, at mga Diyosesis ng Digos, Tagum, at Mati. Inimbitahan ang *NCS Research Team upang* ibahagi ang mga natuklasan sa aming pananaliksik tungkol sa mga katekista ng *DaDiTaMa*. Si Arsobispo Romulo G. Valles, DD, mismo, ang Arsobispo ng Davao at kasalukuyang Pangulo ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP)* ang nag-anyaya sa amin at sa pagkakataong ito, si Dr. Florence C. Navidad na mas kilala sa tawag na Doc Oyeng, at Joanne C. Santiago, ang kasama kong mga *research presenter*.

Ayon sa aming research findings, maraming katekista sa Mindanao. Tulad ng pambansang datos ng mga katekista, marami sa kanila ang kababaihan, mga layko, boluntaryo ang paglilingkod sa Simbahan, at kapansin-pansin na marami sa kanila ay matatanda na, lampas 50 ang gulang. Samantalang may mga retiradong guro, meron din namang kahit ang natapos ay elementarya at high school, pinili pa rin nilang maglingkod bilang mga katekista sa kanilang mga parokya. Bilang mga katekista, seryoso nilang tinutupad ang pangakong maglingkod sa Simbahan, iniulat nilang masaya sila sa buhay, at walang dudang masaya sila sa pagiging katekista.

Para sa aming mga mananaliksik, nakakalula na matuklasan sa mga datos ang mga obserbasyong ito. Ika nga sa Ingles, parang, *"This is too good to be true!"* Pero ito ang temang umusbong mula sa aming pagsusuri kaya't para sa amin, nanatili itong palaisipan. Hanggang ang lahat ng aming pagdududa ay mapalitan ng paghanga sa mga nakatatandang katekista ng Mindanao na walang kapagurang nagtuturo sa maraming bata at kabataan sa iba't ibang pribado at pampublikong paaralan, mga parokya, at pamayanan.


Larawan mula sa NCS 2021: PARI Project

Madaling-araw pa lang ay nasa *airport* na kami nina Doc Oyeng at Joanne. Kahit puyat sa ibang gawaing akademiko, dama namin ang pananabik na magbahagi ng *NCS findings* sa Mindanao. Kahit mainit ang panahon, pinalamig ito ng ideya na ayon kay Sr. Lydia Perales, DM, ang *Catechetical Coordinator* ng Arkidiyosesis ng Davao, ay matitikman namin ang mga sariwang prutas sa Davao tulad ng suha, lanzones, rambutan, durian, at matamis na mangoosteen, dahil natiyempuhan namin na nasa kapanahunan ang pamumunga ng mga ito. Kaya't hindi namin napansin

ang halos dalawang oras na biyahe sa himpapawid hanggang sa salubungin kami ng ngiti ni Sr. Lydia sa Davao airport.

Mula sa *hotel*, bumiyahe kami papuntang *Regional Major Seminary, Archdiocese of Davao*, sa *Catalunan Grande, Davao City*. Pero kakaiba ang biyaheng ito. Wala namang motorcade ngunit parang magkakakilala ang mga taong nagbabiyahe sa daan. Dyip, *bus*, *van*, o kotse man ito, dama ko ang tawanan at hiyawan ng mga tao na parang may dadaluhang mahalagang pagtitipon. Ang tahimik na paligid ay pinunan ng tunog na mga busina mula sa mga sasakyang ito na waring pagbati sa isa't isa. Doon ipinaliwanag ni Sr. Lydia na sila ang mga katekista ng *DaDiTaMa*, ang mga makikinig sa aming research presentation. Nagulat din ako sa balitang mahigit-kumulang 3,000 katekista ang dadalo sa pagtitipong ito kasama ang mga paring katekista at si Arsobispo Valles.

Sa isang malaking multi-purpose gym nagsama-sama ang mga katekistang *DaDiTaMa* na kung titingnan mo ay parang dumadalo sa isang *Women & Senior's Day celebration*. May mga bumiyahe sa kanila nang ilang oras para makadalo lang sa *Catechists' Gathering*. Maingay na parang piyesta ang paligid at sa kauna-unahang pagkakataon, sa mainit na pagbati ng ilang libong mga katekista, walang duda, tama ang datos na aming nakalap. Totoong may buhay ang ministeryong kateketikal sa ating Simbahang Katolika sa parteng ito ng Mindanao.

Kaagapay ng Simbahan

Isang mahalagang *NCS research finding* ay ang obserbasyon na ang kasalukuyang estado ng katekesis sa bansa ay nakatuon sa pagtuturo sa mga "bata" – ang children catechesis. Kulang sa atensiyon ang katekesis na para sa kabataan, at mga matatanda. Ang ibig sabihin nito, mas binibigyang-diin ng kasalukuyang kalakaran ng

ministeryong kateketikal ang paghubog sa mga bata upang maintindihan ang mga aral ng ating Simbahang Katolika. Ngunit ang ating pananampalataya tulad ng isang binhi, ay hindi lang kailangang diligan at alagaan sa unang taon ng buhay. Ang pag-usbong ng binhi upang maging ganap na halaman ay nakadepende sa matiyaga at mapagkalingang pag-aalaga. Ito ang misyon ng katekesis sa ating Simbahan. Kaya't sa aming pananaliksik, nabatid namin na ang mga katekista ay tumatayong "kaagapay" ng ating Simbahan. Na ang misyon ay nagsisimula pa lamang dahil mas malaki pa ang hamong makahikayat ng mga magtuturo sa mga kabataan at mga matatanda. Tinutumbok nito ang pangangailangan na magkaroon ng isang "katesismo para sa mga nakatatanda". Ito ang misyon ng librong inihahain namin ngayon sa maraming nais maglingkod sa ministeryong kateketikal.

Nadama ko ang kaganapan ng misyong ito sa *DaDiTaMa Catechists' Gathering* lalo na noong ipinagdiwang ang banal na misa na pinamunuan ni Arsobispo Valles. Halos mahigit dalawang oras din ang aming research presentation at matapos sagutin ang ilang tanong at magpasalamat sa mga katekistang nagtiyagang nakinig sa amin, hinikayat na ang lahat para ihanda ang sarili sa pagdiriwang ng misa.

Nagsisimba naman ako tuwing Linggo at masasabi kong pamilyar sa ritwal ng misa pero may kakaibang katangian ang pagdiriwang na ito. Una, ang dadalo sa misa ay libo-libong katekista na nagsama-sama upang makinig sa aming ulat tungkol sa *NCS research findings*. Ikalawa, halos 90% ng mga katekista ay mga nakatatandang babae na masigla pa ring kumilos at sabik pa ring dumalo sa misa. At ikatlo, pagtitipon ito ng mga katekistang hinubog ng maraming beses sa pagsasanay tungkol sa mga turo't aral ng ating Simbahan. Samakatuwid, sa di pangkaraniwang pagkakataon, ang makakasama ko sa misa ay mga katekistang-lingkod na nagtuturo kung ano ang halaga ng sakramento ng Banal na Eukaristiya; kung ano-ano ang

bahagi ng misa; at kung paanong maging aktibo habang dumadalo sa misa.

Mula sa nakabibinging katahimikan, nang sinabi ng commentator na, “Tumayo na po ang lahat” at tumugtog na ang pambungad na awit, nasaksihan ko ang pagdagundong ng paligid mula sa magkakasamang pag-awit ng mga katekista. Napapikit ako sa gulat dahil parang may isang hukbo ng mga angel na nagpupuri sa Panginoon, umaawit na malugod na tinatanggap ang kinatawan ni Hesus sa misang ito na si Arsobispo Valles. Sa pagkakataong ito, nasaksihan ko ang aktibong pagtugon ng mga katekista sa bawat bahagi ng misa. Sa bawat pagbasbas gamit ang mga katagang, “Sumainyo ang Panginoon”, at kanilang pagtugon ng “Sumainyo rin” at maraming “Amen”. Muli, nabuhay ang misa sa aking naninimdim na diwa.

Nasaksihan ko rin sa araw na ito, ang pinakamahaba at matagal na pag-aalay ng mga handog sa misa. Sa saliw ng liriko ng kantang, “Kunin Mo O Diyos, at tanggapin Mo…”, sa kauna-unahang pagkakataon, nasaksihan ko kung paanong ang libo-libong katekista ay humanay sa gitna ng gym upang ihatid ang kanya-kanyang alay at iabot kay Arsobispo Valles. Meron din namang nangongolekta ng ambag na pera sa paligid, ngunit kapansin-pansin na maliban sa mga tangan na sobreng ang laman ay pinaghirapan at naipong pera, sa *DaDiTaMa*, ang mga katekista na nagbyahe pa mula sa iba’t ibang sulok ng Mindanao, ay may mga dalang alay na samo’t-saring handog na bigas, prutas, at gulay na sa kuwento ng mga katekista sa akin ay mga biyayang ani’t bunga mula sa mayamang lupa na kanilang inaalagaan. Hindi ko labis paniwalaan ang aking nasaksihang pag-aalay kompara sa maraming misa na aking nadaluhan kung saan halos walang nag-aalay, at walang inaalay. Sa pagkakataong iyon, bilang Katoliko, nabanaag ko ang halaga na tumandang naiintindihan ang kahalagan ng pagbabahagi ng biyaya ng Panginoon.

Sa misa ring ito, nang sinambit ni Arsobispo Valles ang mga katagang, “Magbatian kayo at ibahagi ang kapayapaan sa isa’t isa”, hindi lang ako binati ng mga katekistang kalapit ko. Bagkus, hindi ko mabilang ang maraming katekistang ngumiti, kumaway, at yumakap sa akin na sa muli, sa di pangkaraniwang pagkakataong ito, nadama ko ang espiritung buhay ng Simbahan. Lalo pa nang nagulat akong si Arsobispo Valles, mula sa mataas na entabladong pansamantalang pinaglagakan ng altar ay bumaba sa aming research team upang kamayán kami sabay ngiti at pagbati ng, *“Peace Be With You”*. Iba pala ang pakiramdam kung ang mensahe ng kapayapaan ay nagmula sa pinuno na sinamahan ng mga mapagkumbabang lingkod ng Simbahan, ang mga katekista. Ito marahil ang dahilan kung bakit mas kailangan na ang katekesis ay matutuhan at maranasan hindi lang ng mga bata kundi sa lahat ng bahagi ng ating buhay bilang mga Katolikong mananampalataya.



Larawan mula sa NCS 2021: PARI Project

Mga Alagad, Katekistang-Lingkod

Kaya’t ang paanyaya ng librong ito ay nakaugat sa mahalagang *NCS research finding* na matugunan ang kahalagahan ng katekesis para sa mga nakatatanda.

Batid kong magiging parehong mapanghamon at kapana-panabik ang muling paghikayat sa mga nakatatanda upang muling balikan ang katekesis na kanilang naranasan noong bata pa sila. Dito, kakailanganin ang mas marami pang mga katekista na handang maglingkod upang tanggapin ang misyon na maging “alagad” ng panibagong ministeryong kateketikal na bibigyang-diin ang pagtuturo sa mga nakatatandang Katoliko.

Isang napakalaking biyaya ang pagbigyan ang hiling ng aming *NCS Research Team* ng mga Vicentinong kaibigan na sina Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM, Sem. Soc Leonard Cardiño, icCM, Sem. Arvel Pam Anthony S. Cui, icCM, at Sem. Manuel Victor J. Sapitula, icCm upang magsilbing mga interventionist para sa isang *Research-based Intervention Outcome (RIO) for* ***Adult Catechesis***. Hindi naging madali ang proseso ng pagbubuo ng modyul na ito dahil sa pandemya. Ngunit nakamamanghang sa ilang buwan ng paghihintay, nabuo nila, ang sa aking palagay, Ang Katesismo para sa Mga Nakatatanda, na ang nilalaman ay may panibagong metodo upang mas malalim na maunawaan ang mga pundamental na paksa tungkol sa ating pananampalataya hango sa kanilang samo't saring karanasan.

Nagbibigay pag-asa ang modyul dahil isinulat ito sa wikang Filipino. Ito ang wika ng maraming karaniwang Pilipino na bahagi ng ating Simbahan. Ito rin ang wikang ayon sa mga may-akda ay daan sa "pakikiisa sa mga maralita" na "daan patungo sa Diyos". Kahit ako, namangha sa kapayakan ng modyul na ito dahil madaling basahin at magaang intindihin. Hinihikayat ng modyul na muling dalawin ang mga turo't aral ng Simbahan na natutuhan ng mga matatanda noong bata pa sila upang sa pagkakataong ito, ang panibagong katekesis ay mabuhay, maging mas makahulugan at lumalim.

Isang karangalan ang anyayahan ang lahat na bumuklat sa librong ito na maging alagad ng ating Simbahan bilang mga katekistang-lingkod na hindi lamang magtuturo sa mga bata ngunit pati na rin sa mga nakatatanda.

Nagkakagulo ang mga katekistang *DaDiTaMa* matapos ang misa. Umingay ang paligid dahil sa usapan at tawanan ng mga katekistang nagpapaalamanan sa isa't isa. May nagkakamayan at may nagyayakapan. Halos magkakakilala nga ang mga katekistang nagkakaisa sa paglilingkod sa Simbahan. Nasaksihan ko sa pagkakataong iyon ang isang pamayanang kolektibong naglalakbay na maituturing na "agapay-alagad" ng ministeryong kateketikal ng ating pinakamamahal na Simbahang Katolika.

Sa gitna ng kaguluhang ito, nagulat ako nang tinawag ako ni Sr. Lydia dahil hinahanap daw ako ni Arsobispo Valles. Kaya hinawi ko ang lawa na mga katekistang bumabati't nagpapasalamat sa akin kaliwa't kanan. Nang makita ko si Arsobispo ay tinanong niya sa akin, "Gusto mo ba ng mga prutas?". Hindi ko naitago ang aking ngiting abot tenga kaya hindi na niya hinintay ang aking sagot at sinabi lang sa akin na, "Kung ano man ang kaya ninyong maiuwing prutas sa Maynila ng mga kasama mo sa *UST*, bahala na si Sr. Lydia sa inyo." Paulit-ulit lang na *thank you* ang aking nasabi kay Arsobispo sabay halik sa singsing na simbolo ng kanyang kapangyarihan at pabulong na basbas, "Patnubayan kayo ng Poong Maykapal at salamat sa pagmamahal sa mga katekista." Mahigit-kumulang 80 kilong prutas ang iniuwi namin mula sa Davao.



Larawan mula sa NCS 2021: PARI Project

Magandang isipin na marami ring prutas na mapipitas ang sinomang gagamit ng modyul na ito. Ito ang aking taimtim na dalangin.

Paunang Salita

Ang paglago ng pananampalataya sa buhay ng isang nakatatanda *(adult)* ay isa sa pinakamahalagang misyon ng Simbahan sa anomang panahon. Bakit, kung inyong maitatanong? Dahil kapag naintindihan ng mga nakatatanda ang pananampalataya ay maipapasa nila ito sa iba. Ang mga nakatatanda ang may ginagampanang mga tungkulin sa simbahan at lipunan: sila ang magiging mga magulang; magiging guro sa mga paaralan; at magiging saksi para sa pananampalataya sa kanilang opisina o pagawaan. Samakatuwid, sila ang mga magiging misyonero sa mga lugar sa labas ng ating mga simbahan.

Sa ganitong kalagayan, marapat lamang na makatanggap ang mga nakatatandang Katoliko ng angkop at de-kalidad na paghubog sa pananampalataya. Ito ang nakita ng Simbahan sa kanyang patuloy na pagninilay kung paano gagawing mas akma ang pagtuturo ng katesismo sa kalagayan ng mga tao sa kasalukuyang panahon. Maging sa Pilipinas o sa ibang bansa man, mas umiigting ang panawagang magtaguyod ng mga karanasang nagpapakilala sa Diyos sa pang-araw-araw na buhay. Ang pananampalataya ay isang personal na desisyon ng isang Kristiyano na tumalima sa pagtawag ng Diyos sa mas malalim na paraan.

Upang makapag-ambag tungo sa katuparan ng layuning ito, inihanda naming mga seminaristang Vicentino ang isang gabay para sa mga katekistang naglalayong pagpaibayuhin ang pagtuturo ng mga aral ng Simbahan sa mga nakatatanda. Batid namin na ang karamihan ng katekista ay nakababad sa pagtuturo ng katesismo sa mga bata, at ito ang kumukuha ng pinakamalaking bahagi ng oras ng katesismo sa isang parokya.

Ngunit batid din namin ang hamon sa Simbahan sa Pilipinas na maglunsad ng isang seryoso at matikas na programang katesismo para sa mga nakatatanda. Ang gabay na ito ay bunga ng aming pag-aaral at karanasan bilang mga kapwa nagsisiyasat ng mga epektibo at makabagong pamamaraan upang maipasa ang "mamahaling perlas", ang ating pananampalataya.

Ang pagsisiyasat na ito ay naghatid sa amin sa batis ng mga dokumento mula sa Simbahan tungkol sa katesismo. Ang dalawang pinakamahalagang dokumentong nagsilbing sanggunian para sa amin ay, una, ang *Catechesi Tradendae*, isang liham *(encyclical)* ni Papa San Juan Pablo II noong 1979 tungkol sa pagsasagawa ng katesismo sa ating panahon. Ang ikalawa ay ang pinakabagong edisyon ng *General Directory for Catechesis (GDC)* na ipinalabas ng *Pontifical Council for the Promotion of the New Evangelization* noong 2020. Nakatuntong sa unang dalawang edisyon ng *Catechetical Directory* (noong 1971 at 1997), mas pinalalim sa pinakahuling edisyon ang pagninilay sa hamon na ipahayag ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesukristo sa ating kasalukuyang mundo.

Ang gabay na ito na aming binuo ay nakabatay sa isang pamamaraan na ginagamit sa pagsasabuhay ng aral ng ating Panginoong Jesukristo: ang metodo ng *See-Judge (o Discern)-Act*. Ang pamamaraang ito ay halaw sa mga ideya ni Papa San Juan XXIII, at pinalawig ng ibang teologo ng Simbahan. Nilalayon ng *See-Judge-Act* na gawing buháy ang pananampalataya sa pamamagitan ng pag-aakma nito sa mga kaganapan ng kasalukuyang panahon. Ang *"See"* o pagtingin/pagtanaw ay nilalayong unawain nang malalim ang mga pangyayari, isyu, at problema tungkol sa kasalukuyang pamumuhay ng mga Kristiyano.

Ang *"Judge/Discern"* o pagkilatis ay ang paghahanap ng kaalaman at patotoo mula sa mga batis *(sources)* ng ating tradisyong Kristiyano: ang Salita ng Diyos sa Biblia; ang

mga turo ng Simbahan sa pamamagitan ng Papa at mga obispo katuwang niya; ang talambuhay ng mga santo at santa; at ang pagsaksi ng mga ordinaryong Kristiyano *(sensus fidelium).* Ang *"Act"* naman ay ang paghahanap ng angkop na tugon mula sa pananampalataya upang mas maging mabisa ang pagpapahayag ng katotohanan ng Panginoong Jesukristo sa ating panahon.

Ang pagbibigay ng karampatang puwang sa katesismo para sa mga nakatatanda ay nagbubukas ng isang panibagong yugto sa buhay ng ating Simbahan sa Pilipinas, na ngayong taong ito ay nagdiriwang ng ikalimandaang anibersaryo ng pagdating ng Kristiyanismo. Malaki ang hamon sa ating mga katekista na umisip ng mas epektibong mga pamamaraan upang maabot ang mga nakatatandang kasapi ng ating Simbahan at maipaabot sa kanila ang turo, aral, at diwa ng ating Panginoong Jesukristo. May panawagan sa mga katekista na mas paigtingin pa ang pagdarasal, pag-aaral, at pagpapatotoo sa mga magbubuo at magtataguyod ng susunod na henerasyon ng mga Kristiyano sa ating mga pamayanan. Huwag nating hayaang dumaan ang pagkakataong ito na hindi natin natutugunan ang mga bagong landas na ipinapatahak sa atin ng ating Panginoong Jesukristo sa ating panahon.

Dinala namin sa gabay-katesismong ito ang patotoo mula sa aming pagsunod sa turo at aral ni San Vicente de Paul, ang patron ng mga dukha at organisadong kawanggawa. Siya rin ang tagapagtatag ng Kongregasyon ng Misyon *(Congregation of the Mission)*, isang lupon ng mga pari at hermano na nagsasagawa ng apostolado para sa mga mahihirap katuwang ang mga layko. Sumasang-ayon kami sa turo ng Ikalawang Konsilyo Plenaryo (PCP-II) na ang Simbahan ay kinakailangang maging "Simbahan ng mga Mahihirap" *(Church of the Poor)*. Naniniwala kami, tulad ni San Vicente, na ang sinomang naghahanap sa Diyos ay kinakailangang pumunta sa mga dukha. Ang malalim na pag-unawa sa turo at aral ng ating Panginoong Jesukristo

ay maaabot lamang kung gagamitin natin ang lente ng mga dukha, dahil ang mga napabayaan at nakalimutan sa mundong ito ay ang pinakamalapit sa loob ng Panginoong Diyos.

Panalangin namin na matulungan kayo ng munting gabay na ito na maging epektibong tagahatid ng Mabuting Balita sa sinomang inyong makakasalamuha bilang isang katekista. Mabigyan nawa kayo ng gabay na ito ng inspirasyon na laging lumapit sa Panginoong Jesukristo, ang Guro at Tagapamahagi ng Mabuting Balita. Ang lahat ng ating sakripisyo sa pagtuturo ng katesismo ay pagtugon sa tawag ng pag-ibig, at pakikibahagi sa isang Misyon na Kanyang iniwan sa atin.

Hingin natin ang tulong ni Santa Maria, ang ating Mahal na Ina, ang ating gabay sa pagtahak sa landas ng pagsunod sa kanyang Anak. Ihiling natin kay San Vicente de Paul, alagad ng pag-ibig sa mahihirap, na mabigyan tayo ng biyayang yakapin ang ating gawain sa diwa ng paglilingkod, lalo na sa mga maliit at minamaliit sa ating lipunan.

Sem. Bene Joseph M. Cantillas, icCM
Sem. Soc Leonard Cardiño, icCM
Sem. Arvel Pam Anthony S. Cui, icCM
Sem. Manuel Victor J. Sapitula, icCM
Vincentian Hills Seminary
Angono, Rizal



Unang Bahagi:

Pamamaraan

Kailangan Pa Ba 'Yan?
Ang Katesismo para sa mga Nakatatandang Kristiyano

Hindi na Sila mga Bata

Bilang katekista, ikaw ang naatasang magturo ng ating pananampalataya sa kanila. Sa maraming pagkakataon ay mga bata ang kalahok sa iyong mga *catechism class* – sa public school kung saan ka pumupunta minsan sa isang linggo; sa mga naghahanda para sa Unang Komunyon o kumpil; o sa mga bata pagkatapos ng Misa sa Linggo. Naisip mo tuloy, "sanay ako sa pagtuturo sa mga bata". Ngunit sa pagkakataong ito, ang magiging kalahok sa catechism class ay mga nakatatanda: sila ay kadalasang nakatapos nang makapag-aral ng high school, vocational, o kolehiyo; ang iba ay naghahanapbuhay na; at ang iba ay may asawa at mga anak na.

Una sa lahat: magpasalamat ka sa Diyos dahil sa pagkakataon upang maibahagi ang pananampalataya sa iba! Ipagdasal mo na maging isa kang kasangkapan ng Espiritu upang maibahagi ang katotohanan ni Kristo sa mga magiging kalahok sa catechism class. Ipanalangin mo sa Espiritu na buksan Niya ang puso at isip ng mga dadalo. Ipanalangin mo ang kanilang kaligatasan sa lahat ng kasamaan laban sa katawan at kaluluwa.

Ikalawa, dahil mas sanay kang magturo ng katesismo sa mga bata, may pag-aalinlangan ka ba kung ano ang tamang lapit *(approach)* para sa katesismo sa mga nakatatanda? Kapareho lang kaya sila ng mga bata? May kailangan kayang baguhin sa estilo at pamamaraan ng pagtuturo ng katesismo dahil ang mga kalahok ay matatanda? Malamang ay ito ang ilan sa mga tanong na sumagi sa iyong isipan.

Magandang alalahanin ang ilang puntong ibinahagi ng *General Directory for Catechesis (GDC)* tungkol sa


Larawan mula sa Military Ordinariate

katesismo sa mga nakatatanda. Ayon sa GDC, ang mga nakatatandang Kristiyano *(adult Christians)* ay mga ganap na disipulo (GDC, 261).

Ang pananampalataya para sa kanila ay isang panloob at personal na proseso *(inner process)* (GDC, 257). Samakatuwid ay panawagan ang Simbahan sa mga katekista na ituring na kalahok *(participant)* ang mga nakatatanda. Sila ay kapantay *(partner)* ng katekista sa pag-aaral tungkol sa pananampalataya, at hindi lamang isang mag-aaral *(student)* na nasa ilalim ng awtoridad ng katekista (GDC, 262).

Ang mungkahi ng Simbahan ay maging kaagapay ng mga katekista ang mga nakatatanda upang magkaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa pananampalataya.

Kinakailangang marunong makinig ang katekista sa kanilang mga pangangailangan at mungkahi, at iakma ang pag-aaral ng pananampalataya sa konteksto ng kanilang personal na buhay (GDC, 261).

Ang ganitong hamon mula sa Simbahan ay nangangailangan ng isang sistematikong pamamaraan ng pagpapakilala at pagpapalalim ng pananampalataya sa mga nakatatandang kalahok natin na dadalo sa ating mga *catechism class*. Ang pamamaraang ito (na iba sa ating pagtuturo ng katesismo sa mga bata) ay kumikilala ng mga pangangailangan ng mga nakatatandang kalahok, ang sarili nilang proseso upang matutuhan angpananampalataya at makilala ang ating Panginoong Jesukristo. Ang kanilang isip ay aktibong nagsasagawa ng pag-uugnay ng mga turo at aral ng Simbahan sa kanilang sariling karanasan. Ang mahalaga ay hindi lamang ang kaalaman *(knowledge*) ngunit kahulugan *(meaning).*

Upang masigurado na ang pagbabahaginan sa ating mga *catechism class* ay may talab sa karanasan ng mga nakatatandang kalahok, sisimulan natin ang lahat sa kanilang karanasan (magmasid at magtanong). Bilang katekista, kailangan nating kilalanin ang ating mga kalahok at alamin ang kanilang pinanggagalingang konteksto. Sa unang bahagi ng ating catechism class (magmasid at magtanong) ay inaalam natin ang karanasan ng mga kalahok. Ang pagpapakilala ng turo at aral ng Simbahan (mag-aral at magpatotoo) ay ilalapat sa buhay at konteksto ng ating mga kalahok; ang hamon ay kung paano hindi magiging paulit-ulit na pagbabahagi lamang ng pare-parehong kaalaman *(knowledge)* ang ating pag-aaral, bagkus ay maging isang patotoo *(witnessing).* Sa ikatlong bahagi ay mag-aalay tayo ng "pabaon at pagkilos" sa mga kalahok, upang kanilang maisabuhay ang pananampalatayang ating ibinahagi.

Kung ating makikita, ang pamamaraang ito ay hindi one-way na pagtuturo ng pananampalataya sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, bagkus ay isang interactive na pagbabahaginan ng mga karanasan, kaalaman, at pagsasabuhay ng diwa ni Kristo sa ating panahon.

Ang katekista ay humaharap sa mga kalahok na may sapat na paghahanda. Ang unang paghahanda ay panalangin. Bago magsimula ang catechism class, ipanalangin ang sarili, upang maging epektibong kasangkapan tayo ng Panginoong Jesukristo bilang mga katekista.

Ipanalangin din ang mga kalahok na dadalo, upang sila ay maging bukas sa Kanyang mensahe sa ating *catechism class.* Ang ikalawang paghahanda ay ang pag-aaral. Kailangang pag-aralan ng katekista ang mga modyul, at unawain ang turo at aral ng Simbahan na nakapaliwanag dito. Sa ilang pagkakataon ay kailangang balikan ang ilang talata sa Biblia at katesismo, o sa ilang dokumento ng Simbahan. Kailangang maging masinop ang katekista sa

kanyang pag-aaral. Ang ikatlong paghahanda ay ang pakikinig *(listening).* Bilang katekista, hindi lang tayo guro; tayo rin ay kapwa tagasunod ni Kristo kasama ang mga kalahok. Sa kanilang buhay ay matatagpuan din ang mga patotoo ng kabutihan ng Diyos; kailangan natin makinig sa kanilang mga kuwento.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Ang Mabuting Balita ng ating Panginoong Jesukristo ay niyayakap ng buong pagkatao ng mananampalataya: isip, puso, at mga kamay. Upang mangyari ito, kinakailangang may kabuluhan ang Mabuting Balita sa ating pang-araw araw na buhay. Ang pananampalataya ay kinakailangang tumawid sa ating pananalita, kilos, at pagdedesisyon.

Bilang isang katekista, magandang malaman ang konteksto kung saan nanggagaling ang isang nakatatandang kalahok. Magandang simulan ang pag-aaral sa isang kumustahan. Kung malaki ang grupo ay maaari silang paghati-hatiin sa maliliit na mga grupo. Sa simula ay bigyan ng oras ang pagkukumustahan, at pagtatanong kung mayroon silang kailangan. Matapos nito ay magbubukas ng paksa ang katekista sa pamamagitan ng isang tanong.

Ang tanong na ito ay naglalayong makapagbahagi ng karanasan ang mga kalahok tungkol sa isang bagay na gagamitin bilang tulay *(bridge)* na mag-uugnay ng kanilang karanasan sa paksang pag-uusapan sa catechism class. Kadalasan ay napupuna ang ating mga klase sa katesismo dahil tila baga'y walang kaugnayan ang mga pinag-aaralan dito sa buhay at karanasan ng mga kalahok. Kaya sisimulan natin ang pag-uusap tungkol sa turo at aral ng Simbahan sa bahaginan ng karanasan.



Larawan mula sa Prelature ng Isabela de Basilan

Kung maraming katekista (2 o higit pa), maaari silang umupo sa mga grupo at makinig sa mga nagbabahagi. Kung nag-iisa lamang ang katekista, maaari siyang lumipat-lipat sa iba't ibang maliliit na grupo.

Pakinggan ang bawat isa sa paglalahad ng kanyang buhay. Mahalagang makilala ng katekista ang mga kalahok upang maintindihan niya ang pinangagalingan ng bawat isa. Sa puntong ito ay hindi mahalaga kung mayroon o walang banggitin ang kalahok tungkol sa Diyos. Ang mahalaga ay makilala sila ng katekista.

Tandaan na bago pa man magkakilala ang katekista at kalahok ay may buhay-pananampalataya na sila, at gumagalaw na ang Diyos sa kanilang buhay. Kung may mabanggit ang kalahok, magandang makita ng katekista kung ano ang pagkakaintindi ng kalahok sa sarili nilang buhay-pananampalataya. Kung wala naman, hindi ito nangangahulugang wala silang pagkakakilala sa Diyos o hindi mahalaga ang Diyos para sa kanila. Mahalagang tanggapin ng katekista ang anomang kuwentong manggagaling sa dalawang kalahok ng walang paghuhusga.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Sa katesismo para sa mga bata, ang pangunahing gawain ng katekista ay magturo habang ang mga bata ay nakikinig. Ang mga bata ay nakadepende sa katekista para matuto tungkol sa Diyos dahil wala pa silang sapat na karanasan na hanapin ito sa kanilang sarili. Kaya ang pagkabisado ay gumagana sa mga bata; mabilis nilang natututuhan ang mga simpleng paglalahad ng mga turo ng Simbahan.

Naaangkop ba ang ganitong pamamaraan para sa mga nakatatandang kalahok ng isang *catechism class*? Maraming pagbabago ng estilo at pamamaraan ang kinakailangan para sa mga nakatatandang kalahok. Una, maaaring magturo ang katekista, ngunit dahil marami nang karanasan ang mga nakatatanda, maaaring may mga tanong sila na kailangang masagot. Maaari ring mayroon silang mga hindi tamang pag-unawa sa pananampalataya na kailangang linawin, kundi man iwasto. Ang paksa ay kinakailangang mailahad sa paraang simple, may matibay na batayan, at iniuugnay sa ibang aspeto ng pananampalataya at buhay ng kalahok.

Naaangkop ba ang ganitong pamamaraan para sa mga nakatatandang kalahok ng isang *catechism class*? Maraming pagbabago ng estilo at pamamaraan ang kinakailangan para sa mga nakatatandang kalahok. Una, maaaring magturo ang katekista, ngunit dahil marami nang karanasan ang mga nakatatanda, maaaring may mga tanong sila na kailangang masagot. Maaari ding mayroon silang mga hindi tamang pag-unawa sa pananampalataya na kailangang linawin, kundi man iwasto. Ang paksa ay kinakailangang mailahad sa paraang simple, may matibay

na batayan, at iniuugnay sa ibang aspekto ng pananampalataya at buhay ng kalahok.

At huli, dahil malalim na ang karanasan ng mga nakatatanda, ibang uri ng pagbabahagi ang kinakailangan para sa kanila. Mas magandang magamit ang catechism class upang makipag-usap sa kanila. Hayaan itong maging isang pagpapalitan ng kaalaman at pagtatanungan. Ang pagsasaulo ng mga panalangin, ng Pitong Sakramento, Sampung Utos, at iba pang kaalaman, bagama't mahalaga, ay mas mainam na gawin sa labas ng catechism class sa sariling oras ng mga kalahok.

Ang takbo ng catechism class kasama ang mga nakatatanda ay maaaring "30-45 minuto."

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa. Gawin itong malaman, maiksi, at mahinahon.

Malaman. Ito ay dapat nakabatay sa mga batis *(sources)* na pinagkukuhanan ng mga aral ng Simbahan – ang Biblia, Katesismo ng Simbahang Katoliko, mga piling dokumento ng Simbahan, talambuhay ng mga santo at santa, at iba pa.

Mahalaga ito sapagkat nagpapakita ito na ipinapasa natin bilang katekista ang ating natanggap na aral mula sa Simbahan. Ang ating itinuturo ay hindi natin sariling aral, bagkus ay ang aral na ipinagkatiwala ng Panginoong Jesukristo sa Simbahan upang ibahagi sa lahat ng tao. Sa mga susunod na paksa ay nakasaad ang mga teksto mula sa Biblia, Katesismo, at ibang pang dokumento ng Simbahan; ito ay kinakailangang pag-aralan ng katekista upang mas mapalalim ang kanyang kaalaman.


Maiksi. Ang ating ibinabahagi ay ang mahahalagang bagay lamang tungkol sa ating pananampalataya. Ang paglalahad ay simple at madaling maintindihan. Ang mahabang paglalahad ay hindi nangangahulugang ito ay mas maganda

o mainam; minsan ay nabibigla ang kalahok at nawawalan ng gana sa pakikinig kapag masyadong mahaba ang pagtuturo at masyadong marami ang impormasyon.

Mahinahon. Ang paglalahad ng pananampalataya ay hindi "mabigat" para sa mga kalahok. Tandaan: ito ay ang Mabuting Balita! Ang pangunahing tunguhin ng katesismo ay ang pagpapalalim ng ugnayan sa Diyos. Bagama't mahalaga, hindi pangunahing layunin ng katesismo na patunayan na ang paniniwala ng ibang relihiyon ay mali, o makipagdebate sa kanilang mga turo. Ang katekista ay kinakailangang maging masaya at mahinahon sa pagbabahagi ng pananampalataya.

Malayang talakayan. Sa pagkakataong ito ay maaaring magtanong ang mga kalahok tungkol sa paksang nailahad. Bigyan sila ng panahon makapag-isip ng kanilang mga nais itanong o ibahagi. Mahalaga na makinig ang katekista sa mga tanong, at hikayatin ang ibang kalahok na makinig. Mahalaga rin na matugunan ng katekista ang tanong ng mga kalahok. Maaari ding magtanong ang katekista kung ano ang pagkakaunawa ng mga kalahok tungkol sa paksa.

Sa pagtatanong ng kalahok o katekista tungkol sa kanilang paksang pinag-usapan, ang layunin ay isa o kombinasyon ng anoman sa tatlong mahahalagang panuntunan ng katesismo sa mga nakatatanda *(adult catechesis)* na inilatag ng *General Directory for Catechesis* (bilang 261):



Larawan mula sa Military Ordinariate

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Sa patotoo ng katekista ay maaaring may matutunang bago ang kalahok, at ang bagong kaalaman na ito ay magdulot ng interes na mas matuto pa siya tungkol sa Diyos;

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Maaaring may pagkakataong mailahad ang aral ng Simbahan upang maunawaan ng kalahok ang pananaw ng Simbahan at maiayon ang kanyang paniniwala rito; at

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Sa pamamagitan ng sama-samang pag-aaral ay mas mapapalalim ang pananampalataya ng kalahok.



Ikatlong Yugto

"Pabaon" at Pagkilos

Bago tapusin ang catechism class, mainam na magbigay ng kaunting buod *(summary)* ang katekista sa mga mahahalagang napag-usapan sa kanilang sama-samang pag-aaral. Ito ay upang magkaroon ng pagkakataon ang mga kalahok na mabalikan ang kanilang karanasan habang pinag-aaralan ang mga turo ng Simbahan. Ang buod ay simple lamang: hindi nito kailangang ulitin ang lahat ng napag-usapan, bagkus ay ang mga pinakamahalagang natutuhan ng mga kalahok, o isang (o dalawang) bagay na nakaantig sa kanilang damdamin

Matapos ang buod ay ang “pabaon”: sa ibang kultura sa Pilipinas, mahalaga na bago umalis ang mga bisita sa isang handaan ay mayroon silang maiuuwi bilang “pabaon” sa kanilang pamilya. Ang “pabaon” sa kontekstong ito ay isang aral na tinatanaw ng kalahok na kanyang maibabahagi sa iba; ito rin ay maaaring isang hamon o paanyaya kung paano mas maisasabuhay ng kalahok ang kanyang buhay Kristiyano. Ito ay kinakailangang manggaling sa kalahok matapos mapagnilayan ang kanyang karanasan sa catechism class. Ito ay kanyang ibabahagi sa lahat ng kalahok; maganda na magpakita ng anomang tanda ng pagtangkilik *(approval)* ang lahat ng nakikinig (tulad ng pagpalakpak, o pagsabi ng “Amen”, o iba pang angkop na tanda) bilang pagsang-ayon at pagsuporta sa kalahok. Ang mga ayaw magbahagi ay hindi dapat piliting magbahagi.

Sa ganitong paraan, tinutulungan natin ang ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Ang mga nakatatandang kalahok ay may kakayahang dalhin ang pananampalataya sa kanilang sariling mundong ginagalawan; sila ay mga katuwang sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita. Inihahanda ng katekista ang mga kalahok sa misyong ito.

Ang *catechism class* ay magtatapos sa isang panalanging pangwakas. Ang panalangin ay maaaring simulan ng katekista, ngunit kinakailangang bigyan ng puwang ang mga kalahok na manalangin sa sarili nilang pananalita. Maaaring tapusin ang panalangin sa pamamagitan ng sabayang pagdarasal ng Ama Namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati, o anomang panalangin na naangkop.



Larawan mula sa Diyosesis ng Baguio



Buod at Balangkas

- Ang paglago ng pananampalataya sa buhay ng isang nakatatanda *(adult)* ay isa sa pinakamahalagang misyon ng Simbahan.

- Ang mungkahi ng Simbahan ay maging kaagapay ng mga katekista ang mga nakatatanda upang magkaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa pananampalataya.

- Sa unang yugto (magmasid at magtanong), magandang simulan ang pag-aaral ng katesismo sa isang kumustahan. Mahalagang makilala ng katekista ang mga kalahok upang maintindihan niya ang pinanggagalingan ng bawat isa. Ito ay maaaring gawin ng mga 10 hanggang 15 minuto.

- Sa ikalawang yugto (mag-aral at magpatotoo), ang paksang ilalahad ng katekista ay kailangang simple, may matibay na batayan, at iniuugnay sa ibang aspekto ng pananampalataya. Ang paglalahad ng pananampalataya ay kumikilala sa kakayahan ng mga kalahok, magalang, at mahinahon.

- Ang takbo ng *catechism class* kasama ang mga nakatatanda ay maaaring magsimula sa isang maikling pagpapakilala sa paksa, at susundan ng paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa. Matapos nito, gagabayan ng katekista ang mga kalahok sa isang malayang talakayan. Ang buong ikalawang yugto ay maaaring gawin sa loob ng 45 minuto hanggang isang oras.

- Sa ikatlong yugto (pabaon at pagkilos), magbibigay ng buod *(summary)* ang katekista sa mga mahahalagang napag-usapan sa kanilang sama-samang pag-aaral. Matapos ang buod ay ang “pabaon”, na maaaring isang aral na tinatanaw ng kalahok na kanyang maibabahagi sa iba; o isang hamon o paanyaya kung paano mas maisasabuhay ng kalahok ang kanyang buhay Kristiyano. Ang aral o hamon ay kinakailangang manggaling sa kalahok matapos mapagnilayan ang kanyang karanasan sa catechism class. Ito ay maaaring gawin ng 10 hanggang 15 minuto.

- Huwag kalilimutang manalangin bago tapusin ang *catechism class.*



Larawan mula sa Diyosesis ng Kabankalan



Ikalawang Bahagi:

Mga Modyul para sa Katekista

Kabanata I

Sino ang Diyos?
Ang Banal na Santatlo

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang kahulugan ng Banal na Santatlo;
- Ang katangian at pagpapakilala ng Ama, Anak, at Espiritu Santo;
- Ang Banal na Santatlo ayon sa pagkaunawa ng Simbahan; at
- Ang kahalagahan ng Banal na Santatlo sa buhay Kristiyano.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang sariling pagkakakilala sa Diyos.

- Sino ang Diyos para sa iyo? Paano ka makitungo sa Diyos?

Ipakuwento sa mga kalahok ang kanilang mga karanasan tungkol sa kanilang pakikipag-usap o pakikitungo sa Diyos. Paano sila makitungo sa Diyos? Ano ang kanilang ginagawa upang makitungo sa Diyos? Mayroon ba silang mga natatanging kasalanan kung saan naramdaman nila na sila ay tinulungan ng Diyos?

Bilang paglalagom sa talakayan, tanungin ang mga kalahok sa kahalagahan ng isang malalim na pakikitungo sa Diyos batay sa kanilang karanasan.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Napakahalagang magkaroon ng tamang paniniwala ang tao tungkol sa Diyos; ang maling paniniwala sa Diyos ay maghahatid ng maling pakikitungo sa Kanya. Sa maraming pagkakataon ay sinubukan ng tao na kilalanin ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang

sariling pagsisikap at pag-iisip. Ito ay nagbunga sa iba't ibang relihiyon, kung saan bawat isa ay may sariling pagkakakilala sa kung sino at ano ang Diyos.

- Para sa mga Kristiyano, ang Banal na Santatlo ay ang paniniwala tungkol sa kung sino at ano ang Diyos batay sa Kanyang sariling pagpapakilala. Ito ay tinatawag na *Holy Trinity* sa wikang Ingles. Ayon sa paniniwalang ito, mayroong iisang Diyos sa Tatlong Persona: Ama, Anak, at Espiritu Santo. Itong paniniwalang ito, na makikita sa "Sumasampalataya" *(Creed)*, ay ang sentro ng pananampalatayang Kristiyano.

- Hindi mauunawaan ng tao sa pamamagitan ng sariling pag iisip niya ang misteryo ng Banal na Santatlo; ang Diyos lamang ang maaaring magpakilala sa kanyang sarili bilang Santatlo *(Trinity)*: iisang Diyos sa Tatlong Persona ng Ama, Anak at Espiritu Santo (Katesismo ng Iglesia Katolika, 261).

- Ang Diyos Ama ay ang Unang Persona ng Santatlo. Siya ay ipinapakilala bilang Tagapaglikha *(Creator)*: ang Ama ang pinagmumulan ng lahat ng bagay at biyaya, na una niyang ipinakita sa pamamagitan ng kanyang paglikha ng lahat ng buhay. Ayon sa aklat ng *Genesis*, ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay - ang tao, hayop, halaman, araw, buwan, at mga bituin sa langit.



- Ipinakilala ng Diyos ang kanyang sarili sa Bayang Israel bilang isang ama na gumagabay sa kanila patungo sa Lupang Pangako. Ngunit sa natatanging paraan, ipinakilala niya ang kanyang pagka-Ama sa lahat ng tao sa pamamagitan ni Jesus, ang bugtong na Anak ng Ama. “Purihin ang Diyos at Ama ni Jesucristong Panginoon natin! Ama siya ng Awa at Diyos ng lahat ng kaaliwan” (2 Corinto 1:3).

- Ang Diyos Anak, ang Ikalawang Persona ng Banal sa Santatlo, ay kinikilalang Manunubos o Tagapagligtas *(Redeemer)*, at nagkatawang-tao sa katauhan ng ating Panginoong Jesukristo. Ang Ikalawang Persona ng Santatlo ay tunay na Diyos at tunay na Tao, at ang tagapamagitan *(mediator)* ng tao sa Diyos Ama. Itinuro ni Jesus sa mga tao ang daan ng pakikipagkasundo *(reconciliation)*, ang daang pabalik sa Diyos. Ipinakilala ni Jesus ang bagong paraan ng pakikipag-ugnay sa Diyos: hindi isang malayong panginoon, kundi isang Ama.

- Ang Espiritu Santo ang Ikatlong Persona ng Banal na Santatlo. Isinugo ang Espiritu Santo ng Ama sa pangalan ng ating Panginoong Jesukristo upang maging Tagapagpabanal *(Sanctifier)* ng mga tagasunod ni Kristo.

- "At hihingin ko sa Ama at ibibgay niya sa inyo ang bagong Tagapangtanggap; upang makasama ninyo magpakailanman, ang Espiritu ng katotohanan…” (Juan 14:16-17a). Sa pamamagitan ng Sakramoento ng Binyag at Kumpil ay pinupuspos ng Espiritu Santo ang isang Kristiyano, upang magampanan niya ang misyon na ibinigay ni Jesus sa kanyang mga alagad na ipangalat ang Mabuting Balita. Ang Espiritu Santo ang nagtuturo sa atin ng tamang daan patungo sa Diyos.

- Ang pag-unawa ng Simbahan sa dakilang misteryo ng Banal na Santatlo ay lumawig at lumalim nang ideklara ito nang pormal sa pulong sa *Nicea* (325 CE) at *Constantinople* (381 CE). Ito ay kilala natin ngayon na *Nicene Creed*, na ipinapahayag sa Misa kapag araw ng Linggo. Ito ang naghahayag ng tamang pananampalataya tungkol sa Banal na Santatlo. Nakasaad sa *Nicene Creed* ang mga sumusunod tungkol sa tatlong Persona ng iisang Diyos:

    - Sumasampalataya ako sa isang Diyos, **Amang makapangyarihan sa lahat**, na may gawa ng langit at lupa, ng lahat ng nakikita at di nakikita.

    - Sumasampalataya ako sa **iisang Panginoong Jesukristo**, Bugtong na Anak ng Diyos, sumilang sa Ama bago pa man nagkapanahon. Diyos buhat sa Diyos, liwanag buhat sa liwanag, Diyos na totoo buhat sa Diyos na totoo. Sumilang at hindi ginawa, kaisa ng Ama sa pagka-Diyos, at sa pamamagitan niya ay ginawa ang lahat.

    - Sumasampalataya ako sa **Espiritu Santo**, Panginoon at nagbibigay-buhay na nanggagaling sa Ama at sa Anak. Sinasamba siya at pinararangalan kaisa ng Ama at ng Anak. Nagsalita siya sa pamamagitan ng mga propeta.

- Sa kasaysayan ay itinaguyod ng mga santo at santa ang paniniwalang ito sa kanilang pangangaral. Si San Agustin, Obispo ng Hippo (ngayon ay nasa *Africa*) at dakilang pantas ng Simbahan noong ikaapat na siglo, ay nagpaliwanag ng tamang pag-unawa tungkol sa Tatlong Persona sa iisang Diyos. Ayon sa kanyang pagpapaliwanag, ang Ama, Anak at Espiritu Santo ay



Larawan mula sa Military Ordinariate

pantay-pantay sa iisang pagka-Diyos; kaya mayroon lamang iisang Diyos at hindi tatlo. Ito rin ang kinasihan ng mga santo at santa pagkatapos niya.

- Noong ikalabindalawang siglo, nang pumunta si San Francisco ng Assisi sa Ehipto upang makipag-areglo para sa kapayapaan sa pagitan ng mga Kristiyano at Muslim, ipinahayag niya sa harap nang Sultan ng Ehipto, na isang Muslim, ang paniniwala ng mga Kristiyano tungkol sa Banal na Santatlo, at tungkol kay Jesukristo, na tunay na Diyos at tunay na Tao. Nabilib sa kanya ng lubha ang Sultan, at bilang pagkilala sa kanyang pananampalataya ay pinahintulutan ang kanyang mga tagasunod (mga pari at hermanong Franciscano) na mamalagi sa mga simbahang Katoliko sa Jerusalem upang pangalagaan ang mga ito.

- Katulad ng mga santo at santa ng ating Simbahan, ang bawat Kristiyano ay tinatawag sa malalim na pakikipag-ugnayan sa Diyos bilang Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ang tugon sa misteryo ng Banal na Santatlo ay pananampalataya *(faith)* at pag-asa *(hope)*, na yumayabong patungong pagmamahal *(love)*. Ang tatlong ito ay biyayang galing sa Diyos *(from God)* at itinutuon natin sa Diyos *(toward God).*

- Ang bawat Kristiyano ay inaanyayahang makibahagi sa kaibuturang-buhay *(inner life)* ng Diyos bilang Tagapaglikha (Ama), Tagapagligtas (Anak), at Tagapagpabanal (Espiritu Santo). Bilang mga Kristiyano ay sinasamba natin ang isang Diyos sa tatlong Persona; ito lamang ang ating sinasamba at wala nang iba.

- Ang pagtanggi o pagdududa sa Kanyang pagpapakilala, at ang pagsamba sa diyos-diyosan sa anomang anyo ay laban sa unang utos. Gayundin ang paggamit sa pangalan ng Diyos nang walang pakundangan o paggalang; ito naman ay taliwas sa ikalawang utos. Ang ating pagsisimba sa araw ng Linggo ay pagsamba sa Diyos ayon sa Kanyang iniutos na pabanalin ang Araw ng Pamamahinga; ang hindi pagsisimba nang walang sapat na dahilan sa araw ng Linggo ay pagsalansang sa ikatlong utos.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Kung mapapansin, ang lahat ng panalangin sa ating Simbahan ay laging nakatuon sa Banal na Santatlo: ang Diyos Ama ang pinatutungkulan ng lahat ng panalangin, sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesukristo, at sa pakikipagkaisa ng Espiritu Santo. Ang manalangin sa Banal na Santatlo ay ang pinakabuo at pinakamalalim na pagpapahayag ng pananampalataya sa misteryong ito.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Ang Banal sa Santatlo ay isang misteryo ng pananampalataya, at minsan ay hindi natin ito lubusang nauunawaan.

Ito ang ilang mga maling paniniwala tungkol sa Banal na Santatlo na kailangan nating itama:

- Hindi "pinaghahatian" ng tatlong Persona ang pagka-Diyos. Ang bawat isang Persona ay tunay at ganap na Diyos. Ngunit hindi tatlo ang Diyos, ngunit iisa lamang.

- Ang Ama ay hindi ang Anak; ang Anak ay hindi ang Espiritu Santo; at ang Espiritu Santo ay hindi ang Ama. Sila ay magkakaibang Persona. Ngunit iisa lamang ang Diyos, at hindi tatlo. Ang Ama ay hindi ang ipinako sa krus at namatay para sa kasalanan ng mga tao; ito ay ang Diyos Anak, ang ating Panginoong Jesukristo.

- Ang pagsasalarawan sa Ama bilang isang matandang lalaki ay isang representasyon lamang; walang katawang-tao ang Diyos Ama. Ang Ikalawang Persona lamang ang nagkatawang-tao at may wangis at anyo ng isang tao sa katauhan ng ating Panginoong Jesukristo. Ang Espiritu Santo ay kadalasang isinasalarawan bilang isang kalapati, na kanyang anyo noong bininyagan ang Panginoong Jesukristo ni San Juan Bautista sa Ilog Jordan (tingnan ang Mateo 3:16). Samakatuwid, ang Diyos Ama at Espiritu Santo ay walang katawang katulad ng Panginoong Jesukristo.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Sa tuwing gagawin natin ang “Tanda ng Krus” *(Sign of the Cross)* upang simulan at tapusin ang anomang panalangin, ipinapahayag natin ang ating pananampalataya sa Banal na Santatlo. Ipagpatuloy natin ang gawaing ito, at gawin ang Tanda ng Krus nang mas madalas at mas mataimtim.



Ikatlong Yugto

“Pabaon” at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Sa una, mapapaisip talaga tayo: paano nangyari na ang Diyos ay iisa *(one)* ngunit hindi Siya nag-iisa *(alone)*? Ang misteryo ng Banal na Santatlo ay nagpapakita ng ganap at perpektong pagkakaisa ng tatlong Persona. Sa ganitong pananaw, ano ang pinakamatibay na patunay ng Banal na Santatlo? Ito ay ang pagpapakita ng pagkakaisa sa ating pamilya, simbahan at pamayanan bagama’t tayo ay iba-iba. Ang pagkakaisa ng Simbahan ay ang salamin *(mirror)* na nagpapakita ng pagkakaisa ng Tatlong Persona. Sikapin natin na panatilihin ang pagkakaisa ng ating mga pamayanang Kristiyano.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang “babaunin” mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa kung sino at ano ang Diyos, o naitamang maling paniniwala tungkol sa aral tungkol sa

Banal na Santatlo, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin.

Matapos nito ay tanuning ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang “baon”. Ano ang hamon ng aral ng Banal na Santatlo para sa kanila? Paano maisasabuhay ang pagkakaisa ng Ama, Anak, at Espiritu Santo sa kanilang sariling buhay?

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Dasalin ang “Luwalhati” bilang pagbibigay-pugay sa Banal na Santatlo.



Larawan mula sa Arkidiyosesis ng Palo

Kabanata II

Sino si Jesus?
Ang Pagkakatawang-Tao ng Anak ng Diyos



Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang kahulugan ng Pagkakatawang-Tao *(Incarnation)* ng Diyos Anak sa katauhan ng ating Panginoong Jesukristo;
- Ang mga pangyayari patungkol sa kapanganakan ng Panginoong Jesukristo bilang tao;
- Ang kahalagahan ng pagdiriwang ng Pasko ng Pagsilang sa ating Simbahan; at
- Ang kahalagahan ng misteryo ng Pagkakatawang-Tao sa ating pananampalatayang Kristiyano.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang pinakanatatandaang birthday party.

- Ano ang pinakanaaalala *(most memorable)* mong birthday?

Puwedeng ito ay ang sarili nilang kaarawan, o ang kaarawan ng isang mahal nila sa buhay. Ipakuwento sa kanila ang kanilang karanasan habang ipinagdiriwang ang kaarawang ito, at ano ang kanilang mga naramdaman.

Bilang paglalagom sa bahaginan, tanngin ang mga kalahok tungkol sa kahalagahan ng mga ganitong uri ng mga pagdiriwang o selebrasyon sa pamilya at mga kaibigan.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Ang Pagkakatawang-Tao *(Incarnation)* ay ang paniniwala na ang Diyos ay pumasok sa kasaysayan ng tao upang iligtas tayo sa kasalanan sa pamamagitan ng pag-akó ng Diyos Anak, ang Ikalawang Persona ng Banal na Santatlo, ng ating pagkatao. Ito ay naganap sa katauhan ng ating Pangingoong Jesukristo.

- Ipinangako ng Diyos na Siya mismo ang magiging Tagapagligtas ng tao sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan. Ayon sa aklat ni Propeta Isaias, ang kanyang pangalan ay Emmanu-el, na ibig sabihin ay "nasa atin ang Diyos" (Isaias 7:14). Sa Ebanghelyo ayon kay San Juan ay mababasa natin na ang Salita *(Verbo)* ay nagkatawang-tao (Juan 1:14). Ayon sa kalooban ng Ama at sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang Diyos Anak ay ipinaglihi at ipinanganak ni Santa Maria, at namuhay bilang isang tunay na tao.

- Ang pangalan naman na ibinigay ng Kanyang mga magulang sa Kanya, ang Ye-shua o Jesus, ay nangangahulugang, "Nagliligtas ang Diyos".

- Ang mga ebanghelyo ayon kay San Mateo at San Lucas ang naglalahad sa atin ng mga pangyayari patungkol sa kapanganakan ni Jesus. Ang Panginoong Jesus ay ipinanganak sa *Bethlehem*, ang lungsod ni Haring David, noong "si Quirino ang gobernador ng Syria" (Lucas 2:2). Siya ay ipinanganak sa sabsaban sapagkat walang nagpatuloy kina Santa Maria at San Jose sa kanilang bahay (Lucas 2:7). Pagkasilang niya ay nakakita ng isang pangitain sa langit ang mga pastol ng mga anghel na nagkakantahan (Lucas 2:13-14). May lumitaw na isang bituin sa silangan, at ito ay nagbunsod ng pagbisita ng tatlong pantas (mga Magi) upang maghandog ng ginto, mira, at insenso (Mateo 2:11). Ito ay pinapalagay ng mga eksperto na naganap ng mga bandang taong 4 BCE.

- Laging naitatanong tuwing sasapit ang Pasko kung paano nalaman ang eksaktong araw ng kapanganakan ni Jesus. Ang sagot ay hindi natin talaga alam. Bagama't nakasulat sa Biblia ang tungkol sa kapanganakan ni Jesus, hindi nakalagay ang eksaktong petsa kung kailan ito nangyari. Ang

pagdiriwang ng kapanganakan ni Jesus ng Disyembre 25 ay isang tradisyong ipinasa sa atin ng Simbahan: noong mga ikatlong dantaon, sinimulang ipagdiwang sa Roma ang Misa para sa kapanganakan ni Jesus sa petsang ito, at ito ay lumaganap sa buong Simbahan nang maglaon.

- Ang kapanganakan ni Jesus ay ang katuparan ng pangako ng Diyos na iligtas ang tao mula sa kasalanan. Ang pangakong ito ay ang Diyos mismo ang magliligtas sa tao sa kasalanan.

- Kaya ang ating Panginoong Jesukristo, ang bugtong na Anak ng Diyos, ang ikalawang Persona ng Banal na Santatlo, ay hindi lamang isang anghel, o isang kagila-gilalas o dakilang tao. Siya ay totoong Diyos at taong totoo. Ayon kay San Pablo Apostol, ito ay pagpapakita ng kababang-loob ng Anak ng Diyos, na “sinaid…ang sarili sa pag-aanyo ng isang alipin at sa pagiging tulad ng mga tao” (Filipos 2:7).



Larawan mula sa Apostolic Vicariate ng Jolo

- Bagama't magkaibang misteryo, malaki ang kaugnayan ng Pagkakatawang-Tao *(Incarnation)* ng Diyos at kanyang pagtubos *(redemption)* sa tao mula sa mga kasalanan. Ang Pagkakatawang-tao ay ang Kanyang paraan upan iligtas ang tao sa kasalanan: sa pamamagitan ng pag-akó sa ating pagkatao, ginawang banal ng ating Panginoong Jesukristo ang lahat ng aspekto at bahagi ng ating pagkatao. Sa pamamagitan ng pagyakap sa ating pagkatao (kasama ang lahat ng ating kahinaan, at maging ang kamatayan), pinutol Niya ang pag-iral ng kasalanan sa buhay natin, at ginawa tayong kalugod-lugod sa harap ng Diyos, at karapat-dapat sa buhay na walang hanggan.

- Ang pagtugon na hinihingi ng misteryo ng Pagkakatawang tao ng Anak ng Diyos sa atin ay kababaang-loob *(humility)*. Sa pagiging tao, ibinaba ng Diyos ang Kanyang sarili upang abutin ang tao. Walang duda, ang espiritu at diwa ng kababaang-loob ay galing sa Diyos; sa kabilang banda, ang pagiging palalo, mapagmataas, at mayabang, ay wala sa diwa ng Diyos, at hindi galing sa Kanya.



- Gayundin naman, kung ang Pagkakatawang-tao ay ang pagbaba ng Diyos sa antas ng tao, ito rin ay nangangahulugang pagtaas ng kalagayan ng tao. Ayon kay Santo Tomas Aquino, isang pantas ng Simbahan, ang Pagkakatawang-tao ng Diyos ay nangangahulugan din ng pag-angat ng dignidad ng tao.

- Kaya naman, tinatawag ang mga Kristiyano na yakapin, pahalagahan, at galangin ang kanilang sariling pagkatao, at ang pagkatao ng lahat ng tao. Kilalang-kilala ng Diyos ang ating pagkatao sapagkat Siya ay naging tao.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Napakahalagang misteryo ng pananampalataya ang Pagkakatawang-Tao ng Anak ng Diyos sapagkat ito ang nagpapakita ng pagdamay ng Diyos sa kalagayan ng tao. Hindi na kailanman masasabi na “hindi naiintindihan ng Diyos” ang pinagdaraanan ng tao sapagkat niyakap Niya ang kabuuan ng ating pagkatao. Sa pagpapakumbaba ng Diyos nang siya’y magkatawang-tao, itinaas Niya ang dignidad ng tao. Kung niyakap ng Diyos ang pagkatao ko, mahalaga ito. Alagaan ang sarili, at alagaan din ang iba. Ipagtanggol ang mga taong niyuyurakan ang pagkatao, tulad ng mahihirap, mga walang habas na pinapaslang, at ang mga kinakalimutan ng lipunan.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Ang ating Panginoong Jesukristo ay tunay na Diyos at tunay na tao. Ang hindi nanininiwala sa katotohanang ito ay may maling pagkaunawa at pagkilala sa misyon ng Anak ng Diyos para sa ating kaligtasan. May mga ibang grupong Kristiyano na naniniwala na si Jesus ay hindi Diyos (tulad ng Iglesia ni Cristo). Ito ay aral na kinondena ng ating Simbahan bilang maling pag-unawa sa identidad at misyon ng Panginoong Jesukristo para sa ating kaligtasan.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Kung mayroon na tayong mga debosyon na pinaparangalan ang iba't ibang aspekto ng pagkatao ng ating Panginoong Jesukristo (Mahal na Puso, Debosyon sa Kanyang mga Sugat, sa Kanyang Mukha, at iba pa), ipagpatuloy natin ito. Ang bawat aspekto ng Kanyang pagkatao ay mainam nating pagnilayan at isabuhay.



Ikatlong Yugto
"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Ipinanganak ang Panginoong Jesukristo sa isang sabsaban para sa mga hayop. Ipinapakita nito na



Larawan mula sa Arkidiyosesis ng Cagayan de Oro

kusa Niyang pinili na makiisa sa mga simpleng tao at mga mahihirap. Huwag nating kalimutan ang mga mahihirap. Sinabi ni San Vicente de Paul na ang anomang kawang-gawa para sa mahihirap ay ginagawa natin para sa Diyos. Kapag mayroon tayong pagkakataong makatulong sa mahihirap ay gawin natin.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa Pagkakatawang-Tao ng Diyos, o naitamang maling paniniwala tungkol sa kung sino ang ating Panginoong Jesukristo, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang "baon".

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin.

Kabanata III

Sino ang aking Ina?
Ang Mahal na Birheng Maria



Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang turo at aral ng Simbahan tungkol kay Santa Maria, ang kanyang gampanin sa kaligtasan ng tao mula sa kasalanan;
- Ang apat na dakilang turo at aral ng Simbahan tungkol kay Santa Maria:
    - Ina ng Diyos *(Mother of God)*
    - Pananatiling Birhen *(ever-Virgin)*
    - Paglilihi ng Walang Bahid ng Kasalanan *(Immaculate Conception)*
    - Pag-aakyat sa Langit *(Assumption into Heaven)*; at
- Ang paggalang at debosyon na ibinibigay sa kanya bilang Ina ng lahat ng mga Kristiyano.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang ina, o maaari ding tungkol sa kanila bilang isang ina (kung may mga kalahok na may anak).

- Ano ang iyong pagkakakilala sa iyong nanay o ina?
- Paano mo ilalarawan ang pagiging isang ina?

Magpakuwento sa mga kalahok tungkol sa kanilang karanasan tungkol sa kanilang mga ina, o kung paano nila isinasabuhay ang pagiging isang ina.

Bilang paglalagom, maaaring tanungin ang mga kalahok tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng isang ina sa buhay ng tao.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Magandang isipin muna natin kung ano ang kalagayan ni Santa Maria bago ilapit sa kanya ang kanyang gampanin sa plano ng Diyos. Batay sa mababasa natin sa ebanghelyo, si Santa Maria ay hindi mayaman, at hindi rin mataas ang kanyang katayuan sa lipunan. Siya ay isang simpleng babae, isang batang dalaga na namuhay sa Israel noong

dalawang libong taon na ang nakakaraan. Mahalagang makita ito, sapagkat kapag nakikita natin ang ibang mga imahen ni Santa Maria sa ating mga simbahan na nakasuot ng marangya at mamahaling damit at pinaliligiran ng bulaklak, baka maisip natin na siya ay isang *"alta sociedad"* na babae. Tandaan natin, si Santa Maria ay isang simple at payak na babae.

- Ang pakikisangkot ni Santa Maria sa plano ng Diyos para sa kaligtasan ng tao ay mababasa natin sa ebanghelyo ayon kay San Lucas (1: 26-38). Ito ang kuwento ng pagdalaw ni Anghel Gabriel kay Santa Maria upang ipaalam sa kanya na siya ang magiging ina ni Jesus, ang Anak ng Diyos. Matapos marinig ang paliwanag ng anghel, tumalima si Santa Maria sa plano ng Diyos, "Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi," (Lucas 1:38) ang kanyang binitawang salita sa anghel. Ang kuwentong ito rin ang laman ng panalanging Angelus, na nakasanayan nating dasalin tuwing ikaanim ng umaga, ikalabindalawa ng tanghali, at ikaanim ng gabi.

- Sa kasaysayan ng ating Simbahan ay mayroong apat na dakilang katotohanan tungkol kay Santa Maria na ating sinasampalatayanan:

    - **Si Santa Maria ay Ina ng Diyos (Mother of God).** Sa "Aba Ginoong Maria" ay dumadalangin tayo kay Maria bilang "Ina ng Diyos". Ang turong ito ay ipinahayag sa Pangkalahatang Konsilyo *(Ecumenical Council)* ng Efeso (431 CE), kung saan ipinagtibay ng Simbahan ang paniniwalang si Jesus ay tunay na Diyos at tunay na tao. Ang Mahal na Birheng Maria ay Ina ni Jesus na Diyos at tao, kaya minarapat siyang tawaging *"Theotokos"* sa

Larawan mula sa Diyosesis ng Urdaneta



wikang Griyego (na ang ibig sabihin ay "Nagsilang sa Diyos", o Ina ng Diyos). Kinondena ng Simbahan ang paniniwala ni Patriarka Nestorio ng *Constantinople* na si Maria ay ina ng taong Jesus lamang, samantalang ang Anak ng Diyos ay walang ina. Ayon sa turo at aral ng Simbahan, si Jesus ay iisa; hindi magkahiwalay ang "taong Jesus" at ang "Anak ng Diyos na si Jesus", kaya si Maria ang ina ng buong Jesus, na tao at Diyos.

- **Si Santa Maria ay nanatiling Birhen (ever-Virgin).** Sa Sumasampalataya *(Creed)* ay sinasabi nating ipinanganak ang Panginoong Jesukristo "ni Santa Mariang Birhen". Dalawa ang nais ituro ng Simbahan tungkol dito. Una ay dakilang paniniwala na ang pagkakalalang sa Panginoong Jesukristo ay sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na walang tulong ng sinomang tao. Kaya si Santa Maria ay naglihi nang hindi sa pamamagitan ng sinomang lalaki, ngunit sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ito ay tinatawag nating *Virgin Birth* (Kalinis-linisang Paglilihi sa Panginoong Jesukristo).

- Ang ikalawa ay nanatiling birhen si Maria matapos niyang ipanganak ang ating Panginoong Jesukristo, at Siya lamang ang kanyang kaisa-isang Anak. Ipinapaliwanag ng Simbahan na ang mga binabanggit na mga "kapatid ni Jesus" sa Ebanghelyo ay hindi niya mga kapatid kay Santa Maria, ngunit kanyang mga kamag anak. Ang turo ng Simbahan ay nanatiling birhen si Santa Maria bago at pagkatapos niyang ipanganak ang ating Panginoong Jesukristo.

- **Si Santa Maria ay ipinaglihing walang bahid ng kasalanan (Immaculate Conception).** Ayon sa turo ng Simbahan, si Santa Maria, mula sa kanyang pagkakalihi sa sinapupunan ng kanyang ina, ay iniadya ng Diyos na mabahiran ng anomang bahid *(stain)* ng kasalanan. Ito ay bilang paghahanda para sa kanyang gagampanang tungkulin bilang Ina ng ating Panginoong Jesukristo, ang Anak ng Diyos.

  Sa pagbati ni Anghel Gabriel kay Santa Maria ay binanggit niyang siya ay "puspos ng grasya" (Lucas 1:28; kecharitomene sa wikang Griyego; gratia plena sa wikang *Latin*), na bukod-tanging kay Santa Maria lamang ipinahayag. Kaya



naman, mula pa noong simula ng kasaysayan ng Simbahan ay tinatanghal na si Maria bilang "Puspos ng Kabanalan" (*All-Holy* o Pan-agia sa wikang Griyego). Ang paniniwala sa Walang Bahid-Dungis na Paglilihi kay Santa Maria *(Immaculate Conception)* ay ipinahayag ni Papa Pio IX bilang isang dogma ng pananampalataya noong ika-8 ng Disyembre 1854.

- **Si Santa Maria ay iniakyat sa langit (Assumed into heaven)**. Ayon sa turo ng Simbahan, matapos ang buhay ni Santa Maria sa lupa ay iniakyat ang kanyang katawan at kaluluwa sa kaluwalhatian ng langit, sa pamamagitan ng natatanging biyaya ng Diyos. Mula pa noong simula ay naniniwala na ang Simbahan na si Santa Maria ay hindi namatay. Sa Simbahan sa Silangan *(Eastern Church)* ay ipinagdiriwang ng kanyang Pag-idlip *(Dormition)*, habang sa Kanluran *(Western Church)* naman ay ipinagdiriwang ang kanyang Pag-aakyat sa langit *(Assumption into heaven)*. Ang paniniwala sa Pag-aakyat sa Langit kay Santa Maria ay ipinahayag ni Papa Pio XII bilang isang dogma ng pananampalataya noong ika-1 ng Nobyembre 1950.

- Bago mamatay ang ating Panginoong Jesukristo sa krus, inihabilin Niya si Santa Maria, ang Kanyang ina, sa pangangalaga ni San Juan Evangelista: "Babae, narito ang iyong anak," at "Narito ang iyong ina" (Juan 19: 26-27). Ayon sa turo ng Simbahan, si San Juan ang kumakatawan sa lahat ng mananampalataya, kaya si Santa Maria ay ibinigay ng ating Panginoong Jesukristo sa ating lahat upang maging ina. Kaya naman tinatagurian natin si Santa Maria na "Ina ng Simbahan" *(Mother of the Church).*

- Bilang pagkilala sa natatanging gampanin ni Santa Maria bilang Ina ng ating Panginoong Jesukristo, iginagawad ng Simbahan sa kanya ang pinakamataas na uri ng parangal at pamimintuho na tinatawag na hyperdulia. Ito ay mas mataas sa parangal na ibinibigay sa mga santo at santa *(dulia)*. Ito ang dahilan kung bakit maraming debosyon ang nagpaparangal kay Santa Maria: ang pagdarasal ng Santo Rosaryo, ang pagsusuot ng iskapularyo *(scapular)* ng Birhen ng Carmel, at ang pagsusuot ng Medalya Milagrosa ay ang ilang halimbawa nito. Ang mga ito ay itinataguyod ng Simbahan bilang pagkilala sa kadakilaan ni Santa Maria.

- Nang mga panahong ito ay may mga kinikilalang aparisyon si Santa Maria sa iba't ibang panig ng mundo: halimbawa ay sa *Lourdes* (Pransya), sa *Rue du Bac* (Pransya), at *Fatima* (Portugal). Ito ay kinilatis ng Simbahan at inapbrubahan matapos ang isang masusing imbestigasyon. Sa mga aparisyong ito ay nagpapaalala si Santa Maria na ang mga Kristiyano ay kinakailangang mamuhay ng ayon sa kalooban ng Diyos, humingi ng tawad sa kasalanan, at manalangin nang taimtim. Ito ay tinatawag nating mga pribadong pagpapahayag *(private revelations),* na iba sa publikong pagpapahayag *(public revelation)* ng Ebanghelyo ng ating Panginoong Jesukristo at mga apostol sa pamamagitan ng Simbahan. Hindi katulad ng publikong pagpapahayag na kinakailangang sampalatayanan para sa kaligtasan, ang mga mananampalataya ay hindi inoobligang maniwala sa mga pribadong pagpapahayag sapagkat ang mensahe sa mga ito ay makikita na sa publikong pagpapahayag na ating tinatanggap sa pamamagitan ng Simbahan.

- Napakarami nating mapupulot na aral mula sa buhay ni Santa Maria. Siya ang unang disipulo *(first disciple)* ng ating Panginoong Jesukristo; kanya nang isinabuhay ang turo at aral ng kanyang Anak bago pa niya ito marinig. Lahat tayo ay hinihikayat na tularan ang kanyang pagiging masunurin *(obedience)* sa kalooban ng Diyos. Ang pagsunod sa kalooban ng Diyos, tulad ng ipinakita sa atin ni Santa Maria, ay hindi isang bulag na pananampalataya *(blind faith)*, ngunit isang malayang pagpapasya. Binigyan tayo ng Diyos ng kalayaan ng pag-iisip *(free will)* upang makapagpasyang sundin ang Kanyang kalooban. Katulad ni Santa Maria, ang ating kalayaan ng pag-iisip *(free will)* ay mauuwi lamang sa tunay na kalayaan *(true freedom)* kung susundin natin ang kalooban ng Diyos, na siyang pinakamabuti para sa atin.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:



Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Ang gampanin ni Santa Maria para sa kaligtasan ng tao mula sa kasalanan ay napakadakila at napakahalaga. Kinikilala natin ito kaya binibigyan natin ng parangal si Santa Maria sa kanyang katapatan sa pagtupad ng kalooban ng Diyos. Binabanggit ang pangalan ni Santa Maria sa lahat ng Misa, hinihingi natin ang kanyang tulong sa pamamagitan ng pananalangin sa kanya, at sinisikap nating tularan ang kanyang halimbawa.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Ang tunay na paggalang kay Santa Maria ay hindi kailanman nakakabawas sa pagsambang ating ibinibigay sa Diyos. Si Maria ay ating binibigyan ng pinakamataas na antas ng paggalang *(hyperdulia)*; ngunit malinaw na hindi natin siya sinasamba. Ang pagsamba *(latria* sa wikang Griyego) ay sa Diyos lamang ibinibigay. Ang paratang na "sinasamba ng mga Katoliko si Santa Maria" ay madalas naririnig natin mula ibang Kristiyanong hindi Katoliko. Sa kanilang paniniwala ay hindi tamang lumapit kay Santa Maria sapagkat ito ay nakakabawas sa karangalan ng ating Panginoong Jesukristo. Ito ay hindi natin tinatanggap: sa katunayan, ang Panginoong Jesukristo mismo ang nagbigay ng Kanyang ina upang maging ina natin, upang tulungan tayo sa pagiging mabuting tagasunod Niya.



Larawan mula sa Diyosesis ng Borongan



Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Itinataguyod ng Simbahan ang iba't bang uri ng debosyon upang maipakita natin ang ating paggalang kay Santa Maria. Kung mayroon tayong isang uri ng debosyon (pagdarasal ng Santo Rosaryo, pagsusuot ng medalyang may larawan ni Santa Maria, at iba pa) ay ipagpatuloy natin ang pagsasagawa nito. Ang tunay na debosyon kay Santa Maria ay laging nag-aakay sa atin palapit sa ating Panginoong Jeskuristo.

Ikatlong Yugto

"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan. Maaaring isama sa buod ang pagpapakilala kay Santa Maria sa Biblia, ang apat na paniniwala ng ating Simbahan tungkol kay Santa Maria, at ang paggalang na ibinibigay natin sa kanya bilang ating Ina.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Magandang hikayatin ang ating mga kapamilya at kasamahan sa paaralan o trabaho na mahalin si Santa Maria at galangin siya sa mga paraang itinataguyod ng Simbahan. Ang unang paraan ay sumunod sa kanyang halimbawa ng pagiging tapat sa pagsunod sa kalooban ng Diyos. Ikalawa ay ang ipangalat ang pagmamahal at debosyon sa kanya bilang ating Ina huwaran, at alalay sa pagiging isang Kristiyano. Mainam na magtago ng ilang piraso ng Medalya Milagrosa *(Miraculous Medal)* o anomang larawan niya na maaaring ipamigay sa ating mga kaibigan at kasamahan, lalo na sa mga pagkakataong kailangan nila ng paalala tungkol sa pag-aaruga ng ating Inang si Santa Maria.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol kay Santa Maria, o naitamang maling paniniwala tungkol sa kanya o sa paggalang na ating ibinibigay sa kanya, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin tungkol sa kung paano sila tinulungan ni Santa Maria sa kanilang mga pagsubok sa buhay.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang “baon”.

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin sa Panginoong Jesukristo na nagpapasalamat para sa biyaya na makilala si Santa Maria. Tapusin ang panalangin sa “Aba Ginoong Maria”.

Larawan mula sa Diyosesis ng Boac



Kabanata IV

Para Saan ang Simbahan?

Ang Simbahang Katoliko

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang Simbahan at ang gampanin nito sa kaligtasan ng tao;
- Ang lugar ng Simbahan sa plano ng Diyos mula sa Lumang Tipan papunta sa Bagong Tipan;
- Ang pagkakatatag sa Simbahan ng ating Panginoong Jesukristo nang Siya ay nabubuhay pa sa lupa;
- Ang apat na marka ng tunay na Simbahan na itinatag ng ating Panginoong Jesukristo; at
- Ang kahalagahan ng pag-anib at pananatili sa loob ng Simbahan.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa mga iba't ibang organisasyon na kanilang sinalihan. Ito ay maaaring organisasyong pangsimbahan sa parokya, sa kanilang paaralan, o sa kanilang propesyon, kahit saan.

- Ano ang inyong mga karanasan bilang miyembro o kasapi ng isang organisasyon sa inyong parokya/ paaralan/propesyon?

Magpakuwento sa mga kalahok ng kanilang mga gawain sa organisasyon, mga ibang miyembrong kanilang nakilala, at mga natatanging pagkilala ng kanilang organisasyon, kung saan ito naging kilala sa iba.

Bilang paglalagom, maaaring tanungin ang mga kalahok kung ano, sa kanilang palagay, ang kahalagahan ng pagsali sa mga organisasyon para sa isang tao.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Tulad ng mga organisasyon o pangkat na sinasalihan ng mga tao, ang Simbahan ay isa ring organisasyon. Ito ay may pamunuan (mga lider) at mga kasapi. Ito rin ay may mga tuntunin, at ang bawat kasapi ay

inaasahang sumunod sa mga tuntunin nito. Ito rin ay may mga layunin *(goals)* na pinagsisikapang maabot ng mga kasapi. Ngunit ang Simbahan ay hindi lamang basta isang organisasyong katulad ng iba – naiiba ito dahil ang tagapagtatag nito ay hindi lamang kahit sinong tao, kundi ang ating Panginoong Jesukristo.

- Ang pinakadirektang karanasan ng karamihan sa atin ng Simbahan ay ang parokya, kung saan tayo ay nagsisimba tuwing Linggo at iba pang piyesta, at nagsasagawa ng mga gawain para sa mahihirap *(acts of charity)*, at para sa pagpapakalat ng Salita ng Diyos *(evangelization)*. Ang parokya ay bahagi ng mas malaking kalipunan, ang lokal na Simbahan (*local Church o diocese)*, na pinangangasiwaan ng isang obispo. Ang iba't ibang mga simbahang lokal naman ay nabibigkis sa pagkakaisa sa pamumuno ng Santo Papa sa Roma. Ang kalipunan ng lahat ng mga simbahang lokal sa ilalim ng pamumuno ng Santo Papa at mga obispo ay ang buong Simbahan, na tinatawag nating "Simbahang Katoliko" *(Catholic Church o Universal Church)*.

- Ang Simbahan ay isang kalipunan ng mga taong tinawag upang sumampalataya sa Panginoong Jesukristo (ekklesia sa wikang Griyego; iglesia sa Espanyol; at simbahan sa Filipino). Ang Simbahan ay ang Bayan ng Diyos *(People of God)* na sama-samang naglalakbay sa mundo upang hanapin at isagawa ang kalooban ng Diyos sa lahat ng panahon (Lumen Gentium, 9). Ang pagtawag ng Diyos sa Bayang Israel bilang kanyang "Piniling Bayan" *(Chosen People)* sa Lumang Tipan ay isang pagpapakita ng plano ng Diyos na tawagin ang lahat ng tao sa Kanyang kaharian, na pinasinayaan ng ating Panginoong Jesukristo.

- Sa Bagong Tipan ay tinatawag ang Simbahan bilang "katawang mistiko ni Kristo" *(Mystical Body of Christ)*. Ayon sa sulat ni San Pablo Apostol sa mga taga-Efeso (4:11-16), si Jesus ang Ulo *(Head)* ng Simbahan na Kanyang katawan. Ang Simbahan ay tinutukoy ding "sambahayan ng Diyos" (*household of God)* at Arko ng Kaligtasan *(Ark of Salvation)*, kung saan ang Diyos ay gumagabay at humahango sa Kanyang mga hinirang upang hindi sila mapagdaigan ng pandaraya ng diablo at ng kamunduhan.

- Ang Panginoong Jesukristo ang nagtatag ng Simbahan upang ipagpatuloy ang Kanyang gawain upang iligtas ang tao mula sa kasalanan. Sa kanilang pag-uusap ni San Pedro sa ebanghelyo ayon kay San Mateo (16:18-19), Kanyang sinabi, "Ikaw si Pedro (Bato) at sa batong ito ko itatayo ang aking iglesya: at hinding-hindi ito madadaig ng kapangyarihan ng kamatayan. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng Langit: ang itali mo dito sa lupa ay itatali rin sa Langit, at ang kalagan mo dito sa lupa ay kakalagan din sa Langit." Ito ang dahilan kung bakit ang Simbahan ay pinamumunuan ni San Pedro Apostol at ng kanyang mga kahalili, ang mga Santo Papa sa Roma.





Larawan mula sa Arkidiyosesis ng Davao

- Ang isang tao ay nagiging kaanib ng Simbahan sa araw ng kanyang Binyag. Sa pamamagitan ng Sakramento ng Binyag ay inaari ng Diyos ang isang tao bilang Kanyang anak, at kasapi ng Bayan ng Diyos. Ang lahat ng iba pang mga sakramento ay pinapagtibay ang ugnayan ng Simbahan at ng mananampalataya. Ang isang kasapi ng Simbahan ay nakikibahagi sa misyon ng Simbahan na ipangalat ang Mabuting Balita batay sa kanyang estado ng pamumuhay. Siya rin ay nagkakaroon ng karapatang tumanggap ng iba pang mga sakramento, at lahat ng uri ng tulong para sa kanyang kaligtasan at pagpapabanal. Siya rin ay inaasahang tuparin ang lahat ng obligasyon bilang isang kasapi, lalo na sa pagtulong sa pagtataguyod ng misyon ng Simbahan.

- Ang Simbahan ay may dalawang uri ng kasapi: ang una ay ang mga naordinahan *(ordained)* bilang obispo, pari at diakono. Sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay sa Sakramento ng Ordinasyon, ang mga naordinahan ay binibigyan ng kapangyarihang magturo *(teach)*, mangasiwa *(govern)*, at magpabanal *(sanctify)* sa Bayan ng Diyos.

- Ang ikalawang uri ng kasapi ay ang mga layko. Sa pamamagitan ng Sakramento ng Binyag ay nagiging bahagi sila ng Bayan ng Diyos upang itaguyod ang misyon ng Simbahan sa pamamagitan ng mga gawaing nararararapat sa kanilang estado ng pamumuhay sa mundo.

- Ang Simbahan na itinatag ng ating Panginoong Jesukristo ay may apat na tanda o marka:

    - **Ang Simbahan ay iisa.** Niloob ng Panginoong Jesukristo na ang Simbahan ay mabigkis sa pagmamahalan at pagbabahaginan ng lahat ng biyaya. Sa loob ng Simbahan ay may iba't ibang mga gawain, handog-biyaya *(charisms)*, at pamamaraan, ngunit ito ay nagbubuo ng pagkakaisa sa pagmamahalan. Isang malaking kasalanan laban sa pagkakaisa ng Simbahan ang gumawa ng mga bagay na ikasisira ng pagkakaisa nito. Ang unang pagkakasala ay ang hindi pagsunod sa mga lehitimong namamahala ng Simbahan, ang Santo Papa at ang mga obispong kanyang mga katuwang. Ito ay tinatawag na sisma *(schism)*, ang paghiwalay ng isang mananampalataya mula sa bigkis ng pagkakaisa at pagmamahal *(bond of unity and charity)* ng Simbahan dahil sa pagsuway sa mga lehitimong utos ng pamunuan nito.

      Ang ikalawang pagkakasala ay ang pagtalikod sa tamang turo at aral ng Simbahan, at ang pagtuturo o paniniwala sa mga doktrina na kinondena ng Simbahan bilang taliwas sa diwa ng ating Panginoong Jesukristo. Ito ay tinatawag na erehiya *(heresy)*, kung saan tinatalikuran ng isang mananampalataya ang ibang turo at aral ng Simbahan na inihahayag ng Santo Papa at ng mga obispong katuwang niya.

Sa ilang pagkakataon ay nagpapahayag ang Simbahan ng pagtitiwalag *(excommunication)* laban sa mga sismatiko at erehe upang hikayatin sila na bumalik sa tamang landas, at upang magsilbing babala sa ibang mananampalataya sa kamalian ng kanilang paniniwala at asal.

Ang pagkakaroon ng napakaraming sekta at grupong panrelihiyon na, bagama't inihahayag ang pangalan ni Kristo ay watak-watak at walang pagkakaisa, ay taliwas sa kalooban ng Diyos. Ipanalangin ng ating Panginoong Jesukristo ang pagkakaisa ng Kanyang mga alagad bago Siya ipako sa krus: "Maging isa sana ang lahat kung paanong nasa akin ka, Ama, at ako'y nasa 'yo. Mapasaatin din sana sila upang maniwala ang mundo na ikaw ang nagsugo sa akin" (Juan 17:21).

- **Ang Simbahan ay banal.** Ang nagtatag ng Simbahan, ang Panginoong Jesukristo, ay banal at walang kasalanan, kaya ang Simbahan na kanyang Katawang Mistiko *(Mystical Body)*, ay banal. Sa pamamagitan ng mga sakramento, at iba pang mga pamamaraan ng pagpapabanal *(means of sanctification)* ay ginagabayan ng Simbahan ang kanyang mga kasapi na pagtagumpayan ang kasalanan at mamuhay ng ayon sa kalooban ng Diyos.

  Bagama't ang Simbahan ay banal, ang kanyang kabanalan ay hindi pa ganap (KIK, 825), kaya patuloy na nananalangin ang Simbahan ng biyaya galing sa Diyos upang maging ganap ang kanyang kabanalan. Ito ang dahilan kung bakit, bagama't banal ang Simbahan ay

nakikitaan pa rin ng kahinaan at kasalanan ang kanyang mga kasapi.

Sa ibang pagkakataon ay kinikilala ng Simbahan ang iba niyang mga kasapi na naabot ang tugatog ng kabanalan sa pamamagitan ng panalangin, pagkakawang-gawa at pagmamahal sa mahihirap, at pagtatanggol ng pananamapalataya mula sa mga kaaway (KIK, 828). Sila ay idinedeklarang mga beato at beata *(blessed)*, at mga santo at santa *(saints)*. Ang pagdedeklara ng mga beato/beata at mga santo/santa ay dumadaan sa isang masusing pagsisiyasat sa buhay ng nasabing namatay sa Kristiyano, at ang patotoo ng mga nakasalamuha niya. Kapag nadeklara na ang kanilang pagiging beato/beata o santo/santa, pinahihintulutan na silang mabigyan ng Simbahan ng parangal at debosyon (*dulia* sa wikang Griyego) at gawing halimbawa ng kabanalan para sa lahat ng mananampalataya.

- **Ang Simbahan ay pangkalahatan (katoliko).** Ang salitang “katoliko” ay galing sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay “kabuuan”. Sa unang pagpapakahulugan ng salitang “katoliko”, ang Simbahan na itinatag ng Panginoong Jesukristo ay para sa lahat ng panahon, lahat ng dako, at lahat ng tao.



Ang misyon ng Simbahan ay hindi lamang para sa piling mga bansa o panahon, kundi para sa lahat. Ang misyon ng Simbahan ay mananatili hanggang sa katapusan ng mundo.

Ang ikalawang ibig sabihin ng “katoliko” ay kabuuan ng katotohanan. Ang Simbahang itinatag ng Panginoong Jesukristo ang nagtataglay ng kabuuan ng katotohanang Kanyang itinuro. Ang aral na ito ay pinangangalagaan ng Simbahan sa pamamagitan ng tulong ng Espiritu Santo. Sa kasamaang palad, may mga grupo at pangkat na humiwalay sa Simbahan sa pagtakbo ng kasaysayan. Tangay nila sa kanilang paghihiwalay ang ibang turo at aral, at ilang mga pamamaraan ng pagpapabanal *(means of sanctification)* tulad ng Salita ng Diyos (ang Biblia), panalangin, at ibang mga sakramento tulad ng Binyag. Ngunit sa Simbahang Katoliko lamang matatagpuan ang kabuuan ng katotohanan at lahat ng mga pamamaraan ng pagpapabanal na ipinagkatiwala ng Panginoong Jesukristo sa Kanyang mga apostol (LG, 8).

Larawan mula sa Diyosesis ng Kalibo



- **Ang Simbahan ay nakatindig sa patotoo ng mga apostol (apostoliko).** Mula sa Kanyang mga tagasunod, pumili ang Panginoong Jesukristo ng labindalawang apostol (Mateo 10: 1-4; Marcos 3:13- 19; Lucas 6: 12-16). Ang mga apostol ang kanyang naging mga malapit na katuwang sa misyon. Noong Huling Hapunan, ang mga apostol ang Kanyang mga kasama nang itatag Niya ang Banal na Eukaristiya, ang bagong tipan sa Kanyang sariling Katawan at Dugo.

  Nang umakyat ang Panginoong Jesukristo sa langit, unang natanggap ng mga apostol ang Espiritu Santo noong araw ng Pentekostes. Dahil dito ay nagkaroon sila ng lakas at tibay ng loob upang ipahayag ang Muling Pagkabuhay ng Panginoong Jesukristo. Sila ay nag misyon sa iba't ibang dako at itinatag ang Simbahan sa loob at labas ng Jerusalem.

  Ang kapangyarihan ng mga apostol na itaguyod ang pananampalataya sa Panginoong Jesukristo, pamunuan ang sambayanang Kristiyano, at pangasiwaan ang mga sakramento ay hindi namatay kasama nila. Ito ay kanilang ipinasa sa kanilang mga kahalili sa pamamagitan ng pagpapatong ng kanilang mga kamay, ang Sakramento ng Ordinasyon. Ang kahalili ng mga apostol sa ating panahon ay ang mga obispo sa ilalim ng pamumuno ng Santo Papa, ang kahalili ni San Pedro Apostol.

  Ang mga obispo, kasama ang Santo Papa bilang kanilang tagapangulo, ay inatasan na panatilihin ang pananampalatayang ipinangaral ng mga apostol sa pamamagitan ng kanilang tungkuling magturo *(teaching office)* ng tamang

aral at doktrina. Ito ay ginagawa ng mga obispo kasama ang Santo Papa sa pamamagitan ng isang Pangkalahatang Pagpupulong *(Ecumenical Council)*, na isinagawa nang 21 beses sa kasaysayan ng Simbahan. Maaari ding ang Santo Papa, sa pamamagitan ng kapangyarihang ibinigay sa kanya bilang kahalili ni San Pedro, ay magdeklara na ang isang turo o aral ay bahagi ng katotohanang itinuro ng Panginoong Jesukristo at bahagi ng pananampalaya ng Simbahan.

- Ang Simbahan ay binibigkis sa pagmamahalan at pagbibigayan sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang mga unang Kristiyano ay namuhay sa pagkakaisa, bilang pagtugon sa turo ng mga apostol. Sila ay nananalangin ng magkakasama, at ibinabahagi ang kanilang mga sariling ari arian para sa ikabubuti ng lahat (Gawa 2: 42-44). Ang bawat pamayanang Kristiyano sa ating panahon ay inaasahang magtulungan at magmahalan sa pamamagitan ng sama samang panalangin lalo na sa Banal na Eukaristiya, mag unawaan sa pagkukulang ng iba, magpatawaran sa kasalanan ng bawat isa, at magkawanggawa para sa mga nangangailangan.

- Ang hamon sa lahat ng kaanib ng Simbahan ay dalawa: una ay ang pangalagaan ang pagkakaisa ng Simbahan. Katulad ng nabanggit sa itaas, nasisira ang pagkakaisa ng Simbahan kapag hindi sumusunod *(disobedience)* ang iilan sa pamunuan *(sisma)*, o hindi pagtanggap ng turo at aral ng Simbahan; ang mga ito ay malaking kasalanan laban sa ikaapat na utos. Ang mas laganap ay ang kawalan ng pakialam sa kapakanan ng Simbahan, at pagsira sa karangalan at reputasyon nito sa pamamagitan ng pagkalat ng maling balita at kasinungalingan *(slander)*, na labag sa ikawalong utos. Ang ikalawa ay ang aktibong

pakikibahagi sa misyon ng Simbahan. Ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsuporta sa kawanggawa ng ating parokya para sa mahihirap, ang paggugugol ng oras upang tumulong sa ating pamayanang Kristiyano, at ang kahandaang ibahagi ang ating kakayahan upang makatulong sa mga proyekto ng ating lokal na Simbahan.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

"Bakit ko kailangang pumunta sa simbahan?"
Ang Simbahan, ayon sa ating natutuhan, ay hindi tumutukoy sa gusaling bato o kahoy na itinayo ng tao, ngunit ang sambayanang itinatag ng Panginoong Jesukristo sa pamamamgitan ng mga apostol. Niloob ng Diyos na iligtas ang tao sa pamamagitan ng Simbahan; ang pag-anib sa Simbahan ay kailangan para sa kaligtasan ng tao.

Ngunit ang isang tao na hindi makaanib sa Simbahan nang hindi niya kasalanan ay maaaring maligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesukristo. Kinakailangan siyang mabuhay nang ayon sa mabuting asal at tuparin ang kalooban ng Diyos sa abot nang kanyang makakaya.



Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

May mga nagsasabing “walang kwenta ang pagpunta sa simbahan dahil makasalanan din naman ang mga miyembro nito”. Batay sa ating natutunan, sakop ng Simbahan kahit ang mga makasalanan, at ang kabanalan ng Simbahan ay hindi pa ganap. Hindi dahilan ang ating pagiging makasalanan upang tayo ay hindi pumunta sa simbahan; sa katunayan, kailangan natin ng mga biyayang ibinibigay ng Diyos sa pamamagitan ng Simbahan upang mapaglabanan ang ating mga kahinaan. Sa kabilang banda, hindi tayo dapat maging mapanghusga sa pagiging makasalanan ng ibang kasapi ng Simbahan.

Ang ating pagpunta sa simbahan ay upang sumamba sa Diyos, at hindi pintasan ang kahinaan ng ibang kasapi.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Ikaw ba ay pumupunta sa simbahan? Kung oo, ipagpatuloy ang pagpunta rito, lalo na upang magsimba tuwing araw ng Linggo. Ang ating pinupuntahan ay hindi ang gusaling bato, ngunit ang sambayanan, ang ating mga kapatid kay Kristo na sumasamba sa Diyos kasama natin. Kung madalang ang ating pagpunta sa Simbahan (K-asal, B-inyag, at L-ibing lamang), simulan natin ang kaugaliang pumunta sa simbahan tuwing araw ng Linggo. Ang pagsamba sa Diyos ay hindi lamang isang personal na gawain; ito ay isa sa mga pinakamahalagang gawain ng sambayanang nagtitipon sa ngalan ni Kristo.



Ikatlong Yugto

“Pabaon” at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Tanungin ang mga kalahok: sila ba ay pumupunta sa simbahan nang mag isa? Hikayatin sila na isama sa pagsisimba ang ating mga kapamilya at kaibigan. Yayain din sana nila ang iba nilang kapatid at kasambahay na makiisa sa pagsamba sa Diyos sa Santa Misa tuwing Linggo at ibang piyesta.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang “babaunin” mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa Simbahang Katoliko, o naitamang maling paniniwala tungkol sa kahalagahan ng Simbahan lalo na para sa mga makasalanan, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin tungkol sa pagdadamayan sa loob ng Simbahan.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang “baon”.

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Ipanalangin ang kaligtasan at katapatan ng Santo Papa, mga obispo, pari, diakono, at lahat ng laykong Katoliko sa kanilang misyon para sa Simbahan.

Kabanata V

Bakit Ko Kailangang Magsimba?

Ang Banal na Eukaristiya

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang Sakramento ng Banal na Eukaristiya, ang pinakamataas na uri ng pagsamba ng mga Katoliko;
- Ang pinagmulan ng sakramentong ito, ang iba't ibang tawag dito;
- Ang turo ng Simbahan tungkol sa tunay na Presensya ng Panginoong Jesukristo sa tinapay at alak na iniaalay sa Santa Misa; at
- Ang mga bunga ng Banal na Eukaristiya sa buhay ng isang Kristiyano.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa isang selebrasyon o handaan na kanilang dinaluhan na hindi nila makakalimutan.

- Ikuwento ninyo ang isang halimbawa ng selebrasyon o handaan/kainan na hindi ninyo makakalimutan. Ano, para sa iyo, ang mayroon sa isang selebrasyon o handaan upang ito ay maging *special* at *memorable?*

Bilang paglalagom, maaaring tanungin ang mga kalahok kung gaano kahalaga para sa kanila ang mga ganitong gawain – ang pagkikita-kita at pagsasagawa ng mga kasiyahan kasama ang mga mahal sa buhay at kaibigan.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Ang kaagad na maiuugnay natin sa Sakramento ng Banal na Eukaristiya ay pagkain, sapagkat ang sakramentong ito ay isinasagisag *(symbolized)* ng tinapay at alak na iniaalay sa Banal na Misa. Sa pamamagitan ng Banal na Eukaristiya ay ibinibigay ng Panginoong Jesukristo ang kanyang sariling Katawan at Dugo upang maging buhay at kalakasan sa ating kaluluwa.

- Maraming pangalan ang itinatawag sa sakramentong ito:

    - **Ang Banal na Eukaristiya *(Holy Eucharist)***, mula sa salitang eucharistein sa wikang Griyego, na nangangahulugang “pagbibigay pasasalamat”, sapagkat ang Panginoong Jesukristo ay nagpasalamat sa Diyos noong Huling Hapunan;

    - **Ang Hapunan ng Panginoon *(The Lord’s Supper)***, bilang pagaalala sa Huling Hapunan kung saan itinatag ng ating Panginoong Jesukristo ang sakramento ng Kanyang sariling Katawan at Dugo;

    - **Ang Paghahati ng Tinapay *(Breaking of the Bread)***, bilang pagbibigay-halaga sa simbolismo ng tinapay na nagiging Katawan ni Kristo, na ibinabahagi sa para sa lahat;

    - **Ang Banal na Sakripisyo *(Holy Sacrifice)***, bilang pagkilala sa pag-aalay ng Panginoong Jesukristo ng Kanyang sariling buhay, na nagbibigay ng malalim na ugnayan sa Huling Hapunan ng Panginoong Jesukristo at ng Kanyang pagkamatay sa krus;

    - **Ang Banal na Liturhiya *(Divine Liturgy)***, mula sa salitang leiturgos sa wikang Griyego, na nangangahulugang “gawain ng mga tao”, sapagkat ang Eukaristiya ay isinasagawa ng buong sambayanang nagtitipon sa ngalan ni Kristo; at

    - **Ang Banal na Misa *(Holy Mass)***, mula sa salitang missa sa wikang Latin, na nangangahulugang “isinusugo” o “ipinapadala”,

sapagkat ang huling sinasabi sa pagdiriwang ng Eukaristiya ay “Humayo kayo” *(You are being sent)* upang ipangalat ang Mabuting Balita.

- Sa Bagong Tipan ay may mga kuwento tungkol sa kahalagahan ng tinapay sa gawain ng ating Panginoong Jesukristo. Pinakain Niya ang maraming tao sa pamamagitan ng pagpaparami ng tinapay *(multiplication of the loaves)*, na isa sa Kanyang mga mapaghimalang ginawa (tingnan ang Mateo 14:13-21 at 15:29-39; Marcos 6:35-44 at 8:1-10; at Juan 6:1-12).

- Ang pagtatatag ng Banal na Eukaristiya bilang isang sakramento ay isinagawa ng ating Panginoong Jesukristo sa Huling Hapunan. Ang Huling Hapunan ay ang Pista ng Paskuwa ng mga Hudyo, na isinagawa ng Panginoong Jesukristo kasama ang Kanyang mga apostol. Sa Pista ng Paskuwa ay inaalala ng mga Hudyo ang pagliligtas ng Diyos sa Bayan ng Israel mula sa Anghel ng Kamatayan na pinatay ang mga unang anak na lalaki ng mga taga-Ehipto. Tuwing Paskuwa ay nag-aalay ang mga Hudyo ng isang kordero *(lamb)*, na kanilang kinakain kasama ang tinapay na walang lebadura (pampaalsa) at mapapait na gulay.

Larawan mula sa Diyosesis ng Pagadian





- Noong Huling Hapunan ay kumuha ang Panginoong Jesukristo ng tinapay, nagpasalamat sa Diyos, at ibinigay ito sa Kanyang mga apostol at sinabi, “Ito ang aking Katawan”. Matapos nilang kainin ang tinapay ay kumuha ang Panginoong Jesukristo ng alak, ibinigay ito sa mga apostol at sinabi, “Ito ang aking Dugo ng bago at walang hanggang tipan, na ibubuhos para sa lahat para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan”. At ito ay ininom ng nga apostol. Matapos nito ay ibinilin ng Panginoong Jesukristo sa kanila na isagawa ito bilang pag-alala sa Kanya. Ang kuwento ng Huling Hapunan ay makikita sa apat na Ebanghelyo, at sa mga sulat ni San Pablo (tingnan ang Mateo 26:17-35; Marcos 14:12- 25; Lucas 22:14-23; Juan 13 at 1 Corinto 11:23-26). Kung mapapansin, ang mga kaganapan sa Huling Hapunan ang ating ginagawa sa bawat pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya, bilang pagsunod sa iniutos sa atin ng Panginoong Jesukristo.

- Ang mga unang Kristiyano ay nagsasagawa ng Paghahati ng Tinapay *(Breaking of the Bread)* tuwing araw ng Linggo bilang pag-alala sa Muling Pagkabuhay ng Panginoon (tingnan ang Gawa 20:7).

- Mula rito ay iniutos ng Simbahan na ang lahat ng kasapi ay may obligasyong dumalo sa pagdiriwang ng

Santa Misa tuwing araw ng Linggo at iba pang kapistahang itinakda.

- Ayon sa sinabi ng Panginoong Jesukristo sa Huling Hapunan, ang tinapay ay ang Kanyang Katawan, at ang alak ay ang kanyang Dugo. Bilang pagkilala sa mga salitang ito, itinuturo ng Simbahan na ang tinapay at alak na iniaalay sa Banal na Eukaristiya ay nagiging tunay na Katawan at Dugo ni Kristo, bagama't ang hitsura at lasa nito ay nananatiling katulad ng tinapay at alak. Ito ay hindi na sinasampalatayanan ng iba nating mga kapatid na Kristiyano; para sa kanila, ang tinapay at alak ay simbolo lamang ng Katawan at Dugo ni Kristo, at hindi nagiging tunay Niyang Katawan at Dugo.

- Sa Santa Misa natin isinasagawa ang pinakamataas na uri ng pagsamba sa Diyos Ama: ang pag-aalay ng tinapay at alak na nagiging Katawan at Dugo ng Kanyang Anak sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Upang maganap ito ay mahalaga ang gampanin ng obispo at ang mga pari na kanyang katuwang. Sa pamamagitan ng Sakramento ng Ordinasyon, ginagampanan ng obispo o pari sa ngalan ni Kristo (*in persona Christi* sa wikang Latin) ang pag konsagra *(consecrate)* ng tinapay at alak upang maging Katawan at Dugo ng ating Panginoong Jesukristo.

- Maliban sa tinapay at alak na nagiging tunay na Katawan at Dugo ni Kristo, at ang obispo o pari na namumuno sa pagdiriwang sa ngalan ni Kristo, ang pakikiisa ng Panginoong Jesukristo sa atin sa Santa Misa ay nararanasan din sa pamamagitan ng pakikinig sa Kanyang Salita (na nagaganap sa unang bahagi), at sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga mananampalataya upang sumamba sa Diyos (tingnan ang Mateo 18:20).

- Ang bunga ng pagdalo at pagsasabuhay ng Santa Misa ay ang pagiging mapagbigay *(generosity)*, bilang pagkilala sa pag-aalay ng Panginoong Jesukristo ng Kanyang sarili para sa ating kaligtasan. Ang isang Kristiyano na may matibay na paniniwala sa tunay na presensya ni Kristo sa Banal na Eukaristiya ay "namumunga" sa pamamagitan ng pagtulong sa nangangailangan. Sa katunayan, pinaalalahanan ni San Pablo ang mga unang Kristiyano sa Corinto na hindi makabuluhan ang kanilang Paghahati ng Tinapay kung isinasantabi nila ang mga mahihirap at walang makain (tingnan ang 1 Corinto 11:23-24).

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Ang Banal na Eukaristiya ay isang dakilang misteryo: ang tinapay at alak ay nagiging tunay na Katawan at Dugo ng ating Panginoong Jesukristo, na kanyang iniwan sa Simbahan para sa kaligtasan at ikakabanal ng ating mga kaluluwa. Ang sinomang Katoliko na hindi nakagawa ng mabigat ng kasalanan (na kailangang ikumpisal) ay hinihikayat na tumanggap ng Banal na Komunyon sa Santa Misa. Ang tumatanggap ng Banal na Komunyon ay tumatanggap ng Kanyang Katawan at Dugo. Sumasagot tayo ng "Amen" kapag tinatanggap ang Hostia bilang pagpapahayag ng ating pananampalataya sa kanyang tunay na Presensya.



Larawan mula sa Diyosesis ng Kalookan

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya

Bagama't mukha at lasang tinapay pa rin ang tinapay na iniaalay sa Santa Misa, ito ay **tunay** na Katawan at Dugo ng ating Panginoong Jesukristo kapag ang mga ito ay nakonsagra *(consecrate)* ng pari. Hindi na ito tinapay at alak – ito ay napalitan na sa Kanyang Katawan at Dugo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ito ang dahilan kung bakit ibinibigay natin ang pagsamba sa Banal na Eukaristiya, sapagkat ang tunay na Presensya ng ating Panginoong Jesukristo ay naroon. Ito ang pananampalataya ng ating Simbahan, na hindi na sinasampalatayanan ng ibang grupong Kristiyano sa labas ng Simbahang Katoliko.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Ikaw ba ay nagkukrus ng sarili kapag dumadaan sa isang simbahan? Magandang kaugalian ito na nagpapakita na ang nasa loob ng simbahan, ang nakatagong Hostia sa tabernakulo ay ang Panginoong Jesukristo.

Ikaw ba ay may ugaling dumaan sa simbahan para magdasal kahit sandali lang? Napakagandang kaugalitan din nito dahil lumapalit tayo sa Panginoong Jesukristo sa ating mga pangangailangan. Ang Kanyang Katawan ay nasa tabernakulo, at hinihintay niya tayo na lumapit sa Kanya upang humingi ng tulong sa ating mga pangangailangan. Napakaraming santo at santa ang nakamit ang tugatog ng kabanalan dahil sa kanilang madalas na pagbisita sa Panginoong Jesukristo sa tabernakulo.



Ikatlong Yugto

"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Tanungin ang mga kalahok kung mayroon ba silang kakilala na hindi nagsisimba. Hikayatin sila na minsan ay yayain silang magsimba kasama nila. Ang pagdalo sa Santa Misa ay isang obligasyon para sa mga Katoliko bilang pagkilala sa kahalagahan ng ginawa ng ating Panginoong Jesukristo para sa atin. Minsan ay mahirap pumunta sa simbahan, at minsan ay nakakatuksong pumunta na lamang sa ibang lugar o manatili sa bahay. Ngunit tuwing araw ng Linggo, sikapin na makapagsimba at magpasalamat sa Panginoon para sa lahat ng biyayang ibinigay sa atin.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa Banal na Eukaristiya, o naitamang

maling paniniwala tungkol sa kahalagahan ng pagsisimba, o tungkol sa tunay na presensya ni Kristo sa Kanyang Katawan at Dugo, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin tungkol sa presensya ng ating Panginoong Jesukristo sa Banal na Eukaristiya.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang "baon".

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Maaaring ituro ang panalanging *"O Sacrament Most Holy."*

O Sacrament Most Holy
O Sacrament divine
All praise and all thanksgiving
Be every moment Thine.



Kabanata VI

Paano Ako Hihingi ng Tawad sa Diyos?

Ang Sakramento ng Muling Pakikipagsundo



Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang pagpapatawad ng kasalanan bilang isang biyaya ng Diyos;
- Ang kasalanan at ang mga bunga nito;
- Ang pagkakatatag ng Panginoong Jesukristo sa Sakramento ng Muling Pakikipagkasundo o Pangungumpisal;
- Ang pamamaraan ng pangungumpisal ng kasalanan; at
- Ang kalahagahan ng Sakramento ng Muling Pakikipagkasundo sa ating kaligtasan at kabanalan.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang karanasan sa hindi pagkakaunawaan o pakikipag-away sa iba.

- Ano ang pakiramdam ng may tampuhan, hindi pagkakasundo, o kaaway sa kapamilya, kamag-anak, o kaibigan?

Ipakuwento sa mga kalahok ang kanilang mga karanasan tungkol sa kanilang mga naramdaman nang sila ay may nakaaway na mahal sa buhay. Paano nagsimula ang hindi pagkakaunawaan? Ano ang kanilang ginawa upang maiayos ang hindi pagkakaunawaan?

Bilang paglalagom sa talakayan, tanungin ang mga kalahok sa kahalagahan ng pagpapatawad at paghingi ng tawad sa kanilang pang-araw-araw na buhay.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Ang kasalanan at ang bunga nito ay nakikita natin sa pang-araw-araw na buhay. Mababasa natin sa mga diyaryo at mapapanood sa telebisyon ang mga kahindik-hindik na krimen na nagdudulot ng napakalalim na sakit sa mga biktima. Makikita rin natin ito sa mga pag-aaway at di-pagkakaunawaan na

minsan ay nauuwi sa kaguluhan at pananakit ng iba. Makikita rin natin ito sa pang-aabuso na ginagawa ng tao sa kalikasan, na pinagmumulan ng iba't-ibang salot sa mga pamayanan tulad ng pagbaha, pagkalat ng sakit, at marami pang iba.

- Dinadasal natin sa Sumasampalataya na "Sumasampalataya ako…sa kapatawaran ng mga kasalanan."

- Ang kasalanan ay nagaganap kapag ang tao ay sumuway sa mga utos ng Diyos, na inilagay upang maging gabay tungo sa kaganapan ng buhay *(fullness of life)*. Una itong naganap sa kuwento ng paglabag ng ating mga unang magulang sa utos ng Diyos na huwag kainin ang prutas mula sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (tingnan ang Genesis 3). Sa pamamagitan ng paglabag ng tao sa utos ng Diyos, kinalimutan niya ang kanyang kalagayan bilang isang nilalang *(creature)* ng Diyos, at umasta na siya ay Diyos. Ito ang kasalanan ng pagmamataas *(pride)*.

- Ang bunga ng kasalanang ito ang pagkahiwalay ng tao sa pagmamahal at pagkalinga ng Diyos. Dahil sa kasalanan ay nasira ang ugnayan ng tao sa kanyang Manlilikha, sa ibang tao, at sa kanyang sariling pagkatao. Sa sariling buhay ng tao ay makikita na ang paggawa ng masama ay nagdudulot ng pagkasira ng ugnayan sa kapwa tao, at kawalan ng kabuluhan ng sariling buhay. Imbes na siya ay maging bukas at mapagbigay, ang tao ay nagiging makasarili at ganid sa kapangyarihan. Nawawalan siya ng pakialam sa sakit at pinsalang kanyang idinudulot sa ibang tao.

- Maliban sa epekto ng kasalanan sa ating kapwa tao, ang pinakamabigat na bunga ng kasalanan ay ang kamatayan. May dalawang uri ito: ang una ay ang pagkamatay ng katawang-lupa, habang ang ikalawa

ay ang pagkamatay ng kaluluwa dahil sa pagkawaglit nito sa Diyos. Dahil ang lahat ay nagkasala, ang lahat ay karapat-dapat sa parusang dulot ng kasalanan – ang kamatayan. Walang maaaring magawa ang tao para matubos ang kanyang sarili mula sa masamang idinudulot ng kasalanan.

- Ang pagpapatawad sa kasalanan ay nagbubukal mula sa awa at habag ng Diyos, na bagkus parusahan ang tao sa Kanyang kasalanan ay nahabag sa kaawa-awang kalagayan niya. Ipinadala ng Ama ang kanyang sariling Anak, ang ating Panginoong Jesukristo, upang ipakilala sa atin ang daan pabalik sa tamang pamumuhay kasama ang Diyos. Ginawa ng Panginoong Jesukristo ang pakikipagkasundo *(reconciliation)* ng tao at Diyos sa pamamagitan ng pangangaral tungkol sa pagmamahal ng Diyos, at pag-aalay ng Kanyang sariling buhay sa krus upang akuin ang parusang dulot ng ating kasalanan. Dahil sa Kanyang sakripisyong ito, ang Panginoong Jesukristo ang natatanging daan upang matanggap ng tao ang pagpapatawad ng Diyos; Siya lamang ang daan patungo sa kaligtasan.

Larawan mula sa Diyosesis ng Cubao



- Sa pamamagitan ng Sakramento ng Binyag ay pinapatawad ang kasalanang minana (original sin) natin mula sa ating mga unang magulang. Kung ang bibinyagan ay matanda na, ang lahat ng kanyang kasalanang nagawa *(actual sins)* ay napapatawad din. Ngunit bunga ng kahinaan ng ating pagkatao ay maaari pa rin tayong makagawa ng kasalanan pagkatapos ng ating Binyag. Ang mga kasalanang ito ay napapatawad sa pamamagitan ng Sakramento ng Pangungumpisal *(Confession)* o Muling Pakikipagkasundo *(Reconciliation)*.

- Ang kasalanang ating nagagawa ay nahahati rin sa dalawang uri, batay sa paliwanag ni Apostol San Juan (tingnan ang 1 Juan 5:17):

    - Ang una ay ang kasalanang hindi mabigat *(venial sin)*, na ating nagagawa dahil sa kahinaan ng ating pagkatao. Ang epekto ng mga kasalanang ito ay seryoso at kailangang pagtuonan ng pansin, ngunit hindi mabigat at lubhang nakasisira ng ating sarili o ng ibang tao.



- Ang ikalawang uri ay ang mga kasalanang mabigat o mortal *(mortal sin)*. Ito ang mga kasalanang lubhang nakakapinsala sa ating sarili at sa ibang tao *(grave matter)*, at ito ay tahasang ginagawa *(full consent)* na may buong kaalaman na ito ay masama *(full knowledge)*. Ang kasalanang mortal ay nakamamatay ng kaluluwa dahil ito ay naghihiwalay sa atin sa Diyos.

- Noong nabubuhay pa ang ating Panginoong Jesukristo, makikitang pinatawad Niya ang kasalanan ng mga lumalapit sa Kanya (tingnan ang Marcos 2:10; Lucas 7:48). Makikita rin na Kanyang ipinasa Niya sa mga apostol ang kapangyarihang magpatawad ng kasalanan. Nang Siya ay mabuhay mula sa kamatayan, sinabi Niya sa Kanyang mga apostol, "Tanggapin ang Espiritu Santo! Patatawarin ang kasalanan ninuman na inyong patawarin, at pananatiliin naman sa sinuman ang inyong pananatiliin" (Juan 20:22). Dahil dito, isa sa mahalagang misyon ng Simbahan ang maghatid ng pagpapatawad ng Panginoong Jesukristo sa lahat ng humingi nito.

- Bakit kailangang ikumpisal (sabihin) ang kasalanan para ito ay mapatawad? Ang pagkukumipsal ng kasalanan ay isang matibay na tanda ng kababaang-loob *(humility)*, at nang pagtanggap ng responsibilidad para sa ating mga maling nagawa. Ang kababaang-loob ng isang taong nagkasala ay lubos na kalugod-lugod sa Diyos, at isa sa mga kinakailangang gawin ng Kristiyanong humihingi ng tawad mula sa Diyos. Ayon sa ating Panginoong Jesukristo, "magkakaroon din ng higit na kagalakan sa langit para sa isang makasalanang nagsisisi kaysa sa siyamnapu't siyam na di nangangailangan ng pagsisisi" (Lucas 15:7).



Larawan mula sa Diyosesis ng San Fernando de La Union

- Bakit kailangang ikumpisal ang kasalanan sa isang pari? Ang pari, sa pamamagitan ng Sakramento ng Ordinasyon, ay binibigyan ng kapangyarihan ng Panginoong Jesukristo upang maggawad ng kapatawarang galing sa Kanya. Ang pari ay tumatayong kahalili ng Panginoong Jesukristo at sugo *(representative)* ng Simbahan, na inaatasang maggawad ng kapatawaran ng kasalanan. Sinabi ni Apostol Santiago (5:16), “Ipagtapat ninyo sa isa’t isa ang inyong mga kasalanan at idalangin ang isa’t isa upang gumaling kayo. Mabisa ang taimtim na panalangin ng taong matuwid.”

- Ang pangungumpisal ay hindi kailangang mahaba. Sinasabi natin sa pari kung kailan ang ating huling pangungumpisal. Sinasabi natin ang kasalanang ating gawa, simula sa mga pinakamabibigat, at kung ilang beses natin ito nagawa. Sa ilang pagkakataon ay nagbibigay ng payo ang pari upang mapaglabanan natin ang mga kasalanang ating ikinumpisal, at siya ay magbibigay ng mga kailangang gawin upang maisaayos ang kasiraang naidulot ng ating kasalanan *(penance)*. Matapos nito ay igagawad ng pari ang pagpapatawad ng Diyos *(absolution)*, na bumabali sa kapangyarihan ng kasalanan sa ating buhay.

- Ang mungkahi ng Simbahan ay mangumpisal ng kahit isang beses sa isang taon. Ngunit ang mga pantas sa buhay kabanalan *(spiritual masters)* ay nagsasabing mangumpisal basta't ito ay kinakailangan – kung napagtanto natin na tayo ay nakagawa ng mabigat na kasalanan. Ang mabigat na kasalanan ay naghihiwalay sa atin sa Diyos, at ang kapangyarihan ng Sakramento ng Pangungumpisal lamang ang makakapagpabalik sa atin sa biyaya ng Diyos.

- Napakahalaga ng Sakramento ng Pangungumpisal sa pagtataguyod ng kabanalan sa ating buhay. Ang mga santo at santa ay madalas mangumpisal. Halimbawa, si San Vicente de Paul ay nangungumpisal araw-araw bago siya magdiwang ng Banal na Misa sa umaga. Si Sta. Faustina Kowalska, ang nagpakilala ng debosyon sa *Divine Mercy*, ay palaging nananalangin na mangumpisal ang kanyang mga kasamang madre sa kumbento. Ang Sakramento ng Pangungumpisal ay naggagawad ng natatanging biyayang sakramental *(sacramental grace)* na nagkakasundo sa atin sa Diyos, at naggagawad sa atin ng kakayahang mamuhay ayon sa kabanalan.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Ang Diyos ay habag *(mercy)*, na laging handang magpatawad sa sinomang nagnanais magbalik-loob sa Kanya. Ito ay laging pinapaalala sa atin ni Papa

Francisco. Kailanman ay hindi natin dapat katakutan o ikahiya ang paghingi sa tawad ng Diyos. Handa Siyang yakapin tayo, patawarin ang ating mga kasalanan, at bigyan tayo ng isa pang pagkakataon.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Ang Sakramento ng Pangungumpisal ay itinatag ng Panginoong Jesukristo nang ipagkatiwala niya sa mga apostol at kanilang mga kahalili (ang mga obispo at ang mga pari na katuwang nila) ang pagpapatawad ng kasalanan sa Kanyang pangalan. Sa kasamaang palad ay hindi na ito sinusunod ng iba nating mga kapatid na Kristiyano.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Hindi ba't humihingi tayo ng tawad at nagsasabi ng *"sorry"* sa ibang tao kung tayo ay nagkamali? Ganito rin ang ginagawa natin kapag tayo ay nangungumpisal – ito ang ating paraan ng pagsasabi ng *"sorry"* sa Diyos dahil sa ating mga pagkakamali. Sa ngayon ay maraming Katoliko ang hindi na nagkukumpisal. Ibalik natin ang gawaing ito, at sundin ang mungkahi ng Simbahan na mangumpisal kapag tayo ay nakagawa ng mabigat na kasalanan.



Ikatlong Yugto

"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Kung may lumapit sa kalahok na nawawalan ng loob o nanghihina sa kanilang pananampalataya sa Diyos, paalalahanan silang patatagin ang loob ng kanilang kaibigan o kapamilya na ang Diyos ay habag *(mercy),* at hindi Niya itinatakwil ang sinomang lumalapit sa Kanya para humingi ng tawad at isa pang pagkakataon. Hikayatin ang mga kalahok na tulungan silang magbalik-loob sa Diyos; minsan ang kailangan lamang ay isang simpleng paalala tungkol sa awa at habag ng Diyos.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa pagpapatawad ng Diyos, o naitamang maling paniniwala tungkol sa Sakramento ng Pangungumpisal, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin tungkol sa pagiging makasalanan ng tao, at katapatan ng Diyos na magpatawad.

Matapos nito ay tanunin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang "baon". Para sa kanila, ano ang hamon ng aral ng kapatawaran ng kasalanan at ng Sakramento ng Pangungumpisal? Paano maisasabuhay ang tapat na pagpapatawad ng Diyos sa kanilang sariling buhay?

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Manalangin para sa kapatawaran ng Diyos para sa lahat ng ating mga kasalanan, at ang pangakong mangungumpisal sa pinakamaagang pagkakataon.



Kabanata VII

Paano Ba Maging Banal? (I)

Ang Bokasyon ng mga Layko

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang kahulugan ng kabanalan at pagiging banal para sa isang Kristiyano;
- Sino-sino at paano tinatawag para sa kabanalan;
- Ang kabanalan para sa mga layko; at
- Ang mga handog-biyaya *(charisms)* ng Espiritu Santo para sa mga layko.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Bigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na magbalik-tanaw tungkol sa kanilang napiling propesyon o trabaho, o para sa mga mag-aaral, ng kanilang kursong tinatapos (o natapos).

- Paano ninyo napili ang inyong propesyon (para sa mga nakatapos) o kursong pinag-aaralan (para sa mga nag-aaral pa)?

Ipakuwento ang kanilang mga karanasan sa kanilang trabaho o kurso, kung paano nila ito napili, at ano ang kanilang gusto sa kanilang napiling propesyon. Bigyan sila ng pagkakataon na makapagbahagi ng kanilang mga saloobin.

Matapos marinig ang lahat sa kanilang pagbabahagi, maaaring iakma ng katekista ang ilang piling karanasan ng mga kalahok upang ipakilala ang tema ng kabanalan para sa mga layko.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

- Ang pagiging banal ay minsa'y inihahalintulad natin sa isang bagay na maaari nating makuha o maangkin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ilang gawain na "magpapabanal" sa atin. Ngunit tandaan ito: ang nagpapabanal sa atin ay ang nag-iisang Banal – ang

Diyos! Nagiging banal ang isang tao kung lumalapit siya sa Diyos, at mayroon siyang pagnanasang makipag-ugnayan sa Diyos.

- Ang pagiging banal ay ang pamumuhay ayon sa kalooban ng Diyos. Ayon sa turo ng ating Panginoong Jesukristo, “Dapat kayo ay maging ganap *(perfect)*, katulad ng inyong Ama sa langit” (Mateo 5:48).

- Batay sa orihinal na wika ng tekstong nabanggit, ito ay nangangahulugang maging ganap sa pagmamahal. Ang bokasyon ng isang Kristiyano ay ang magmahal; sa pamamagitan nito, sinasalamin niya ang pagmamahal ng Diyos para sa lahat. Binabanggit sa Katesismo ng “ang pag-ibig *(charity)* ay ang pinakakaluluwa ng kabanalan” (KIK, 826).

- Ang kabanalan ay isa sa apat na marka ng Simbahan. Ang Simbahan ay banal dahil Siya ay nakapailalim kay Kristo. Kaya ang mga kasapi ng Simbahan ay tinatawag na “mga banal” (o mga santo), at ang Simbahan ay ang “Bayang banal ng Diyos” (KIK, 823).

- “Ang kabanalan ng Simbahan ay napapakita sa pamamagitan ng bunga ng mga kaloob ng Espiritu na Kanyang pinangyayari sa mga nananampalataya. Ito ay ipinapamalas sa pamamagitan ng iba’t ibang paraan sa mga indibidwal na, sa pamamagitan ng kanilang estado sa buhay, ay tinatahak ang kaganapan ng pag-ibig *(perfection of charity)* na makakapagpatibay ng loob ng iba” (LG, 39).

- Ang lahat ng kaanib ng Simbahan ay tinatawag sa kabanalan: Santo Papa, mga obispo, pari, diakono, mga relihiyosong hermano *(brothers)* at mga madre, at lahat ng layko. Ang lahat ng kaanib sa Simbahan ay tinatawag sa kabanalan. Ito ay tinatawag na

pangkalahatang panawagan tungo sa kabanalan *(universal call to holiness)*.

- "Ang lahat ng bininyagan, sa pamamagitan ng bagong buhay at pagpupuspos ng Espiritu Santo, ay itinatalaga upang maging isang sambahayang banal *(spiritual house)* at marangal na kaparian *(royal priesthood)*, upang sa pamamagitan ng gawain ng isang Kristiyano ay makapag-alay siya ng paghahandog na espiritwal *(spiritual sacrifice)* at ipahayag ang kapangyarihan Niyang tumawag sa kanila mula sa kadiliman patungo sa Kanyang kaliwanagan (LG, 10).

- Ang mga layko ay bumubuo sa napakalaking bahagi ng Simbahan: maliban sa Santo Papa, mga obispo, pari at diakono (na tumanggap ng Sakramento ng Ordinasyon), ang lahat ng kasapi ay layko. Ito ay nasa 99% ng kabuuang kasapi ng Simbahan! Ang mga mongha at monghe *(monks)*, mga hermano *(religious brothers)* at mga madre ay layko rin, bagama't sila ay nakatalaga *(consecrated)* sa pagsisilbi sa Simbahan at sa kanilang kapwa tao ayon sa kanilang estado ng pamumuhay. Ang mga seminaristang nag-aaral para sa pagpapari, hangga't hindi pa sila nakakatanggap ng Sakramento ng Ordinasyon, ay nananatiling layko.

Larawan mula sa Diyosesis ng Cubao





- Ang mga layko, sa pamamagitan ng kanilang marangal na kaparian *(royal priesthood)*, ay nakikiisa sa pag-aalay ng Eukaristiya at sa pagdalo sa pagdiriwang ng mga sakramento, pananalangin at pasasalamat sa Diyos, banal na pamumuhay, paglimot sa pansariling interes, at pagkakawang-gawa (LG, 10).

- Ang pakikilahok ng mga layko sa mga sakramento ay nakaugat sa kanilang pakikibahagi sa pagkapari ng ating Panginoong Jesukristo, bagama't ipinapakita nila ito sa pamamagitan ng kanilang estado bilang layko, na iba sa estado ng isang naordinahang pari. Ang katungkulan ng isang pari ay ang pamunuan ang pagdiriwang ng mga sakramento sa ngalan ni Kristo *(in persona Christi)*. Ang mga layko ay makapagsisilbi sa pagsamba sa pamamagitan ng mga itinalagang uri ng paglilingkod, tulad ng tagapagbasa ng Salita ng Diyos *(lector)*, tagapagsilbi sa altar *(altar server)*, tagapagbigay ng Banal na Komunyon *(lay minister)*, at iba pa.

- Ipinaliwanag ni Papa San Juan Pablo II na ang bokasyon ng mga layko ay naipapakita sa kanilang pakikilahok sa mga gawain sa mundo (Christifideles Laici, 17). Sa katotohanan, ang mga layko ay inaasahang makisangkot sa mga gawain sa mundo *(secular activities)* sa diwa ng mga turo at aral ni Kristo. Ang pagtupad ng Kristiyano sa mga hamon ng kanyang propesyon bilang doktor, guro,

manggagawa, lingkod-bayan, pulitiko, at iba pa, ay ang kanyang pagtupad sa kanyang bokasyon.

- Bilang tulong sa isang Kristiyano na maisagawa ang kanyang mga tungkulin, may mga binibigyan ang Espiritu Santo ng Kanyang mga handog-biyaya *(charisms)*. Ang mga ito ay binanggit ni San Pablo (1 Corinto 12: 4-11). Iba ito sa pitong kaloob ng Espiritu Santo na tinatanggap sa Sakramento ng Kumpil. Ang mga handog-biyaya *(charisms)* ay mga natatanging kakayahang espiritwal na ibinibigay para sa higit na ikabubuti ng sambayanan. Ang halimbawa sa mga handog-biyaya na ito ay: pagpapagaling *(healing)*, paghahayag ng kalooban ng Diyos *(prophecy)*, kakayahang mangilatis ng mga espiritwal na bagay *(discernment)*. Ang mga ito ay hinihingi sa Espiritu Santo, na siyang nagbibigay nito ayon sa Kanyang kalooban at kagustuhan.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Ang sentro ng buhay ng Kristiyano ay ang pagmamahal sa Diyos ng higit sa lahat, at ang kanyang kapwa tao tulad ng kanyang sarili. Ito ang bokasyon ng lahat ng Kristiyano na natanggap sa binyag. Maraming paraan kung paano ito isabuhay: ang bawat kasapi ng Simbahan ay inaanyayahan na hanapin ang kanilang sariling paraan kung paano ito maisasabuhay.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Ang kabanalan ay hindi lamang para sa mga pari, madre, at relihiyoso. Ang lahat ay tinatawag sa kabanalan. Ang hamon para sa bawat isa ay hanapin ang estado ng pamumuhay *(state of life)* kung saan maisasagawa ang pagpapabanal sa sariling buhay.

Isa pa, ang kabanalan ay hindi (palaging) nangangahulugang maging *"religious"* o nasa simbahan. Kaakibat ng panalangin at malalim na pakikitungo sa Diyos, kasama sa kabanalan ang pagtupad ng mga responsibilidad natin sa buhay sa diwa ng pagsunod sa kalooban ng Diyos.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Batay sa kanilang naunang pagbabahagi tungkol sa kanilang propesyon (o gustong propesyon), anyayahan ang mga kalahok na tingnan ang kanilang propesyon bilang kanilang paraan upang makapaglingkod sa Diyos.

Larawan mula sa Apostolic Vicariate ng Jolo





Ikatlong Yugto

“Pabaon” at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Batay sa kanilang naunang pagbabahagi, anyayahan ang mga kalahok na mag-isip ng mga paraan kung paano sila magiging tagapagdala ng Mabuting Balita sa pamamagitan ng kanilang propesyon o estado sa buhay.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang “babaunin” mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa kabanalan, o naitamang maling paniniwala tungkol sa bokasyon ng mga layko sa Simbahan, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin tungkol sa sarili nilang bokasyon bilang isang layko.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang “baon”.

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Ipanalangin na ang bawat isa ay maging matagumpay sa kanilang napiling propesyon, trabaho o kurso, at maging matapat sa paglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng sarili nilang gawain sa mundo.

Kabanata VIII

Paano Ba Maging Banal? (II)

Ang Sakramento ng Pag-aasawa at Pagpapari

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang Kasal/Matrimonio at Ordinasyon bilang mga sakramento ng paglilingkod;
- Ang batayan ng Kasal/Matrimonio at Pagpapari sa Biblia;
- Ang natatanging tanda *(sign)* ng Kasal/Matrimonio (pagpapalitan ng mga pangako) at Ordinasyon (pagpapatong ng kamay);
- Ang tagapaglingkod *(minister)* ng Sakramento ng Kasal/Matrimonio at Ordinasyon; at
- Ang biyayang sakramental *(sacramental grace)* na iginagawad ng Panginoong Jesukristo sa pamamagitan ng dalawang sakramentong ito.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang mga karanasan bilang isang *single*, may kasintahan, o may asawa.

- Ano ang inyong mga karanasan bilang isang *single* na babae o lalaki? O may kasintahan? O may asawa?

Ipakuwento sa mga kalahok ang kanilang mga karanasan tungkol sa kung ano ang nagugustuhan nila sa kanilang buhay sa kasalukuyan bilang isang *single*/may kasintahan/ may asawa. Ano rin ang kanilang mga binabanggit na "mahirap" sa kanilang buhay?

Bilang paglalagom sa talakayan, tanungin ang mga kalahok sa kahalagahan ng pagkakaroon ng katapatan *(commitment)* sa kanilang napiling buhay.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Ang lahat ng tao ay naghahanap ng isang masaya at makabuluhang *(meaningful)* buhay. Para sa isang Kristiyano, ang makabuluhang buhay ay tumutupad sa kalooban ng Diyos, may dangal at dignidad, at nakapagsisilbi sa kapwa.

- May dalawang estado ng pamumuhay *(states of life)* ang ginawaran ng biyayang sakramental *(sacramental grace)* ng ating Panginoong Jesukristo: ang pag-aasawa at pagpapari. Ang dalawang ito ay tinatawag na mga sakramento ng paglilingkod *(sacraments of service).*

- Sa pamamagitan ng Sakramento ng Kasal o Matrimonio ay binabasbasan ang pagsasama ng lalaki at babae upang bumuo ng isang pamilya, at magpakita ng pagmamahalan sa isa't isa. Ang pagsasama ng lalaki at babae ay matatagpuan sa Luma at Bagong Tipan ng Biblia.

    - Para sa mga Judio, ang pag-aasawa ay isang marangal na adhikain. Ang paglikha kina Adan at Eba ay sumasagisag ng ugnayan ng lalaki at babae. Pagkalikha ng Panginoong Diyos sa babae, sinabi ng lalaki, "ito ngayon ang buto ng aking buto, at laman ng aking laman" (Genesis 2:23). Ang kasal sa Lumang Tipan ay napakahalaga: ito ay nakapailalim sa Batas ni Moises, at ipinagdiriwang ng buong pamayanan.

    - Kinilala ng Panginoong Jesukristo ang kahalagahan ng kasal sa plano ng Diyos. Nang tanungin siya tungkol sa kanyang pananaw tungkol sa paghihiwalay *(divorce)*, ipinaliwanag niya na ang kalooban ng Diyos ay ang lalaki at babae ay "magiging isang katawan" (Mateo 19:5). Ito ang dahilan kung bakit, ayon sa kalooban ng Diyos, iniiwan ng lalaki ang kanyang magulang at sumasama sa kanyang asawa. Dagdag dito, hindi Siya sumasang-ayon sa paghihiwalay ng mag-asawa: "huwag paghiwalayin ng tao ang ipinagbuklod ng Diyos" (Mateo 19:6). Sa bisa



Larawan mula sa Diyosesis ng Calbayog

ng mga salitang ito ay itinalaga ng Panginoong Jesukristo ang Kasal bilang isang sakramento.

- Para sa mga unang Kristiyano, ang pagbubuklod ng mag-asawa ay isa sa mga simbolo ng pagmamahal ng Panginoong Jesukristo sa Simbahan. Ayon kay San Pablo, “Ulo ng babae ang lalaki, kung paanong si Kristo ang ulo ng Iglesya – ang katawan – at siyang tagapagligtas nito” (Efeso 5:23).

- Gayundin naman, “[m]ga lalaki, mahalin ninyo ang inyu-inyong asawa, gaya ni Kristo na nagmamahal sa Iglesya at inialay ang sarili dahil sa kanya” (Efeso 5:25).

- Sa pamamagitan ng Sakramento ng Ordinasyon ay itinatalaga ang isang lalaki upang maging tagapaglingkod sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Salita ng Diyos, pamumuno sa pagdiriwang ng mga sakramento, at pangangasiwa sa mga sambayanang Kristiyano.

- Sa mga Judio ay itinalaga ng Batas ni Moises ang tribo ni Levi bilang mga saserdote (pari) na mag-aalay ng sakripisyo para sa Diyos (tingnan ang aklat ng Levitico). Ang pagsasakripisyo ng bayang Israel bilang



pagsunod sa Batas ni Moises ay nagpapaalala ng kanilang katapatan sa tipan *(covenant)* sa Diyos.

- Ang ating Panginoong Jesukristo ay nagpasinaya ng isang bagong tipan sa Kanyang sariling Katawan at Dugo (ang Banal na Eukaristiya) noong Huling Hapunan (tingnan ang Mateo 26:17-35; Marcos 14:12-25; Lucas 22:14-23). Sa Huling Hapunan ay itinatag din Niya ang Sakramento ng Ordinasyon nang atasan Niya ang Kanyang mga apostol na isagawa ang pagkain ng tinapay (na Kanyang Katawan) at pag-inom ng alak (na Kanyang Dugo) bilang pag-alala sa Kanya.

- Sa mga pamayanan ng mga unang Kristiyano ay may tatlong antas ng paglilingkod: obispo (episkopos sa wikang Griyego) na itinatagalang tagapamahala ng buong sambayanan (1 Timoteo 3:1-6); Ang ikalawa ay ang matatanda (elders sa wikang Ingles at presbyteros sa wikang Griyego), na nangangalaga sa kawan *(flock)* na ibinigay sa kanila (1 Pedro 5:1-4); Ang ikatlo ay ang mga katiwala (diakonos sa wikang Griyego), na katuwang ng mga obispo at matatanda sa pangangasiwa ng mga pang-araw-araw na pangangailangan ng mga pamayanang Kristiyano

(Gawa 6:2-4; 1 Timoteo 3:8-10). Mula rito ay nagkaroon sa Simbahan ng tatlong antas ng kaparian: obispo, pari (presbyter), at diakono.

- Ang bawat sakramento ay nakikilala sa natatanging tanda (sign) na nakikita, naririnig, natitikman, nahahawakan, at naaamoy. Sa pamamagitan ng mga tandang ito ay ibinibigay ang biyayang sakramental (sacramental grace) sa tatanggap nito.

    - Ang tanda ng Sakramento ng Kasal o Matrimonio ay ang panata *(vow)* ng katapatan na sinasabi ng mga ikakasal sa isa't isa. Ito ay tinatawag na pagpapalitan ng pagsang-ayon *(exchange of consent)*, kung saan tinatanggap ng isa sa ikakasal ang pangakong binitiwan ng isa pang ikakasal. Ang panata na ito ay naririnig ng lahat ng dumadalo sa Kasal. Ang singsing na ginagamit ng mag-asawa ay nagsisilbing paalala ng kanilang panata na maging tapat sa isa't isa.

    - Ang tanda ng Sakramento ng Ordinasyon ay ang pagpapatong ng kamay *(laying of hands)* sa lalaking inoordinahang diakono, pari, o obispo. Ang pagpapatong ng kamay ay ginawa ng mga apostol upang ipasa ang kapangyarihan ng Pagkapari *(Priesthood)* ng Panginoong Jesukristo (tingnan ang Gawa 6:6 at 2 Timoteo 1:6). Nang maglaon ay gumamit din ang Simbahan ng banal na langis na tinatawag na krisma *(chrism oil)* upang italaga ang mga pari at obispo sa paglilingkod sa Diyos. Ang inoordinahang pari ay nilalangisan ang mga kamay, habang ang inoordinahang obispo ay binubuhusan ng langis sa ulo.

- Ang anomang sakramento ay iginagawad sa pamamagitan ng isang tagapaglingkod *(minister of the sacrament)*, bilang tanda na ang mga ito ay tinatanggap sa pamamagitan ng Simbahan.

- Bagama't ito ang iniisip ng marami, ang minister ng Sakramento ng Kasal o Matrimonio ay hindi ang pari, kundi ang dalawang Kristiyanong ikinakasal. Ang kanilang pagpapalitan ng pagsang-ayon sa harap ng pamayanan at pari ay ang sakramento. Samakatuwid, ikinakasal nila ang kanilang sarili sa isa't isa. Ang pari ay ang tumatayong kinatawan (representative) ng Simbahan na nagbabasbas sa mga pangako ng Kasal ng mag-asawa *(marriage vows)*.

- Ang minister ng Sakramento ng Ordinasyon ay ang obispo. Ito ay dahil ang obispo ang tumatayong kahalili *(successor)* ng mga apostol. Ang obispo ang nakatanggap ng kabuuan *(fullness)* ng Banal na Orden (KIK, 1557), at siyang may karapatang ibahagi at ipasa ito sa iba sa pamamagitan ng Ordinasyon ng ibang obispo, at ng mga pari at diakono.

- Ang bawat sakramento ay may iginagawad na biyayang sakramental *(sacramental grace)*. Ito ay ang natatanging biyayang tinatanggap ng sinomang tumatanggap ng mga sakramento.

    - Ang biyayang sakramental ng Kasal o Matrimonio ay ang biyaya ng katapatan sa sinumpaang pagmamahalan ng mag-asawa. Ang mga nangakong magiging tapat sa kanilang asawa ay tinutulungan ng biyaya ng Diyos na tuparin ang kanilang tungkulin. Ito ang dahilan kung bakit itinuro ng ating Panginoong Jesukristo na ang Kasal ay panghabambuhay; kamatayan lamang ang makakaputol sa pangakong binitiwan nila.

- Ayon sa turong ito, hindi pinahihintulutan ang paghihiwalay *(divorce)* ng mag-aasawa. Katulad ng nakita sa itaas, ito ay ang turo ng Panginoong Jesukristo sa Ebanghelyo.

- Ang biyayang sakramental ng Ordinasyon ay ang kapangyarihang gumalaw *(act)* sa ngalan ni Kristo. Ayon sa turo ng Simbahan, ang Ordinasyon (katulad ng Binyag at Kumpil) ay naggagawad ng isang permanenteng marka *(indelible mark)* sa kaluluwa ng isang obispo, pari, o diakono. Ang kapangyarihan ng pagpapari ay nagbibigay sa mga naordinahan ng biyaya na magturo, mamuno, at magpabanal ng sambayanan ng Diyos sa pamamagitan ng pamumuno sa pagdiriwang ng mga sakramento. Totoo ang kasabihan sa Ingles na *"Once a priest, always a priest."*

- Ang dalawang sakramentong ito – ang Kasal o Matrimonio, at Ordinasyon – ay tinatawag na mga sakramento ng paglilingkod dahil ang kanilang pangunahing tunguhin ay patuloy na buuin ang Simbahan. Ang mag-asawa, kasama ang kanilang mga anak, ang nagbubuo sa Simbahang pantahanan *(domestic Church)*. Sa tahanan unang nakikilala ng mga anak ang pagmamahal ng Diyos, sa pamamagitan ng pagmamahal ng mga magulang sa kanilang mga anak. Sa tahanan unang natututuhan ang buhay Kristiyano (LG, 10).

Larawan mula sa Diyosesis ng Kalibo



- Ang mag-asawa ay tinatawag sa katapatan upang maitaguyod ang pamilya. Isang malaking kasalanan laban sa ikaanim na utos ang pakikiapid - o ang pakikipagrelasyon o pakikipagtalik sa hindi asawa. Sinasabi natin minsan na “palampasin na lang” ang mga may *“number 2”* dahil “normal lang ito”; ngunit sa ating pananampalataya, ito ay isang malaking pagtataksil sa asawa, at isang mabigat na kasalanan (mortal sin) sa harap ng Diyos.

- Ang Ordinasyon at biyaya ng kaparian *(gift of the priesthood)* ay patuloy na nagbubuo at nagtataguyod sa Simbahan sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng pagdiriwang ng mga sakramento, lalo na ng Sakramento ng Banal na Eukaristiya. Bagama’t lahat ng bininyagan ay nakikibahagi sa pagkapari *(priesthood)* ng Panginoong Jesukristo, ang mga diakono, pari, at obispo ay pinipili sa natatanging paraan upang maging tagapaglingkod *(minister)* para sa buong sambayanan ng Diyos.

- Ang isang naordinahang obispo, pari, o diakono ay nakatalaga sa pagsisilbi sa Diyos at sa sambayanan; kasama rito ang pangako ng pagiging simple o pagdaralita *(poverty)*, kalinisan *(chastity)*, at pagsunod sa nakatataas sa kanya *(obedience)*. Isang mabigat na kasalanan para sa isang naordinahan ang lumabag sa kanyang mga pangakong binitiwan noong Ordinasyon, sa pamamagitan ng pamumuhay ng marangya at pagwawalang-bahala sa mahihirap; pakikipagrelasyon o pakikipagtalik sa kahit kanino; at pagsalungat sa iniutos ng lehitimong nakatataas sa kanya.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga

katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Ang pag-aasawa at pagpapari ay mga bokasyon sa loob ng Simbahan. Ang Diyos, ang pinagmumulan ng lahat ng bagay, ay ang tumatawag sa Kanyang mga tagasunod na mamuhay sa paraang kalugod-lugod sa Kanya.

Ating tungkulin na alamin ang bokasyon na ibinigay sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng pananalangin at pagsasangguni sa mga may kaalaman tungkol sa mga bagay na ito. Matapos alamin, gampanan natin ang bokasyong ito bilang pagsunod sa kalooban ng Diyos.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Maraming nagsasabi na ang bokasyon sa pagpapari ay “mas banal” o “mas mataas” kaysa sa bokasyon ng pag-aasawa. Hindi ito totoo. Ang Kasal/Matrimonio at Ordinasyon ay parehong sakramentong itinatag ng ating Panginoong Jesukristo, at pareho itong naggagawad ng biyayang sakramental *(sacramental grace)* sa sinomang tumatanggap nito. Sa katunayan, maraming santo at santa ang may asawa, tulad nina San Isidro Labrador at Santa Maria de la Cebeza (mag-asawa), San Luis at Santa Zelie Martin (mag-asawa at magulang ni Santa Teresita ng Batang Jesus), Santa Monica, at Santa Rita ng Cascia. Gayundin naman ay may mga naging santo na obispo, pari, at diakono: San Agustin at San Ambrosio (mga obispo); San Vicente de Paul, San Ignacio ng

Loyola, at San Maximilian Kolbe (mga pari);
at San Esteban at San Lorenzo (mga diakono).

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Ang pag-aasawa ay isang daan patungo sa kabanalan. Sa pamamagitan ng panalangin at pagsasakripisyo ng bawat isa para sa pamilya, ang mag-asawa ay nagiging banal sa pamamagitan ng kanilang pagsasama. Kung mayroon tayong kaugalian na ipinagdarasal ang ating asawa ay ituloy natin ito; dahil nabibigkis ang mag-asawa ng biyayang sakramental, ang kanilang panalangin para sa isa't isa ay lubos na kalugod-lugod sa Diyos.

Gayundin naman, ugaliin nating ipanalangin na mayroong mga lalaki sa ating panahon na tumugon sa tawag ng ating Panginoong Jesukristo na magpari. Kapag mayroong kabataan na nagbahagi ng kanyang interes sa atin na pumasok sa seminaryo, suportahan natin ito sa abot ng ating makakaya.



Ikatlong Yugto
"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Ipaalala sa mga kalahok na kailangang gawin ang lahat ng pag-aalaga at pagtataguyod sa pamilyang Kristiyano. Ang panghihina at panlalamig ng

pamilya sa pananampalataya ay may masamang idudulot sa buong Simbahan. Gayundin ay kinakailangang itaguyod ang kaparian ng Simbahan, upang matulungan ang ating mga diakono, pari, at obispo na maging tapat sa kanilang tungkuling maglingkod sa Bayan ng Diyos. Hikayatin ang mga kalahok na ipanalangin ang kabanalan ng pamilya, at ng kaparian ng Simbahan. Ang Kapistahan ng Banal na Puso ni Jesus *(Sacred Heart of Jesus)* ay kinikilala ring araw ng panalangin para sa kabanalan ng mga pari. Ipaalala sa mga kalahok na mainam makapagsimba sa araw na ito.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa pag-aasawa at pagpapari, o naitamang maling paniniwala tungkol sa katapatang hinihingi sa Kasal at Ordinasyon, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin tungkol sa kanilang buhay mag-asawa o bilang isang seminarista.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang "baon".

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Mainam na isama sa panalangin na maging tapat ang lahat ng kalahok sa kanilang bokasyon, maging ito man ay pag-aasawa o pagpapari. Bigyan ng pagkakataon ang bawat isa na ipanalangin ang kanilang mga asawa (para sa mga may asawa), at ang kanilang sarili (para sa mga naghahanda mag-asawa o magpari).

Larawan mula sa Diyosesis ng San Jose de Antique





Ikatlong Bahagi:

Mga Modyul para sa mga Natatanging Pangangailangan

Kabanata IX

Ano ang Mangyayari sa Katapusan ng Buhay?

Ang Buhay na Walang Hanggan

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang Kristiyanong pananaw tungkol sa kamatayan;
- Ang mga pangyayari tungkol sa pagpasok sa buhay na walang hanggan;
- Ang kahulugan ng pagkabuhay na muli ng mga namatay, at ang Huling Paghuhukom;
- Ang turo ng Simbahan tungkol sa demonyo, na mga kaaway ng ating kaligtasan; at
- Ang kahalagahan ng paghahanda sa sariling kamatayan, at pananalangin para sa mga yumaong Kristiyano.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang sariling karanasan tungkol sa kamatayan.

- Magbigay ng isang taong malapit sa iyo na pumanaw na.
- Ano ang iyong pakiramdam tungkol sa kanyang pagpanaw?

Ipakuwento sa mga kalahok ang kanilang mga karanasan tungkol sa pagharap sa realidad ng kamatayan ng kanilang mahal sa buhay. Ano ang kanilang naramdaman? Paano nila ito hinarap at tinanggap? Ano ang mga nakatulong upang maibsan ang kanilang kalungkutan o pagdadalamhati?

Bilang paglalagom sa talakayan, tanungin ang mga kalahok sa kahalagahan ng paghahanda para sa sariling kamatayan.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Ang buhay ng tao sa lupa ay may hangganan. Ang hangganan na ito ay tinatawag nating kamatayan *(death).* Bagama't ito ay tiyak na darating sa buhay ng tao, hindi natin malalaman nang may katiyakan ang sarili nating kamatayan, o ang kamatayan ng ating mga mahal sa buhay. Ito ang dahilan kung bakit ang

karanasan ng kamatayan ay kadalasang malungkot at masakit para sa mga naiwanan. Ang kamatayan ay ang tiyak at huling pamamaalam ng isang tao; hindi na natin pa muling makikita o makakasama sa buhay na ito ang isang taong namatay na.

- Sa ating pananampalatayang Kristiyano, mayroong tinatawag na "Apat na Huling Bagay" *(Four Last Things)* sa buhay: kamatayan, paghuhukom, langit, at impiyerno.

- Ang apat na bagay na ito ay ang mangyayari sa wakas ng ating buhay dito sa lupa (kamatayan), at sa buhay na walang hanggan (paghuhukom, langit, at impiyerno). Kung mapapansin, ang mas binibigyang-diin ay ang buhay na walang hanggan pagkatapos ng ating buhay dito sa lupa, na ating pinapasok sa pamamagitan ng kamatayan.

- Ang kamatayan ay ang pagtatapos ng ating buhay sa lupa (KIK, 1007). Ito ay hinuhudyat ng pagkalagot ng hininga at pagtigil ng pagtibok ng puso. Ang kamatayan ay isang natural na proseso ng pagtatapos ng buhay. Ngunit bilang mga Kristiyano, dalawa ang ating masasabi tungkol sa kamatayan:

    - Ang kamatayan ay kabayaran sa kasalanan (Roma 6:23). Wala sa orihinal na plano ng Diyos ang kamatayan para sa Kanyang mga nilalang sapagkat Siya ay ang Diyos ng Buhay. Sa kasamaang palad, pumasok ang kamatayan dahil sa pagkakasala ng tao. Ayon kay San Pablo, ang kamatayan ang "huling kaaway" ng tao (1 Corinto 15:26; KIK, 1008).

    - Ang kamatayan ay ang paraan upang makipag-isa sa Panginoong Jesukristo. Sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay sa krus, binali ng

Panginoong Jesukristo ang sumpang dulot ng kamatayan. Si San Pablo ay nagpahayag ng kanyang kahandaang mamatay upang makapiling ang Panginoon (Filipos 1:23). Ang mga santo at santa ay hindi natakot sa kamatayan, tulad ni Santa Teresa ng Avila, na nagsabing, "[n]ais kong makita ang Diyos at upang makita siya, kailangang mamatay" (KIK, 1011). Kaya naman, ang isang Kristiyano ay hindi na kailangang matakot sa kamatayan dahil ito ang paraan upang makabalik sa Diyos (KIK, 1011).

- Matapos ang ating kamatayan, ang ating katawang-lupa ay ililibing (o susunugin) nang may paggalang, sapagkat ito ay isang templo ng Espiritu Santo (tingnan ang 1 Corinto 6:19). Sa liturhiya ng Simbahan ay binabasbasan ang katawan ng isang pari, habang nananalangin ang lahat para sa kaluluwa ng namatay. Sa ating kaugaliang Pilipino ay mayroong pasiyam (novena) para sa mga yumao, na ginagawa matapos ang libing; ang pagdarasal sa ikaapatnapung araw ng pagkamatay; at ang babang-luksa isang taon pagkalipas ng kamatayan.

Larawan mula sa Military Ordinariate



- Ang kaluluwa ng namatay ay pumupunta sa Diyos: “Minsan lamang mamatay ang mga tao, at pagkatapos ay may paghuhukom” (Hebreo 9:27). Sa paghuhukom na ito ay susulitin ng Diyos ang buhay ng tao batay sa kanyang mga nagawa noong siya ay nabubuhay pa. Ang batayan ng pagsusulit na ito ay ang pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kapwa -ang dalawang pinakamahalagang kautusan (tingnan ang Mateo 22:37-39).

- Matapos ang paghuhukom ng Diyos, may dalawang permanenteng estado (hindi lugar) na pupuntahan ang tao: ang langit na para sa mababuti, at ang impiyerno na para sa masasama.

    - Ang langit *(heaven)* ay ang buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos. Ito ang katuparan ng lahat ng ating pagsisikap na hanapin ang kasiyahan, sapagkat ang pinakamataas na antas ng kasiyahan ay ang makapiling ang Diyos, na Siyang bukal at saligan ng ating buhay. Sinabi ni San Agustin, “Ginawa mo kami para sa Iyo, O Panginoon, at ang aming mga puso ay hindi mapapanatag hangga’t hindi napapahinga sa Iyo.”

    - Ayon naman kay Santo Tomas Aquino, sa langit ay binibiyayaan ang mga banal na “makita ang Panginoon” *(Beatific Vision)*, na Siyang Katotohanan at Buhay.

    - Ang impiyerno *(hell)* ay hindi nilikha para sa tao; bagkus, ito ay para sa mga anghel na tumalikod

sa Diyos at naging mga demonyo o diablo. Gayunpaman, dito matatagpuan ang mga tao na hindi humingi ng tawad sa kanilang mabigat na kasalanan hanggang kanilang kamatayan, kaya sila ay namatay sa kanilang kasalanan. Sa impiyerno ay walang hanggan ang pagkahiwalay ng tao sa Diyos; ito ang sanhi ng walang hanggang pagkauhaw sa Diyos, at pagdadalamhati na hindi ito mapupunuan kailanman.

- Ayon sa turo ng Simbahan, may estado na hindi permanente para sa mga namatay na tinatawag na purgatoryo. Ang purgatoryo ay isang panggitnang estado *(middle state)* kung saan ang isang namatay na may mga kasalanang hindi mabigat *(venial sins*) ay binibigyan ng pagkakataon na makawala sa kapit ng kanilang mga kasalanan. Ang mga kaluluwa sa purgatoryo, sa paglaon, ay makakamit ang luwalhati ng langit; hindi na sila mapupunta sa impiyerno. Ito ang dahilan kung bakit ipinagdarasal natin ang mga namatay, upang matulungan sila sa kanilang paglilinis *(purification)* bilang paghahanda sa kaluwalhatian ng langit. Hindi napuputol ang ating ugnayan sa ating mga yumaong mahal sa buhay matapos ang kamatayan. Dahil lahat tayo ay magkakaugnay sa Panginoong Jesukristo, naniniwala tayo na ang ating mga panalangin ay nakakatulong upang makawala ang kaluluwa ng ating mga mahal sa buhay mula sa gapos ng kasalanan.

- Dahil ang kamatayan ang “pintuan” para sa buhay na walang hanggan, ang isang Kristiyano ay naghahanda para sa sarili niyang kamatayan. Ang pinakamabisang paghahanda ay ang pamumuhay ng ayon sa utos at kalooban ng Diyos, buhay- panalangin, at pagtulong sa kapwa.

- Sa katunayan, ang ating pagsisikap na maging mabuti sa buhay na ito ay nakasandal sa ating pag-asang makapiling ang Diyos sa kabilang buhay. Napakalaking trahedya na mamatay ang tao na hindi nakikipagkasundo sa Diyos – ito ay tunay na mapanganib!

- Itinuturo ng Simbahan ang katotohanan tungkol sa pagkakaroon ng demonyo o diablo, ang mga anghel na tumalikod sa Diyos at hindi gustong pumailalim sa Kanyang kapangyarihan. Sila ay mga purong espiritu *(pure spirits)*, at bagama't hindi sila nakikita ay may kapangyarihan silang tuksuhin ang tao upang tumalikod sa Diyos at magkasala. Ang kanilang pinuno ay si Satanas (na ibig sabihin ay kaaway sa wikang Hebreo). Si Satanas at ang lahat ng mga demonyo (na tinatawag ding fallen angels) ay kaaway ng kaligtasan ng tao. Ayon kay San Pedro (5:8-9), "..aali-aligid ang diyablo na inyong kaaway at gaya siya ng umaatungal na leong humahanap ng masisila. Labanan ninyo siya na matatag sa pananampalataya."

- Ayon sa Sumasampalataya *(Apostles' Creed)*, naniniwala tayo sa "sa pagkabuhay na mag-uli ng mga nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan". Ang turo ng Simbahan ay sa wakas ng panahon ay magaganap ang pagkabuhay ng lahat ng mga patay, at matapos nito ay magaganap ang Huling Paghuhukom. Ito ay batay sa turo ng ating Panginoong Jesukristo sa Ebanghelyo (tingnan ang Mateo 25:31-46; Lucas 9:26-27). Sa Huling Paghuhukom ay magiging ganap ang pagka-Panginoon ni Kristo, sapagkat sa Kanya ibinigay ng Ama ang lahat ng kapangyarihan bilang hukom ng sangkatauhan. Ang lahat ng namatay ay bibigyan ng panibagong katawan, at ang katawan at kaluluwa ng lahat ay dadalhin sa langit o isusumpa sa impiyerno.

Larawan mula sa Diyosesis ng San Fernando de La Union



- Dahil ang gantimpala para sa isang taong nailigtas ng ating Panginoong Jesukristo ay ang kaluwalhatian ng langit, at ang parusa ay ang walang hanggang pagkahiwalay sa Diyos sa impiyerno, napakalaki ng nakasalalay sa ating mga desisyon sa buhay na ito. Nais ng Diyos na ang lahat ng tao ay maligtas at makaalam ng katotohanan (tingnan ang 1 Timoteo 2:4). Hindi kalooban ng Diyos na may mapunta sa impiyerno, kahit isa mang tao. Kaya napakahalaga na magtulungan ang lahat sa pagiging mabuti, at suportahan ang paglalakbay ng bawat isa sa piling ng Diyos. Nasa Simbahan ang lahat ng tulong na ating kailangan upang makapamuhay nang banal: ang Salitang Diyos, mga sakramento, karunungan ng mga pantas, at panalangin ng lahat ng mga banal. Ito ay para matulungan tayo sa ating buhay pananampalataya.

- Ang lahat ng uri ng pagwawalang-bahala sa sariling buhay at sa buhay ng iba ay kasalanan sa Diyos, at labag sa ikalimang utos laban sa pagpatay. Kasama rito ang pananakit ng ibang tao *(violence)*; pagkitil ng sariling buhay *(suicide)* o pagtatapos ng buhay ng



mga matanda at may kapansanan *(euthanasia)*; pag-abuso sa katawan sa pamamagitan ng ipinagbabawal na gamot (droga), pag-inom *(alcohol abuse)*, at sobrang pagkain *(gluttony)*; at pananakit sa sariling katawan *(self-harm o self-mutilation)*.

- Sa aspektong espiritwal naman ay iwasan ang lahat ng pagkakataon na akayin ang iba sa kasamaan. Ito ay tinatawag na kasalanan ng masamang halimbawa *(giving scandal)*, at maling pagmamatuwid ng kasamaan. Ang pagkakalat ng masamang halimbawa at pagbibigay ng tahasang suporta sa makasalanang pamumuhay ay laban sa ikawalong utos, na naghihikayat sa ating magsabi ng totoo sa lahat ng pagkakataon.

- Ang sabi ng Panginoong Jesukristo, “kung may tumisod at magpadapa sa isa sa maliliit na ito na naniniwala, mas nakabubuti pa para sa kanya na itapon siya sa dagat na may taling malaking bato sa kanyang leeg” (Marcos 9:42).

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng

makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Ang kamatayan para sa isang Kristiyano ay isang panibagong simula; hindi iito kinatatakutan, at hindi masyadong pinaghihinagpisan. Bagama't may lungkot sa ating puso sa pagpanaw ng isang mahal sa buhay, may taglay tayong pag-asa na siya ay nasa ilalim ng habag at awa ng Diyos. Ito ang dahilan kung kaya't ang ating pananaw sa kamatayan ay hindi tulad ng mga walang pananampalataya sa muling pagkabuhay at buhay na walang hanggan. Kaya nating harapin ang kamatayan nang mahinahon at may pag-asa.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Ayon sa turo ng Simbahan, ang isang namatay ay pumupunta sa Diyos upang sulitin ang kanyang mga nagawa. Sa ilang pagkakataon ay pumapayag ang Diyos na magpakita ang isang namatay sa mga buháy, ngunit ito ay madalang mangyari. Hindi naaayon sa turo ng Biblia at ng Simbahan ang paniniwala sa mga "multo", "espiritung ligaw", at "engkanto".

Ang mga paniniwalang ito ay hindi nagbubunga ng pananampalataya sa Diyos, bagkus ay takot at pangamba. Ayon sa ilang eksperto sa pangingilatis *(discernment)*, ang karamihan nito ay mga masasamang espiritu o demonyong nagkukunwari na taong yumao na.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

May kaugalian ang mga Pilipino na ipanalangin ang kanilang mga yumao tuwing buwan ng Nobyembre, simula sa araw ng Undas (Nobyembre 2). Kadalasan ay nagiging makamundo ang pagdiriwang ng Undas sa ating mga sementeryo. Kailangan nating iayon sa diwang Kristiyano ang Undas – ang pananalangin para sa mga yumao nating mga mahal sa buhay. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pagdalaw sa puntod ng ating mahal sa buhay, panalangin, at pagsisindi ng kandila. Maaaring bendisyunan ng agua bendita *(holy water)* ang kanilang puntod.



Ikatlong Yugto

"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Kapag tayo ay nakikiramay sa ating mga kamag-anak o kaibigan na namatayan, hindi sapat na sabihin natin na "nakikiramay ako". Ipahayag natin ang ating pananampalataya na ang kamatayan ay pagpasok sa bagong buhay kasama ang Diyos. Ito ay Mabuting Balita! Huwag natin itong ipagkait sa mga nagdadalamhati sa pagpanaw ng kanilang mahal sa buhay.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa kamatayan batay sa ating

pananampalatayang Kristiyano, o naitamang maling paniniwala tungkol sa huling hantungan ng mga namatay, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin tungkol sa ating pakikipag-ugnayan sa ating mga namatay na mahal sa buhay.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang "baon". Ano ang hamon ng aral ng kamatayan, muling pagkabuhay, at Huling Paghuhukom para sa kanila? Paano nila maisasabuhay ang kanilang pagmamahal para sa kanilang mga yumaong mahal sa buhay?

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Ipanalangin ang mga namatay nating mga mahal sa buhay. Bigyan ang mga kalahok ng pagkakataong banggitin ang kanilang mga pangalan, kung may panahon para dito.



Larawan mula sa Diyosesis ng Kidapawan

Kabanata X

Bakit Kailangang Binyagan ng Anak ko?

Ang Sakramento ng Binyag para sa mga Magulang, Ninong, at Ninang

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang pangangailangan ng Sakramento ng Binyag para sa kaligtasan;
- Ang pagkakatatag ng ating Panginoong Jesukristo sa Sakramento ng Binyag;
- Ang mga simbolong ginagamit sa Binyag; at
- Ang mga biyaya at epekto ng Binyag sa isang Kristiyano.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang pinakamahalagang naibigay na regalo sa kanilang mahal sa buhay.

- Ano ang pinakamahalaga o pinakamahal na regalong naibigay mo? Kanino mo ito ibinigay?

Ipakuwento sa mga kalahok ang kanilang damdamin tungkol sa regalong kanilang ibinigay. Ano ang naramdaman nila nang ibinigay ang regalong ito? Paano ito tinanggap ng kanilang pinagbigyan? Bakit nila ibinigay ang regalo?

Bilang paglalagom sa talakayan, tanungin ang mga kalahok sa kahalagahan ng pagbibigay mula sa puso.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

Kung tayo ay nagpapahalaga sa ating mga ibinibigay na regalo sa ating mga mahal sa buhay, ganoon din ang Diyos. Ang Kanyang unang regalo para sa tao ay ang biyaya ng kaligtasan mula sa kasalanan, at pagkakataong makapiling Siya habambuhay. Ito ay Kanyang ibinibigay sa pamamagitan ng Binyag.

Ang Binyag ang unang sakramentong tinatanggap ng isang Kristiyano. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbubuhos ng tubig sa ulo (o paglulublob) sa taong bibinyagan, habang sinasabing, "(Pangalan), binibinyagan kita sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo".

Ang binyag (o bautismo) ay galing sa salitang baptizein (ilubog sa wikang Griyego). Matatagpuan sa Ebanghelyo na si San Juan Bautista ay nagbinyag ng mga Judio "para sa pagbabagong-buhay" (Mateo 3:11). Bagama't ang Panginoong Jesukristo ay walang sala at hindi kinakailangan ng Binyag, sumailalim Siya sa pagbibinyag ni San Juan Bautista (Mateo 3:13-15; Marcos 1:9-11; Lucas 3:21-22 at Juan 1:29-34). Matapos ang Binyag ay bumaba sa Kanya ang Espiritu Santo sa anyo ng isang kalapati, at may tinig na narinig mula sa langit, "Ito ang aking Anak, ang Minamahal, siya ang aking Hinirang" (Mateo 3:17). Sa pamamagitan nito ay pinasinayaan ng ating Panginoong Jesukristo ang Sakramento ng Binyag, at ginawang banal ang tubig na ibubuhos sa lahat ng bibinyagan para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.

Kasama ang pagbibinyag sa misyong ibinigay ng Panginoong Jesukristo sa Simbahan, sapagkat ito ay tanda ng pagiging tagasunod o disipulo: "Humayo kayo at gawing mga alagad ang lahat ng bansa. Binyagan sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo" (Mateo 28:19).

Ayon kay San Pablo, ang binyag ay sumasagisag ng pagkamatay sa kasalanan, sapagkat "[s]a binyag tayo nalibing kasama ni Kristo" (Roma 6:4). Para sa mga unang Kristiyano, ang binyag ay ang pakikiisa sa pagkamatay ng Panginoong Jesukristo upang buhayin tayong kasama Niya sa wakas ng panahon.

Larawan mula sa Diyosesis ng Kabankalan



Ang maaaring binyagan ay ang sinomang hindi pa nabibinyagan, sanggol man, bata o matanda. Ang pagbibinyag sa mga sanggol ay pinapahintulutan ng Simbahan, sapagkat walang itinatangi ang biyaya ng Diyos.

Ang kadalasang nagbibinyag ay obispo, pari, o diakono. Ngunit kapag ang isang tao ay nanganganib mamatay anomang oras at hindi makapaghihintay ng isang pari o diakono, kahit sino ay maaaring magbinyag. Ang magbibinyag ay kukuha ng tubig, ibubuhos ito sa ulo ng bibinyagan habang sinasabi, "Binibinyagan kita sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo."

Sa ordinaryong pagdiriwang ng binyag sa simbahan, may apat na simbolong ginagamit:

- **Tubig.** Sa kung paanong paraan ang tubig ay nakakalinis ng dumi at nakakapawi ng uhaw, sa tubig ng Binyag ay nalilinis ang kasalanang minana *(original sin)* at lahat ng mga kasalanang nagawa *(actual sins)*, at binibigyan siya ng bagong buhay bilang anak ng Diyos.

- **Banal na Langis (Krisma)**. Ang binibinyagan ay pinapahiran ng langis sa bunbunan ng ulo bilang "marka" na siya ay isang Kristiyano. Siya ay kabilang sa misyon ng Panginoong Jesukristo bilang pari (manalangin sa Diyos), hari (magsilbi sa kapwa), at propeta (magpahayag ng katotohanan).

- **Kandilang May Sindi**. Ito ay ibinibigay sa bagong nabinyagan, o sa kanyang mga magulang, ninong at ninang, bilang sagisag ng liwanag ni Kristo at tanglaw ng Espiritu Santo. Ang liwanag na ito ay ibinabahagi ng mga magulang, ninong, at ninang sa batang nabinyagan; sa tamang gulang ay ang binyagang Kristiyano naman ang magdadala ng liwanag na ito sa iba.

- **Puting Damit.** Ito ang tanda ng dignidad ng isang Kristiyano bilang anak ng Diyos.

- Sana ay panatilihin ng nabinyagan ang pagkabusilak ng dignidad na ito at huwag dungisan sa pamamagitan ng paggawa ng kasalanan.

- Ang biyayang sakramental *(sacramental grace)* ng Binyag ay ang panibagong buhay bilang anak ng Diyos, pagpapatawad sa lahat ng kasalanan, ang kaloob ng Espiritu Santo, at ang pag-anib sa Simbahan. Sa pamamagitan ng Binyag ay maaari nang tanggapin ng isang Kristiyano ang iba pang mga sakramento.

- Ang Sakramento ng Binyag ay naggagawad ng isang permanenteng marka *(indelible mark)* sa kaluluwa ng isang nabinyagan, na siya ay habambuhay nang anak ng Diyos at disipulo na ating Panginoong Jesukristo. Dahil ang permanenteng markang ito ay sumasagisag

sa katapatan ng Diyos, ang Binyag na minsang tinanggap ng isang Kristiyano ay panghabambuhay, at hinding-hindi inuulit. Tama ang kasabihan sa Ingles na, *"Once a Catholic, always a Catholic."*

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Ang pagiging ninong o ninang ay isang malaking karangalan, at isa ring malaking gampanin o responsibilidad. Ang ninong o ninang ay ang katuwang ng mga magulang sa pagtuturo ng pananampalataya sa bata habang ito ay lumalaki. Bago natin tanggapin ang paanyayang ito, siguraduhin natin na kaya nating gampanan ang mga tungkulin ng isang ninong o ninang.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Dito sa Pilipinas, "normal" na ang magpabinyag ng anak dahil marami ang Katoliko. Ngunit batay sa ating napag-aralan, ang Sakramento ng Binyag ay hindi ginagawa dahil lamang ito ay "nakasanayan na", ngunit dahil ito ay isang biyayang galing sa Diyos.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Kailangan nating pasalamatan ang mga magulang na

nagdadala sa kanilang anak sa simbahan upang mabinyagan. Ito ay nagpapakita ng kanilang malasakit para sa espiritwal na pangangailangan ng kanilang anak, at ang kanyang kaligtasan.

Napakahalaga ng Sakramento ng Binyag at hindi ito dapat ipinagpapaliban ng matagal na panahon.



Ikatlong Yugto

"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Ang pag-akó sa responsibilidad ng isang ninong o ninang ay kinakailangan ng paghahanda upang magkaroon sila ng kakayahang maibahagi ang pananampalataya sa kanilang inaanak. Ang pangunahing responsibilidad sa pagpapasa ng pananampalataya ay nasa mga magulang at mga ninong at ninang. Sila ang naglalatag ng pundasyon ng pananampalataya.

Tanungin ang mga kalahok kung paano nila pinaplanong gawin ito sa kanilang inaanak, at ang mga hamon na kanilang haharapin sa pagtupad ng responsibilidad na ito.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilanghamon para sa kanila batay sa kanilang "baon".

Hintayin ang pagsisimula ng pagdiriwang ng Binyag (kung ito ay gagawin matapos ang *catechism class)*. Hikayatin ang mga ninong at ninang na ipanalangin ang kanilang inaanak, ang batang bibinyagan, upang siya ay lumaking mabuting tao at may takot sa Diyos.



Larawan mula sa Diyosesis ng Kidapawan

Kabanata XI

Bakit Kailangang Kumpilan bago Ikasal?

Sakramento ng Kumpil para sa mga Ikakasal

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang pagpapakilala sa Espiritu Santo sa Biblia;
- Ang malalim na ugnayan ng Espiritu Santo at ng Simbahan sa pagsasagawa ng misyong iniatas ng Panginoong Jesukristo;
- Ang mga tanda ng Sakramento ng Kumpil, at ang biyayang ibinibigay nito; at
- Ang mga kaloob at bunga ng Espiritu Santo para sa lahat ng nakumpilan.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa isang taong kanilang kilala na nagtanggol sa kanila.

- Magbigay ka ng halimbawa ng isang tao na ipinagtanggol ka. Ano ang pakiramdam na may nagtatanggol sa iyo?

Ipakuwento sa mga kalahok ang kanilang mga karanasan tungkol sa kanilang naging tagapagtanggol. Sino ito sa kanilang buhay? Ano ang ginawa ng nagtanggol sa kanila na hindi nila malilimutan? Ano ang kanilang naramdaman nang nalaman nila na mayroon silang masasandalang tagapagtanggol?

Bilang paglalagom sa talakayan, tanungin ang mga kalahok sa kahalagahan ng isang tagapagtanggol.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Kapag may mga pagkakataon na hindi natin maipagtanggol ang sarili natin mula sa sinomang nag aakusa o nang-aaway sa atin, mahalaga na mayroong isang tagapagtanggol na tatayo para sa atin. Ang tagapagtanggol ay ang magtataguyod ng ating mga karapatan, at ang ating kapakanan, ang ating kakampi

sa laban. Dahil sa pagmamahal sa atin ng Ama, isinugo Niya ang Espiritu Santo sa ating mga sumasampalataya sa Panginoong Jesukristo bilang isang Tagapagtanggol *(Advocate*).

- Ang Espiritu Santo ay ang ikatlong Persona ng Banal na Santatlo, na isinugo ng Ama sa ngalan ng ating Panginoong Jesukristo (Juan 15:26). Siya ay bumaba sa mga apostol at mga unang alagad noong Pentekostes, o ikalimampung araw mula nang mabuhay muli ang Panginoong Jesus mula sa kamatayan (Gawa 2:1-4). Ang pagbaba ng Espiritu Santo ay nagpasimula ng misyon ng Simbahan na ipangalat ang Mabuting balita sa lahat ng dako, at sa lahat ng panahon. Hindi lilisanin ng Espiritu Santo ang Simbahan hanggang sa wakas ng panahon.

- Ang Sakramento ng Kumpil ay may batayan sa Bagong Tipan. Nang si San Pablo ay dumaan sa isang bayan sa Efeso at may nakilalang mga alagad, tinanong nila kung natanggap nila ang Espiritu Santo. Nang sinabi nilang hindi, sila ay agad na nagpabinyag, at "nang ipatong sa kanila ni Pablo ang kanyang mga kamay, sumakanila ang Espiritu Santo; nagsalita sila sa ibang wika at nagpropesiya" (Gawa 19:6). Katulad ng ginawa ni San Pablo sa mga unang alagad, ganito rin ang ginagawa ng obispo (o ng paring kanyang itinalaga) upang ipanalangin ang pagbaba ng Espiritu Santo.

- Ang Espiritu Santo ay unang nananahan sa atin sa araw ng ating Binyag. Siya ang "espiritu ng pag-aampon" na nag uudyok sa atin na manalangin sa Diyos bilang Ama (Roma 8:15). Ang biyayang ito ng Espiritu Santo ay mas pinagtitibay sa Sakramento ng Kumpil, kung saan ipinapagkaloob sa atin bilang mga alagad ang kapangyarihang ihayag si Jesus bilang Panginoon, at makiisa sa misyon ng Simbahan.

- Tuwing ipinagdiriwang ang Sakramento ng Kumpil ay bumababa ang Espiritu Santo sa mananampalataya, at Kanyang ibinabahagi ang Kanyang mga kaloob *(gifts)*. Ang pitong kaloob ng Espiritu Santo ay batay sa hula ni Propeta Isaias (11:2-3), at ipinaliwanag sa atin nang maigi ng mga pantas ng Simbahang tulad ni Santo Tomas Aquino. Ang Pitong Kaloob ng Espiritu Santo ay ang mga sumusunod:

    - **Karunungan *(Wisdom)*.** Ito ang biyaya na nagbubungang maranasan sa isang malalim na paraan (sa antas ng ating espiritu at kaluluwa) ang kabutihan at kagandahang loob ng Diyos.

    - **Pagkaunawa *(Understanding)*.** Ito ang biyayang nagbibigay ng tanglaw sa ating isip upang makita ang kagandahan ng ating pananampalataya, makilala nang mas malalim kung sino ang Diyos, at makita ang Kanyang galaw sa lahat ng Kanyang nilikha, at sa mga pangyayari sa ating buhay.

    - **Kaalaman *(Knowledge)*.** Ito ang biyayang umaakay sa atin upang makilala ang ating sarili at ang ibang mga nilikha mula sa pananaw ng

Larawan mula sa Apostolic Vicariate ng San Jose (Occidental Mindoro)



Diyos, upang magkaroon tayo ng gabay kung paano natin Siya paglilingkuran sa ating buhay.

- **Pagpapayo *(Counsel)*.** Ito ang biyayang nagbibigay ng karunungan sa atin upang makilatis ang mga bagay tungkol sa Diyos, upang piliin ang pinakamagandang paraan kung paano matutupad ang Kanyang kalooban sa ating buhay.

- **Katatagan *(Fortitude).*** Ito ang biyayang nagbibigay ng lakas ng loob (inner strength) na gawin ang anomang kinakailangan upang makapagsilbi tayo sa Diyos at gawin ang kalooban Niya.

- **Kabanalan *(Piety).*** Ito ang biyayang nagbibigay sa atin ng pagnanasang maging malapit sa Diyos at gawin ang lahat alang-alang sa Kanyang luwalhati, kung kaya't ang lahat nang ating ginagawa ay nagiging matamis, magaan, at kaaya-aya sa ating kaluluwa.

- **Banal na Takot sa Diyos *(Fear of the Lord)*.** Ito ang biyayang nag-uudyok sa atin na layuan ang anomang hindi naaayon sa kalooban ng Diyos. Ito ay hindi takot sa parusa ng Diyos, ngunit takot bunga ng pagmamahal, dahil ayaw natin Siyang suwayin.

- Ang Sakramento ng Kumpil ay isinasagawa sa pamamagitan ng dalawang tanda *(signs)*:

  - **Pagpapatong ng Kamay.** Katulad ng ginawa ni San Pablo at ng ibang mga apostol, ito ay nagsasagisag ng pagdulog sa Diyos upang bumaba ang Espiritu Santo sa tatanggap. Kasama ng pagpapatong ng kamay ay ang

panalangin upang hingin sa Ama ang pagbaba ng Espiritu Santo at ang paggawad ng Kanyang pitong biyaya.

- **Pagpapahid ng Langis.** Katulad ng ginagawa sa Binyag, ang kukumpilan ay papahiran ng langis sa noo, habang sinasabi ng obispo o pari, “Tanggapin mo ang tatak ng kaloob ng Espiritu Santo”, kung saan ang kukumpilan ay sasagot ng “Amen” bilang pagtanggap sa mga kaloob na ito. Matapos nito ay babatiin siya ng obispo o pari, “Sumaiyo ang kapayapaan,” at ang nakumpilan ay sasagot ng “At sumainyo rin”. Ang unang pagbati matapos ang pagpapahid ng langis ay tungkol sa kapayapaan sapagkat ang unang bunga *(fruit)* ng Espiritu Santo ay kapayapaan sa tumatanggap sa Kanya.

- Kapag ang isang bata ay nabinyagan habang sanggol, ang Sakramento ng Kumpil ay iginagawad kapag siya ay pitong taong gulang o pataas. Kapag naman ang isang tao ay nabinyagan ng matanda na, ang Kumpil ay isinasabay sa Sakramento ng Binyag. Hangga’t maaari ay matanggap ng bata ang Sakramento ng Kumpil sa tamang gulang. Ang may pangunahing responsibilidad para masiguro ito ay ang mga magulang.

- Ang lingkod *(minister)* sa paggawad ng Sakramento ng Kumpil ay ang Obispo, sapagkat siya ang nakatanggap ng kabuuan ng Sakramento ng Ordinasyon (KIK, 1313). Sa ilang pagkakataon ay itinatalaga niya ang ilang pari na maggawad ng Kumpil.

- Ang biyayang sakramental na dulot ng Sakramento ng Kumpil ay ang mas malalim na pag-aari sa atin ng Diyos bilang Kanyang mga anak. Mas pinagtitibay ang



Larawan mula sa Prelature ng Infanta

pananahan at ang mga kaloob ng Espiritu Santo sa ating kaluluwa. Dahil dito ay mas lumalalim ang ating pagiging alagad, at pinagtitibay ang ating ugnayan sa Simbahan, na Katawang Mistiko ni Kristo.

- Katulad ng Binyag, ang Sakramento ng Kumpil ay nag-iiwan sa kaluluwa ng isang permanenteng marka *(indelible character)*, na habambuhay ay tayo'y pinupuspos ng mga kaloob ng Espiritu Santo (KIK, 1304). Nasa sa atin kung paano natin gagamitin ang mga kaloob na ito. Dahil dito ay ang Kumpil ay maaari lamang tanggapin ng isang beses, at hindi ito inuulit.

- Ayon kay San Pablo, ang mga kaloob ng Espiritu Santo ay nagbubunga sa buhay ng isang alagad (Galasya 5:22-23). Kung titingnan ang mga ito, makikita na sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu Santo, tayo ay nagiging katulad ng ating Panginoong Jesukristo sa ating asal at pag-uugali. Pinangalanan ni San Pablo ang siyam na bunga ng Espiritu Santo:

    - Pag-ibig *(Love*)
    - Tuwa *(Joy)*
    - Kapayapaan *(Peace)*

- Pagtitiis *(Patience)*
- Kagandahang-loob *(Kindness)*
- Kabutihan *(Generosity)*
- Pagtitiwala *(Faithfulness)*
- Pagiging Mahinahon *(Gentleness)*
- Pagtitimpi *(Self-control)*

- Sa ating buhay-pananampalataya, huwag nating kakalimutan ang pagdulog sa Espiritu Santo. Si San Efren, isang pantas ng Simbahan, ay tinatawag na "Alpa ng Espiritu Santo" dahil sa kanyang malalim na pagkaunawa sa galaw ng Espiritu Santo sa ating buhay. Sinabi niya, "Lumalapit ang Espiritu Santo kapag tayo ay nananalangin, at inaangat Niya tayo patungong langit".

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Hindi nabibigyan ng pagpapahalaga ang Espiritu Santo sa pang araw-araw na buhay natin. Ito ang dahilan marahil kung bakit hindi tatanggap ang mga kalahok ng Sakramento ng Kumpil sa tamang edad. Hindi ito nabigyan ng puwang na nararapat para sa buhay ng isang Kristiyano. Ngayon ay naibahagi ang napakalaking gampanin ng Espiritu Santo sa ating buhay. Mula ngayon, ugaliin na humingi ng patnubay at tulong ng Espiritu Santo sa lahat ng ating gagawin. Siya ang Tagapagtanggol na inatasan ng Ama na samahan tayo sa lahat ng sandal ng ating buhay.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Ayon sa ating pagbabahagi, ang biyayang ating ntanggap sa Binyag ay napapalalim at napapatatag nang mas maigting sa pamamagitan ng Sakramento ng Kumpil. Ito ang dahilan kung bakit kakabit ang Sakramento ng Kumpil ng Binyag, at ang dalawang ito ay naglalagay ng permanenteng marka sa ating kaluluwa.

Hikayatin ang mga kalahok na huwag nang ulitin pa ang pagkakamali ng kanilang mga magulang na hindi sila napakumpilan kaagad; para sa kanilang mga magiging anak, siguraduhin na ang Sakramento ng Kumpil ay matatanggap sa pinakamaagang gulang na maaari silang makumpilan.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Sinabi ni San Pablo, “walang makapagsasabi: ‘Panginoon si Jesus’ maliban sa bisa ng Espiritu Santo” (1 Corinto 12:3). Ang ating kagustuhang manalangin at makipag-usap sa Diyos ay hindi nanggagaling sa ating sarili, bagkus ay sa Espiritu Santo. Ugaliin nating mag-alay ng maiikling dasal sa buong maghapon, tulad ng “Panginoon, tulungan mo ako!” o kaya’y “Purihin ang Panginoon!”

Ang mga panalanging ito ay kalugod-lugod sa Diyos at pinupuspos ng Espiritu Santo. Gagawin Niyang kaaya-aya, magaan, at banal ang ating maghapon.



Ikatlong Yugto

"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Ang biyayang sakramental ng Kumpil ay naglalapit sa atin ng mas maigi sa Panginoong Jesukristo, at nagpapalakas ng ating loob upang ipahayag ang ating pananampalataya. Ang bawat nakukumpilan ay nagiging isang misyonero sa salita at sa gawa. Hikayatin ang mga kalahok na maging handa na ibahagi ang kabutihan ng Diyos sa kanilang mga kasamahan sa pagkakataong kailangan ito.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa Espiritu Santo, o naitamang maling paniniwala tungkol sa Sakramento ng Kumpil, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang "baon". Ano ang kailangan nilang gawin upang mabuksan ang kanilang mga puso sa Espiritu Santo? Paano maisasabuhay ng mga kalahok ang kanilang bokasyon bilang isang misyonero sa kanilang sariling mga paraan?

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Huwag kalimutan hingin ang tanglaw at patnubay ng Espiritu Santo.

Kabanata XII

Ito ang Ating Pananampalataya

Ang Buod ng Sumasampalataya *(Apostles' Creed)*

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang pananampalataya bilang isang pagtugon sa panawagan ng Diyos para sa isang mas makabuluhang buhay sa Kanyang piling;
- Ang mahahalagang paniniwala ng Simbahan na kanyang natanggap mula sa ating Panginoong Jesukristo at mga apostol na nakasaad sa Sumasampalataya *(Apostles' Creed)*; at;
- Ang kahalagahan ng pagsasabuhay ng ating pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng mga gawang mababuti sa ating kapwa tao, at sa buong sangnilikha.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang karanasan tungkol sa pagtitiwala.

- Umisip ng isang tao na inyong pinagkakatiwalaan. Ano ang mayroon sa taong ito kung bakit ninyo siya pinagkakatiwalaan?

Ipakuwento sa mga kalahok ang kanilang mga karanasan tungkol sa pagtitiwala ng kanilang buhay, o mga sikreto, o anomang mahalaga sa kanila sa taong kanilang binanggit. Ano ang kanilang binabanggit na mga dahilan kung bakit sinasabi nilang mapagkakatiwalaan ang taong ito? Ano ang kanilang pakiramdam na may mapagkakatiwalaan silang tao?

Bilang paglalagom sa talakayan, tanungin ang mga kalahok sa kahalagahan ng pagtitiwala sa kanilang pang-araw-araw na buhay.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Ang pagsampalataya o paniniwala ay isang personal na pagpapasaya para sa isang tao. Kapag tayo ay naniniwala sa isang tao, may tiwala tayo na hindi niya

tayo niloloko, at tapat at totoo siya sa kanyang ipinapakita. Ganoon din sa Diyos: ang pagsampalataya sa Kanya ay isang personal na desisyon. Naniniwala tayo na ang Diyos ay ang katotohanan; hindi Niya tayo lolokohin at aakayin sa kasamaan.

- Ang buod ng ating pananampalataya tungkol sa Diyos ay nakasaad sa isang panalanging tinatawag na *Apostles' Creed* o Ang Sumasampalataya. Ito ay dinarasal sa Santa Misa, matapos ang homiliya. Upang maging madali para sa ating kaisipan, may labindalawang (12) katotohanang nakasaad sa Ang Sumasampalataya. Maaari nating isipin na ang bawat isa ay galing sa bawat apostol, na labindalawa ring pinili ng ating Panginoong Jesukristo.

- Ang pananampalataya ng Simbahan ay nakasandal sa pagpapakilala ng Diyos sa Kanyang sarili bilang Santatlo *(Trinity)*, ang paniniwala sa iisang Diyos sa Tatlong Persona: Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ito ang sinusunod na balangkas ng Sumasampalataya:

    - Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
    - Sumasampalataya ako kay Jesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.
    - Sumasampalataya ako sa Diyos Espiritu Santo.

- **Unang Katotohanan: Ang Diyos Ama ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay**. Ang paglikha ng Diyos ay iba sa paggawa ng tao sapagkat ang Diyos lamang ang nakapaglilikha mula sa kawalan *(out of nothing)*; ang tao ay makakagawa sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagay na nandiyan na.Nilikha ng Diyos ang tao at lahat ng bagay dahil sa pag-ibig, upang ipamahagi sa Kanyang kamahalan *(majesty)* at pagmamahal *(love)* sa lahat ng Kanyang nilikha.

- **Ikalawang Katotohanan: Ang Diyos Anak ay nagkatawang tao sa katauhan ng ating Panginoong Jesukristo.** Isa sa mga pangunahing turo at aral ng Simbahan na ang Diyos ay nagkatawang-tao upang mailigtas Niya ang tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan, at damayan ang tao sa kanyang mga tiisin sa buhay. Samakatuwid, ang Panginoong Jesukristo ay Diyos na totoo at taong totoo. Bilang tao ay niyakap ng Panginoong Jesukristo ang lahat ng pinagdadaanan ng isang tao, maliban sa paggawa ng kasalanan.

- **Ikatlong Katotohanan: Si Santa Maria ang Ina ng Tagapagligtas.** Si Santa Maria na pinili para sa misyong ito, ay siya ay iniadya sa anomang bahid ng kasalanan nang siya ay ipaglihi *(Immaculate Conception)*. Siya ay kinikilala nating Ina ng Diyos sapagkat ang kanyang Anak, ang ating Panginoong Jesukristo ay tunay na Diyos. Itinuturo din ng Simbahan na si Santa Maria ay nanatiling birhen *(ever Virgin)* bago at matapos niyang ipanganak ang ating Panginoong Jesukristo. At huli, itinuturo rin ng Simbahan na si Santa Maria ay iniakyat sa langit pagkatapos ng kanyang buhay dito sa lupa. Ito ang dahilan kung bakit pinaparangalan natin si Santa Maria ng mataas na antas ng paggalang, ngunit hindi natin siya sinasamba. Ang Diyos lamang ang ating sinasamba.

- **Ikaapat na Katotohanan: Ang Panginoong Jesukristo ay ipinagpakasakit at namatay sa krus, at inilibing alang-alang sa ating mga kasalanan.** Nang dumating ang tamang panahon, sinimulan Niya ang Kanyang pangangaral tungkol sa Kaharian ng Diyos *(Kingdom of God)*, ngunit hindi kinilala ng mga pinuno ng mga Judio ang Kanyang pangangaral at nagkaisa silang ipapatay Siya sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus. Siya ay namatay ng Biyernes

Santo. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay inialay Niya ang Kanyang sarili bilang alay *(sacrifice)* para sa ikaliligtas ng tao mula sa kasalanan. Ang pagpapakasakit at pagkamatay ng ating Panginoong Jesukristo ay tinatawag nating Misteryo ng Paskuwa *(Paschal Mystery)*, sapagkat bilang paskuwa (tupang iniaalay ng mga Judio upang matubos sa kasalanan), inialay Niya ang Kanyang sarili sa Ama bilang tanda ng Kanyang pagmamahal sa sangkatauhan.

- **Ikalimang Katotohanan: Ang Panginoong Jesukristo ay nabuhay na muli galing sa kamatayan.** Ayon sa apat na Ebanghelyo (San Mateo, Marcos, Lucas at Juan), nabuhay ang Panginoong Jesukristo sa ikatlong araw mula ng Kanyang kamatayan. Nagpakita Siya sa Kanyang mga apostol at mga alagad sa iba't ibang pagkakataon sa loob ng apatnapung araw. Ang Muling Pagkabuhay ng ating Panginoong Jesukristo ay ang sentro ng pananampalatayang Kristiyano, sapagkat ito ang nagpapatunay ng Kanyang pagka-Diyos at pagkakagapi sa kapangyarihan ng kamatayan. Ipinagdiriwang natin ito tuwing Linggo ng Pagkabuhay *(Easter Sunday of the Lord's Resurrection)*, ang pinakadakilang kapistahan ng Simbahan.

- **Ikaanim na Katotohanan: Ang Panginoong Jesukristo ay umakyat sa langit.** Nang ikaapatnapung araw mula sa Kanyang Muling Pagkabuhay, ang Panginoong Jesukristo ay umakyat sa langit sa harap ng Kanyang mga apostol. Ayon sa Kanyang sinabi, aakyat Siya sa Kanyang Ama upang ipaghanda Niya tayo ng lugar sa Kanyang kaharian. Inatasan Niya ang Kanyang mga apostol at alagad na ipangalat ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa. Ito ang dakilang misyon na iniwan ng ating Panginoong Jesukristo sa atin.

- **Ikapitong Katotohanan: Ang Panginoong Jesukristo ay babalik sa wakas ng panahon.** Isa sa Kanyang mga itinuro sa Kanyang mga alagad, ang Kanyang pagbalik sa wakas ng panahon ay nagpapakita ng Kanyang pagka-Panginoon. Ang ating Panginoong Jesukristo ay tinatawag na Alpha at Omega, ang Una at Huli (Pahayag 2:8). Sa Kanyang pagbabalik sa lupa, Siya ang Hukom *(Judge)* na huhusga sa lahat batay sa kanilang mga nagawa. Ang mga mababuti ay isasama Niya sa Kaharian ng Kanyang Ama sa isang bagong langit at lupa, habang ang mga masasama ay Kanyang itatakwil upang makasama ang mga demonyo sa impiyerno, sa isang walang hanggang parusa.

- **Ikawalong Katotohanan: Ang Diyos Espiritu Santo ay isinugo upang maging Tagapagtanggol natin.** Ang Espiritu Santo ay ang Ikatlong Persona ng Banal na Santatlo. Siya ay unang ibinibigay sa isang mananampalataya sa Sakramento ng Binyag, at pinagtitibay sa Sakramento ng Kumpil. Tinatawag din ang Espiritu Santo na Tagapagpabanal *(Sanctifier)* sapagkat Siya ay nagkakaloob ng pitong biyaya *(seven gifts)* sa lahat ng tumatanggap sa Kanya (tingnan ang Isaias 11:2- 3), at mga handog-biyaya *(charisms)* para sa pagtataguyod ng buong Simbahan (tingnan ang 1 Corinto 12:4-10).

- **Ikasiyam na Katotohanan: Ang Panginoong Jesukristo ay nagtatag ng iisang Simbahan na para sa lahat (Catholic).** Ang Simbahan ay ang kalipunan *(fellowship)* ng lahat ng mananampalataya na binibigkis sa iisang Panginoon, iisang pananampalataya, at iisang binyag (Efeso 4:4). Ang Simbahan ay itinatag ng ating Panginoong Jesukristo sa pamamagitan ng Kanyang mga apostol sa pamumuno ni San Pedro, na Kanyang inatasang ipangalat ang Mabuting Balita sa buong daigdig. Ang

lahat ay inaanyayahang umanib sa isang Simbahang itinatag ng Panginoong Jesukristo para sa ikaliligtas ng kanilang kaluluwa. Sa Simbahan ay ginagawa ang pagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng Banal na Eukaristiya (Santa Misa) at ng mga sakramento, ipinangangalat ang Mabuting Balita, at hinihikayat ang lahat na mamuhay ayon sa turo ng ating Panginoong Jesukristo.

- **Ikasampung Katotohanan: Ang pagtanggap sa Diyos ay nagbubunga ng kapatawaran ng kasalanan.** Ang kasalanan ay ang pagsalungat sa kalooban ng Diyos; ang sinomang gumawa nito ay nahihiwalay sa Diyos. Lahat ng tao ay ipinapanganak na may bahid ng kasalanan *(original sin)*, na inaalis sa pamamagitan ng Sakramento ng Binyag. Ngunit matapos ang Binyag ay nakakagawa pa rin ng kasalanan ang isang Kristiyano *(actual sins)*. Ang mga kasalanang hindi mabibigat *(venial sins)* ay napapatawad sa pamamagitan ng panalangin at paggawa ng mabuti, ngunit ang kasalanang mabibigat *(mortal sins)* ay napapatawad sa pamamagitan ng Sakramento ng Kumpisal o Muling Pakikipagkasundo. Ang Panginoon ay laging mahabagin sa lahat ng humihingi ng Kanyang pagpapatawad at pagkalinga.

- **Ikalabing-isang Katotohanan: Ang lahat ng mga namatay ay mababuhay muli sa wakas ng panahon.** Ito ang tinawatag nating resurrection of the dead. Ang tao ay mamamatay sa buhay na ito sa pagkalagot ng kanyang hininga. Ang kanyang katawang lupa ay ililibing, habang ang kanyang kaluluwa ay babalik sa Diyos upang Kanyang husgahan *(judge)* ang lahat ng nagawa ng tao habang siya ay nabubuhay pa. Ang kaluluwa ay dadalhin sa langit kung ito ay napatunayang mabuti, at sa impiyerno kung ito ay napatunayang masama. Ang mga kinakailangang maglinis ng kanilang

kasalanang hindi mabibigat ay dadalhin sa purgatoryo, at sa pamamagitan ng panalangin ay matutulungan silang makauwi sa langit upang kanilang maranasan sa kanilang katawan at kaluluwa ang gantimpala ng Diyos. Sa wakas ng panahon, bibigyan ang lahat ng tao ng panibagong katawan, at nagkakaroon ng Huling Paghuhukom *(Last Judgment)*. Ang mababuti ay mananahan sa isang panibagong langit at lupa na lilikhain ng Diyos para sa kanila, habang ang masasama ay hahatulan ng walang hanggang parusa sa impiyerno kasama ng mga demonyo, na naunang tumalikod sa Diyos.

- **Ikalabindalawang Katotohanan: Ang tao ay nilikha para sa buhay na walang hanggan.** Ang buhay ng tao ay hindi natatapos sa kanyang buhay sa lupa, bagkus ay paghahanda lamang sa buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos. Niloob ng Diyos na ang lahat ng taong Kanyang nilikha ay makatamasa ng buhay ng walang hanggan kapiling Niya. Ito ang isa sa mga misyon ng Panginoong Jesukristo sa pagpapakalat ng Mabuting Balita: upang matagpuan ng tao ang daan patungo sa Ama, at sa pamamagitan nito ay makaranas ng kaligtasan. Ang pag-asang makamit ang buhay na walang hanggan ay isa sa mga ibinibigay ng Espiritu Santo sa mga sumasampalataya sa Panginoong Jesukristo.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Ngayon ay kumpleto na ang pagpapaliwanag ng buod ng pananampalataya. Upang mas madaling maibaon sa ating isip ang mga katotohanang ito, magkabit tayo ng isang kataga o salita para sa bawat isang katotohanang ating natutuhan:

- Naglikha ng Ama
- Naging Tao ang Anak
- Birheng Maria
- Krus
- Muling Pagkabuhay
- Pag-akyat sa Langit
- Babalik Muli
- Nagtatanggol ang Espiritu Santo
- Simabahang Katoliko
- Tawad
- Bagong Tao
- Buhay na Walang Hanggan

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Tanungin ang mga kalahok kung anong mga "maling akala" nila bago nila malaman ang mga katotohanang inyong pinag-usapan at tinalakay, at ano ang kanilang natutuhan bilang tugon sa kanilang dating "maling akala".

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.

Tanungin ang mga kalahok kung ano sa mga katotohanang ito sa Sumasampalataya ang may talab (personal appeal) sa kanila, at kung bakit. Pakinggang maigi ang kanilang patotoo.



Ikatlong Yugto

"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Hikayatin ang mga kalahok na magbigay ng panahon upang pag-aralan ang turo at aral ng ating Simbahan. Hikayatin silang magbasa ng Biblia sa kanilang libreng oras. Ang pananampalataya ay hindi lamang tungkol sa pagkakabisa ng mga dasal o pagbabasa tungkol sa Diyos – ito ay tungkol sa pagkilala sa Diyos na nagpahayag ng Kanyang sarili. Ang may tamang pagkakakilala sa Diyos ay magkakaroon ng tama at malalim na pakikitungo sa Kanya.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa ating pananampalataya, o naitamang maling paniniwala tungkol mga aral ng Simbahan, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin.

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang "baon". Sa paanong paraan pa nila mapapalago ang kanilang pananampalataya sa Diyos? Paano nila maisasabuhay ang hamon ng kanilang pananampalataya sa kanilang sariling buhay?

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin. Dasalin ang "Sumasampalataya" bilang pagpapahayag ng pananampalataya sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo.

Kabanata XIII

Ito ang Ating Pagsamba

Ang Buod ng Pitong Sakramento ng Simbahan

Buod ng Kabanata

Sa kabanatang ito, pag-uusapan ng katekista at ng mga kalahok

- Ang sakramento bilang mabisang tanda *(effective signs)* ng biyaya ng Diyos;
- Ang kinikilala ng Simbahan na pitong sakramento, na nahahati sa tatlong uri: mga sakramento ng pag-anib, pagpapagaling, at paglilingkod;
- Ang mabisang tanda *(effective sign*) para sa bawat sakramento, kung sino ang maaaring tumanggap nito, at sino ang maaaring maggawad ng mga ito;
- Ang biyayang sakramental *(sacramental grace)* na matatanggap sa bawat sakramento; at
- Ang kahalagahan ng mga sakramento sa buhay ng isang Kristiyano.



Unang Yugto

Magmasid at Magtanong

Tanungin ang mga kalahok tungkol sa kanilang sariling karanasan tungkol sa pagbibigay o pagtanggap ng isang bagay na nakakapagpaalala sa kanila ng pagmamahal.

- Ano ang isang bagay na nakakapagpaalala sa iyo ng pagmamahal? Nakatanggap ka na ba nito? Nakapagbigay ka na rin ba nito? Ano ang pakiramdam ng makatanggap o makapagbigay ng bagay na ito?

Ipakuwento sa mga kalahok ang kanilang mga karanasan tungkol sa pagbibigay o pagtanggap nila ng isang bagay na nakakapagpaalala sa kanila ng pagmamahal. Ano itong bagay na ito, at bakit ito nakakapagpaalala sa kanila ng pagmamahal? Kanino sila nakatanggap ng ganito? Kanino nila ito ibinigay?

Bilang paglalagom sa talakayan, tanungin ang mga kalahok sa kahalagahan ng pagbibigay o pagtanggap ng mga ganitong tanda ng pagmamahal sa kanilang minamahal.



Ikalawang Yugto

Mag-aral at Magpatotoo

Paglalahad ng turo ng Simbahan tungkol sa paksa

- Bilang tao, nararanasan natin ang mundo sa pamamagitan ng ating paningin, pandinig, panlasa,

pang-amoy, at pandama. Mas makabuluhan para sa atin ang pagpapakita ng pagmamahal kung ito ay nalalakipan ng mga tanda *(signs)* na dumadaan sa ating mga pandama.Sa ganoong paraan din tayo inaabot ng Diyos – sa pamamagitan ng mga tanda na ating nakikita, naririnig, naaamoy, natitikman, at nararamdaman – upang maipakita Niya sa atin ang Kanyang pagmamahal at pagliligtas.

- Ang mga tanda *(signs)* na ito ay tinatawag nating sakramento *(sacraments)*. "Ang mga sakramento at mga tanda ng mabisang grasya na itinatag ni Cristo at ipinagkatiwala sa Iglesia, na nagkakaloob sa atin ng buhay ng Diyos" (KIK, 1131). Dito ay makikita natin ang ilang mahalagang bagay:

- Ang tatlong sakramento ng pag-anib ay nauukol sa mga panulukang batayan *(foundation)* ng buhay Kristiyano (KIK, 1212): ang pagkamatay sa kasalanan at bagong buhay kay Kristo (Binyag); ang pagpapatibay ng ugnayan sa Diyos at sa Simbahan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (Kumpil); at pang-araw-araw na lakas sa paglalakbay patungo sa kabanalan at kaligtasan (Banal na Eukaristiya).

    - Ang mga sakramento ay mga mabibisang tanda *(effective signs)*: gumagamit ng mga ordinaryong bagay sa buhay tulad ng tubig, langis, pagkain, pagpapatong ng kamay, at pakikipag-usap.

    - Ang mga sakramento ay itinatag ng ating Panginoong Jesukristo: ang lahat ng mga tandang ginagamit sa pagdiriwang ng mga sakramento ay makikita sa buhay Niya (pagpapatong ng kamay sa mga maysakit, tinapay at alak, at iba pa). Sinasabi rin natin

na ang pagdaloy ng dugo at tubig mula sa Kanyang tagiliran nang Siya ay nakapako sa krus ay ang bukal kung saan nagmumula ang lahat ng biyaya, kasama na ang mga biyayang iginagawad ng mga sakramento.

- Ang layunin ng mga sakramento ay maggawad ng biyayang galing sa Diyos sa pamamagitan ng Simbahan. May isang uri ng biyaya na makakamit lamang sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga sakramento, tulad ng kapatawaran ng kasalanan, pagbibigkis ng mag asawa, pagbaba ng Espiritu Santo. Ito ay tinatawag na biyayang sakramental *(sacramental grace)*.

- Ang pitong sakramento ng Simbahan ay nahahati sa tatlong pangkat:

    - Mga sakramento ng pag-anib *(initiation)*: Binyag, Kumpil, at Banal na Eukaristiya
    - Mga sakramento ng pagpapagaling *(healing)*:
    - Kumpisal/Muling Pakikipagkasundo at Pagpapahid ng Langis sa Maysakit
    - Mga sakramento ng paglilingkod *(service)*: Kasal/Matrimonio at Ordinasyon



Larawan mula sa Diyosesis ng Kalibo

- **Ang Sakramento ng Binyag**

    - Ang Binyag ang unang sakramentong ating tinatanggap, kung saan napapatawad ang kasalanan at nabibigyan ng bagong buhay bilang isang anak ng Diyos at kaanib ng Kanyang sambayanan ang isang tatanggap nito.

    - Ang pangunahing tanda ng Sakramento ng Binyag ay ang tubig, na sumasagisag sa bagong buhay na ibinibigay ng Espiritu Santo, at pagkamatay sa kasalanan. Kaakibat nito ay ang paggamit ng langis na ipinapahid sa bunbunan, bilang pagtatalaga sa bibinyagan na maging hari (upang maglingkod), pari (upang mag-alay ng sarili), at propeta (upang magsabi ng katotohanan). Gumagamit din ng kandilang may sindi, bilang tanda ni Kristo na ilaw ng katotohanan. At huli ay ang puting damit, bilang sagisag ng dignidad ng isang Kristiyano bilang isang anak ng Diyos.

    - Ang tagapaglingkod *(minister)* ng Binyag ay kadalasang pari o diakono; ngunit kung ang bibinyagan ay nasa panganib ng kamatayan *(in danger of death)*, kahit sino ay maaaring magbinyag.

    - Ang magbibinyag ay magbubuhos ng tubig sa ulo ng bibinyagan habang sinasabi, "[Pangalan], binibinyagan kita sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo."

    - Ang biyayang ng idinudulot ng Binyag ay ang pagpapatawad sa lahat ng kasalanan, at ang bagong buhay bilang isang anak ng Diyos. Dahil dito ay ang nabinyagan ay nagiging kasapi ng Bayan ng Diyos, at nagiging tagapagmana ng

buhay na walang hanggan sa langit.

- **Ang Sakramento ng Kumpil**

    - Ang Kumpil ay nagpapatibay ng biyayang natanggap sa Binyag sa pamamagitan ng pagbuhos ng mga kaloob ng Espiritu Santo, kaya binibigyang-lakas ang isang alagad na ipahayag ang kanyang pananampalataya at isabuhay ito.

    - Ang pangunahing tanda ng Sakramento ng Kumpil ay ang pagpapatong ng kamay, na siyang ginawa ng mga apostol sa mga unang alagad upang kanilang matanggap ang Espiritu Santo (Gawa 19:6). Gumagamit din ng langis na ipinapahid sa noo ng kukumpilan, bilang tanda ng paggagawad ng Espiritu Santo ng Kanyang mga kaloob. Ang Espiritu Santo ay nagdadala ng Kanyang pitong kaloob *(seven gifts)*, na hinula ni Propeta Isaias (11:2-3) sa Lumang Tipan. Ito ang ipinapanalangin sa bawat pagdiriwang ng Kumpil.

    - Ang kadalasang tagapaglingkod *(minister)* ng Kumpil ay ang obispo, na siyang nakatanggap ng kabuuan ng Sakramento ng Ordinasyon. Sa ilang pagkakataon ay itinatalaga ng obispo ang paggawad ng Kumpil sa isang pari.

    - Ang biyayang idinudulot ng Kumpil ay ang pagpapatibay ng biyayang natanggap ng isang Kristiyano nang siya ay binyagan. Sa pamamagitan ng pagbubuhos ng mga kaloob ng Espiritu Santo ay inihahanda ang isang Kristiyano na maging isang matatag na alagad na handang ipahayag ang kanyang pananampalataya.

- **Ang Sakramento ng Banal na Eukaristiya**

    - Ang Banal na Eukaristiya ay ang sakramento ng tunay na presensiya ng ating Panginoong Jesukristo sa anyo ng tinapay at alak. Sa pagkain natin sa Kanyang Katawan at pag-inom sa Kanyang Dugo ay binibigyan tayo ng pagkaing espiritwal, kung saan ang ating kaluluwa ay nakakapasok sa buhay at misteryo ni Kristo.

    - Ang pangunahing tanda ng Banal na Eukaristiya ay tinapay at alak. Ito ay ginamit ng Panginoong Jesukristo noong Siya ay nagdiwang ng Huling Hapunan kasama ang Kanyang mga apostol (tingnan ang Mateo 26:17-35; Marcos 14:12-25; Lucas 22:14-23; Juan 13 at 1 Corinto 11:23-26). Sa pamamagitan ng tinapay at alak ay nagsimula Siya ng isang panibagong tipan *(covenant)* sa pagitan ng tao at Diyos, na mananatili sa Simbahan hanggang sa wakas ng panahon.

    - Ang tagapaglingkod *(minister)* ng Banal na Eukaristiya ay ang obispo, bilang kahalili ng mga apostol; at ang mga pari, bilang mga katuwang ng obispo. Walang kapangyarihan ang diakono na mamuno sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya.

    - Ang biyayang idinudulot ng Banal na Eukaristiya, lalo na sa mga tumatanggap nito nang may tamang disposisyon at pananampalataya, ay lakas at tibay ng kaluluwa upang harapin ang mga pagsubok sa buhay. Sa Banal na Eukaristiya, ang Panginoong Jesukristo ang Siyang nagiging pagkain at inumin ng kaluluwa.

Larawan mula sa Diyosesis ng Kalookan



- Ang dalawang sakramento ng pagpapagaling *(healing)* ay nilalayong maggawad ng pagpapala para sa ikagiginhawa ng ating katawan at kaluluwa. Ang pangunahing Tagapagpagaling *(Healer)* ay ang ating Panginoong Jesukristo, na Siyang nagpapatawad ng kasalanan at nagpapagaling ng mga maysakit (tingnan ang Marcos 2:1- 12). Ninais Niya na ipagpatuloy ang gawaing ito ng pagpapatawad ng kasalanan at pagpapagaling sa maysakit sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan, kung kaya't itinatag Niya ang mga sakramento ng Kumpisal/Muling Pakikipagkasundo at Pagpapahid ng Langis sa Maysakit (KIK, 1421).

- **Ang Sakramento ng Kumpisal o Muling Pakikipagkasundo** .

  - Ang Kumpisal ay ang sakramento na nagpapatawad ng mabibigat na kasalanang nagawa pagkatapos ng Binyag sa pamamagitan ng pag-ámin *(admission of guilt)* at pag-akô *(taking responsibility)* sa mga kasalanang ito.

  - Ang pangunahing tanda ng sakramentong ito ay ang paghahayag ng mga kasalanan *(confession*



of sins) sa isang pari bilang tagapaglingkod *(minister)* ng Simbahan. Ang paghahayag ng kasalanan ay binanggit ni Santiago Apostol sa kanyang liham (5:16): "[i]pagtapat ninyo sa isa't isa ang inyong mga kasalanan at idalangin ninyo ang isa't isa upang gumaling kayo". Matapos ang paghahayag ng kasalanan ay iginagawad ng pari ang pagpapatawad sa kasalanan *(absolution).*

- Ang tagapaglingkod *(minister*) ng sakramentong ito ay ang obispo o pari. Bagama't binabanggit sa Biblia ang pagkukumpisal ng kasalanan nang diretso sa Diyos (at ito ay magandang kaugalian para sa mga gumagawa nito), ang inihabilin ng mga apostol ay ang pangangailangan ng paghahayag ng kasalanan. Ang pari, bilang kinatawan *(representative)* ng Simbahan, ang naggagawad ng pagpapatawad ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

- Kasama sa pagkukumpisal at pag-amin sa kasalanan ay ang pagsisisi sa bahagi ng isang nagkasala, at ang pangakong hindi na muli gagawin ang mabibigat na kasalanang pinagsisisihan. Ang ikinukumpisal ay ang lahat ng mabigat na kasalanan *(mortal sins)* na nagawa mula noong huling pangungumpisal. Ang kasalanan, at bilang o dami ng beses na

ginawa ito ay binabanggit sa pari, upang malaman niya ang bigat *(gravity)* ng mga kasalanang nagawa.

- Ang pari ay nagpapataw ng "parusa" (penance), na kadalasang mga panalangin, kawanggawa o uri ng pagsasakripisyo. Hindi naman talaga ito parusa na nagbabaon sa makasalanan sa hirap, bagkus ito ay isang pagsisikap na maiayos ang anomang nasira dahil sa kasalanang nagawa. Ito ay bahagi ng diwa ng katarungan (justice).

- Ang biyayang idinudulot ng Kumpisal/Muling Pakikipagkasundo ay ang kapatawaran ng kasalanan, at lakas para sa kaluluwa upang maiwasan ang muling pagkakasala

- **Ang Sakramento ng Pagpapahid ng Langis sa Maysakit**

  - Ang Pagpapahid ng Langis sa Maysakit ay ang sakramento na naghaharap sa mga maysakit sa kapangyarihan ng Panginoong Jesukristo, na nagpagaling ng maysakit nang Siya ay nabubuhay pa. Ipinagkatiwala Niya sa Kanyang mga alagad ang gawaing ito (tingnan ang Mateo 10:8), at ang Simbahan ay ang nagpapatuloy nito sa ating panahon.

  - Ang pangunahing tanda ng sakramentong ito ay ang pagpapahid ng langis, bilang tanda ng pag-aliw (comfort) na ibinibigay ng Espiritu Santo sa maysakit. Ito ang kaugaliang natanggap natin mula sa mga unang Kristiyano; ayon kay Apostol Santiago, "Maysakit ba ang sinuman sa inyo? Ipatawag ang Matatanda ng Iglesya. Ipananalangin siya nila at papahiran ng langis sa ngalan ng Panginoon.

- Ikagagaling ng may karamdaman ang panalanging may pananampalataya at ibabangon siya ng Panginoon at patatawarin" (Santiago 5:14-15). Sa sakramentong ito, ipinapahid ang banal na langis sa ulo, kamay, at paa ng maysakit.

- Sa ilang bahagi ng ating kasaysayan ay naging kaugalian na igawad ang sakramentong ito sa mga nasa bingit ng kamatayan, kaya ito'y tinawag na huling pagpapahid ng langis *(extreme unction)*. Ngunit sa ating panahon ay ibinabalik ang kaugaliang mas malapit sa mga unang Kristiyano – na ito ay sakramento para sa mga maysakit, para sa kanilang paggaling.

- Ang tagapaglingkod *(minister)* ng sakramentong ito ay obispo o pari. Ang mga kamag-anak o kasambahay ng maysakit ay hinihikayat na tumawag kaagad ng pari upang maigawad ang sakramentong ito sa lalong madaling panahon. Hindi kailangang hintaying maghingalo ang maysakit o hintayin ang punto ng bingit ng kanyang kamatayan bago tumawag ng pari.

- Kapag tumawag ng pari para sa Pagpapahid ng Langis sa Maysakit, kadalasan ay binibigyan din ng pagkakataon ang maysakit na makapagkumpisal. Kapag nagbabadya na ang kamatayan ngunit may malay pa ang maysakit, nagbibigay din ang pari ng Banal na Komunyon bilang *Viaticum* (baon sa paglalakbay). Ang tatlong sakramentong ito ay ang pinakaakmang paghahanda para sa isang maysakit na malapit nang harapin ang kamatayan.

- Ang biyayang dulot ng sakramentong ito ay ang pag-aliw ng Espiritu Santo sa maysakit, at kagalingan sa sakit, kung ito man ay naaayon sa kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng sakramentong ito ay binibigyan ng biyaya ang maysakit na makiisa sa pagpapakasakit ng ating Panginoong Jesukristo, at makinabang sa panalangin ng buong Simbahan. At kung ang mga huling sandali ng buhay ay parating na, ang sakramentong ito ay naghahanda sa maysakit na harapin ang kamatayan nang may pananampalataya (KIK, 1520-1523).

- Ang mga sakramento ng paglilingkod *(service)* ay nagbibigay ng natatanging biyaya upang alalayan ang misyon ng isang Kristiyano para sa kaligtasan ng iba (KIK, 1534). Ito ay nakaugat sa misyong natanggap sa Binyag, pinagtibay sa Kumpil, at pinalalalim sa Banal na Eukaristiya. Sa pamamagitan ng sakramento ng Kasal o Matrimonio at Ordinasyon, ang isang Kristiyano ay itinatalaga sa estado ng pamumuhay *(state of life)* kung saan niya mapaglilingkuran ang iba, at sa ganoong paraan ay mailigtas ang kanilang kaluluwa.

Larawan mula sa Military Ordinariate



- **Ang Sakramento ng Kasal o Matrimonio**

    - Sa pamamagitan ng Sakramento ng Kasal o Matrimonio ay binabasbasan ang pagsasama ng lalaki at babae upang bumuo ng isang panibagong pamilya, at magpakita ng pagmamahalan sa isa't isa. Ang pagsasama na ito ay kalugod-lugod sa Diyos.

    - Ang Kanyang paglikha kina Adan at Eba ay sumasagisag sa ugnayan ng lalaki at babae sa Kasal, "ito ngayon ang buto ng aking buto, at laman ng aking laman" (Genesis 2:23). Kaya naman, kinilala ng Panginoong Jesukristo ang kahalagahan ng Kasal sa plano ng Diyos. Ang lalaki at babae ay "magiging isang katawan", kaya "huwag paghiwalayin ng tao ang ipinagbuklod ng Diyos" (Mateo 19:5-6).

    - Ang tanda ng Sakramento ng Kasal o Matrimonio ay ang panata *(vow)* ng katapatan na sinasabi ng mga ikakasal sa isa't isa. Ito ay tinatawag na pagpapalitan ng pagsang-ayon *(exchange of consent)*, kung saan tinatanggap ng isa sa ikakasal ang pangakong binitiwan ng isa pang ikakasal. Ang panata na ito ay naririnig ng lahat ng dumadalo sa Kasal. Ang singsing na ginagamit ng mag-asawa ay nagsisilbing paalala ng kanilang panata na maging tapat sa isa't isa.

    - Ang tagagpaglingkod *(minister)* ng Sakramento ng Kasal o Matrimonio ay hindi ang pari, kundi ang dalawang Kristiyanong ikinakasal. Samakatuwid, ikinakasal nila ang kanilang sarili sa isa't isa. Ang pari ay ang tumatayong kinatawan ng Simbahan na nagbabasbas sa mga pangako ng Kasal ng mag asawa.

- Ang biyayang sakramental ng Kasal o Matrimonio ay ang biyaya ng katapatan sa sinumpaang pagmamahalan ng mag-asawa. Ang pagbubuklod ng mag-asawa ay isa sa mga simbolo ng pagmamahal ng Panginoong Jesukristo sa Simbahan. Ayon kay San Pablo, "Ulo ng babae ang lalaki, kung paanong si Kristo ang ulo ng Iglesya – ang katawan – at siyang tagapagligtas nito" (Efeso 5:23). Gayundin naman, "[m]ga lalaki, mahalin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya ni Kristo na nagmamahal sa Iglesya at inialay ang sarili dahil sa kanya" (Efeso 5:25).

- Ang turo ng ating Panginoong Jesukristo ay panghabambuhay ang Kasal; kamatayan lamang ang makakaputol sa pangakong binitiwan nila. Hindi pinahihintulutan ang paghihiwalay *(divorce)* ng mag aasawa sa ating pananampalataya. Kung hindi maiiwasan, at para sa ikabubuti ng mga anak, maaaring mamuhay ng hiwalay ang mag-asawa, ngunit hindi nito pinapawalang-bisa ang Kasal, at ang kahit sino sa kanila ay hindi maaaring makipag asawa sa iba hangga't ang isa ay nabubuhay pa.

- Ang mag-asawa ay tinatawag na itaguyod ang kanilang pamilya. Isang malaking kasalanan ang pakikiapid, o ang pakikipagrelasyon o pakikipagtalik sa hindi asawa. Isa itong malaking pagtataksil sa asawa, at isang mabigat na kasalanan *(mortal sin)* sa harap ng Diyos.

- **Ang Sakramento ng Ordinasyon**

  - Sa pamamagitan ng Sakramento ng Ordinasyon

ay itinatalaga ang isang lalaki upang maging tagapaglingkod ng Diyos at ng sambayanang Kristiyano. Bagama't ang lahat ng Kristiyano ay nakatanggap ng misyon upang maging pari (sa pamamagitan ng palaging pananalangin), sa Sakramento ng Ordinasyon ay ginagawaran ang oordinahan na maging paring tagapaglinkod *(ministerial priest)* para sa buong Simbahan sa pamamagitan ng kanyang pagpapahayag ng Salita ng Diyos, pagdiriwang ng mga sakramento, at pangangasiwa sa mga sambayanang Kristiyano.

- Ang tanda ng Sakramento ng Ordinasyon ay ang pagpapatong ng kamay *(laying of hands)* sa inoordinahang diakono, pari, o obispo. Ang pagpapatong ng kamay ay ginawa ng mga apostol upang ipasa ang kapangyarihan ng Pagkapari (tingnan ang Gawa 6:6 at 2 Timoteo 1:6). Nang maglaon ay gumamit din ang Simbahan ng banal na langis *(chrism oil)* upang italaga ang mga pari at obispo sa paglilingkod sa Diyos.

- Ang tagapaglingkod *(minister)* ng Sakramento ng Ordinasyon ay ang obispo. Ito ay dahil ang obispo ang tumatayong kahalili ng mga apostol. Ang obispo ang nakatanggap ng kabuuan *(fullness)* ng Banal na Orden (KIK, 1557), at siyang may karapatang ibahagi at ipasa ito sa iba.

- Ang biyayang sakramental ng Ordinasyon ay ang kapangyarihang gumalaw *(act)* sa ngalan ni Kristo sa pagdiriwang ng mga sakramento. Ang Ordinasyon (katulad ng Binyag at Kumpil) ay naggagawad ng isang permanenteng marka *(indelible mark)* sa kaluluwa ng isang

naordinahan. Totoo ang kasabihan sa Ingles na *“Once a priest, always a priest.”*

- Ang isang naordinahang obispo, pari, o diakono ay nangangako sa isang simpleng pamumuhay *(simplicity)* o pagdaralita *(poverty),* kalinisan *(chastity),* at pagsunod sa nakatataas sa kanya *(obedience).*

- Isang mabigat na kasalanan para sa isang naordinahan ang lumabag sa kanyang mga pangakong binitiwan, sa pamamagitan ng pamumuhay ng marangya at kawalan ng pakialam sa mahihirap; pakikipagrelasyon o pakikipagtalik sa kahit kanino; at pagsalungat sa iniutos ng pamunuan kung saan siya ay nakapailalim.

Malayang talakayan. Sa bahaging ito ay hayaan ang mga kalahok na magpahayag ng kanilang mga pananaw, agam-agam, o magtanong tungkol sa paksang pinag-usapan. Mahalagang masagot ng katekista ang kanilang mga katanungan, kung meron man. Sikapin, sa maaabot ng makakaya, na maibahagi ang mga nakasaad na puntos sa ibaba sa malayang talakayan, sa diwa ng pagpapalitan ng kaalaman at pananaw mula sa perspektibo ng katekista:

Itanim ang binhi ng pananampalataya.

Malamang ay may nakapagtanong na “Bakit ang daming sakramento? Bakit kailangang pito ito?” Kailangang maunawaan na sinasabayan ng mga sakramento ang iba’t ibang yugto ng buhay ng isang Kristiyano mula kapanganakan hanggang kamatayan. Ang mga sakramento ay tanda ng kabutihang-loob at katapatan ng Diyos; hindi Niya tayo pinababayaan sa anomang yugto ng ating buhay. Ang biyayang sakramental na ibinibigay sa bawat pagdiriwang

ng mga sakramento ay naaangkop sa hamon na kinakaharap ng isang Kristiyano sa simula hanggang sa pagtatapos ng buhay.

Itama ang maling pagkakaintindi tungkol sa pananampalataya.

Minsan ay may mga nagsasabi na “Paano magiging epektibo ang mga sakramento kung makasalanan ang mga tagapaglingkod *(minister)* nito? Makasalanan din naman ang mga paring nagsasagawa ng mga sakramento.” Isa itong tanong na nakaharap na ng Simbahan sa mahaba niyang kasaysayan.

Ang tamang pananaw ay hindi naaapektuhan ang bisa ng mga sakramento ng pagiging makasalanan ng obispo, pari, o diakonong naggagawad ng mga ito. Ang biyaya ay galing sa Diyos, at hindi sa nagsasagawa ng sakramento. Dadaloy pa rin ang biyayang galing sa Diyos kahit hindi karapat-dapat o makasalanan ang naggagawad ng sakramento.

Palaguin ang pananampalatayang naroroon na sa kalahok.


Bilang mga Kristiyano, malamang ay nakadalo na ng mga sakramento ang mga kalahok nang makailang ulit na. Upang mapaigting ang pananampalataya, hikayatin ang mga kalahok na gawing regular ang pagdalo sa mga sakramento (para sa Banal na Eukaristiya at Kumpisal), o di kaya ay nasa tamang panahon (tulad ng Kasal at Pagpapahid ng Langis sa Maysakit). Kung may mga magulang, hikayatin sila na siguraduhin na tatanggapin ng kanilang mga anak ang mga sakramento sa tamang edad (para sa Binyag, Kumpil, at Unang Komunyon).

Ikatlong Yugto
"Pabaon" at Pagkilos

Mainam na magbigay ng maikling buod *(summary)* ang katekista sa mga piling usapin na napag-usapan sa malayang talakayan.

Tulungan ang kalahok na ibahagi ang pananampalataya sa iba (GDC, 261). Ngayon na natalakay na ang pitong sakramento ng Simbahan, hikayatin ang mga kalahok na ibahagi sa iba ang kahalagahan nitong mga tanda na ng kagandahang-loob ng Diyos. Sa kung paanong paraang ang Diyos ay tapat sa Kanyang ipinangakong mga biyaya, tayong Kanyang mga alagad ay kailangang tapat din sa paglapit sa Kanya.

Tanungin ang mga kalahok kung ano ang kanilang "babaunin" mula sa talakayang ito: ano ang bago nilang natutuhan tungkol sa mga sakramento, o naitamang maling paniniwala tungkol sa kapangyarihan at biyayang idinudulot nito sa kaluluwa, o isang bagay na nakaantig sa kanilang damdamin.


Larawan mula sa Diyosesis ng Talibon

Matapos nito ay tanungin ang mga kalahok kung ano ang nakikita nilang hamon para sa kanila batay sa kanilang "baon". Ano ang hamon sa mga kalahok na malaman ang kabutihan ng Diyos sa pamamagitan ng mga sakramento? Paano nila maisasabuhay ang kagandahang-loob ng Diyos sa kanilang sariling buhay?

Magtapos sa isang pangwakas na panalangin.

Mensaheng Pangwakas mula sa Kasalukuyang Tagapamuno ng *CBCP-ECCCE* (2021-2023)

†Obispo Elmer I. Mangalinao, D.D.
Diyosesis ng Bayombong



Larawan mula sa Congregazione dei Padri Rogazionisti del Coure di Gesu

Napakaganda ng natuklasan ng mga may akda ng aklat-katesismo na ito - na kung ang mga puso at kaisipan ng mga bata at kabataan ay pinupuno ng mga bagay-bagay na nauukol sa Diyos, gayundin naman, sa kanilang paglago at patuloy na pagtanda ay lalo't higit silang nangangailangan ng patnubay at gabay ukol sa pananampalataya. Tunay nga na napakahalagang mapasailalim ang ating mga bata at kabataan sa katesismo ng Simbahan. Ang maagang pagmumulat sa kanilang puso at isipan ng mga kaalaman ukol sa Diyos ay laging marapat, matuwid, at napapanahon.

Isang napakalaking biyaya ang aklat na ito na bunga ng pagninilay ng ating mga Vicentino, mga Seminarista at Kaparian. Ito ay ay napapanahon na pagtugon para sa pagpapalalim ng pananampalatayang Katoliko.

Napakahalagang regalo para sa ating lahat lalo na sa mga sa mga mananampalatayang may edad at nakatatanda sa ating pamayanan. Batid natin na ang mga nakatatanda sa ating mga tahanan at pamayanan ang siyang patuloy na naghuhubog sa ating mga bata at kabataan sa pamamagitan ng kanilang mga salita at halimbawa sa araw-araw. Wika nga “anomang ginagawa ng mga matanda ay nagiging tama sa mata ng bata.”

Sa pamamagitan ng pagbasa, pag-aaral, at pagninilay ng bawat kaalaman ng nasusulat sa aklat na ito, tunay nga na tayo ay sumasalok sa batis ng kaalaman at umiinom ng tubig ng katotohanan. Salamat sa inspirasyong dulot ng Espiritu ng Diyos para sa mga sumulat ng Katesismong ito. Dalangin natin na ang lahat ng mga babasa ng aklat na ito ay maging bukás din sa haplos ng Diyos upang maging buháy na tagapagdala ng mabuting balita sa kanilang salita at gawa ngayong ipinagdiriwang natin ang ikalimang daan taon ng Kristiyanismo sa Pilipinas.



Mga Daglat

BEC - *Before Common Era*
CE - *Common Era*
CL - *Christifideles Laici*
GDC - *General Directory for Catechesis*
KIK - Katesismo Ng Iglesia Katolika
LG - Lumen Gentium

Mga Sanggunian

Pope John Paul II. (1988). Post-synodal Apostolic Exhortation Christifideles Laici (CL) of His Holiness John Paull II on the Vocation and the Mission of the Lay Faithful in the Church and in the World. Retrieved from http://www.vatican.va/content/john-paul-ii/en/apost_exhortations/documents/hf_jp-ii_exh_30121988_christifideles-laici.html

Pope Paul VI. (1964). Dogmatic Constitution on the Church Lumen Gentium (LG). Retrieved from http://www.vatican.va/archive/hist_councils/ii_vatican_council/documents/vat-ii_const_19641121_lumen-gentium_en.html

Roman Catholic Archdiocese of Manila. (1996). *Katesismo Ng Iglesia Katolika (KIK)*.

Vatican. (1997). *General Directory for Catechesis (GDC)*. Retrieved from https://www.vatican.va/roman_curia/congregations/cclergy/documents/rc_con_ccatheduc_doc_17041998_directory-for-catechesis_en.html



Mga May-akda

Si **Bene Joseph M. Cantillas** ay nagtapos ng Masterado sa *Science Teaching* mula sa *University of Cebu* at nagturo sa *Colegio de la Inmaculada Concepcion-Cebu* ng *Congregation of the Daughters of Charity of St. Vincent de Paul (DC)* mula 2011 hanggang 2019. Nanungkulan din siya bilang *Cebu Archdiocesan Council President* ng *Children of Mary-Vincentian Marian Youth (COM-VMY)* mula 2018 hanggang 2019. Pumasok siya sa *St. Vincent Seminary*, Lungsod Quezon noong 2019.

Si **Arvel Pam Anthony S. Cui** ay nagtapos ng *BS Civil Engineering* mula sa *University of Southern Philippines Foundation sa Cebu*, at nagtrabaho bilang *site engineer* mula 2014 hanggang 2017. Nanungkulan din siya bilang *Cebu Archdiocesan Council President* ng *Children of Mary-Vincentian Marian Youth (COM-VMY)* mula 2014 hanggang 2018. Pumasok siya sa *St. Vincent Seminary*, Lungsod Quezon noong 2018.

Si **Soc Leonard Cardiño** ay nagtapos ng *BS Biology* mula sa *Bicol University*. Siya ay nagtrabaho bilang *Technical Staff* sa *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources* mula 2012 hanggang 2015, at *Project Officer* naman sa *Caritas-Masbate* mula 2015 hanggang 2018. Pumasok siya sa *St. Vincent Seminary*, Lungsod Quezon noong 2018.

Si **Manuel Victor J. Sapitula** ay nagtapos ng PhD sa Sosyolohiya mula sa *National University of Singapore (NUS)* at nagturo sa *Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UPD)* mula 2005 hanggang 2018. Siya ay nagturo ng sosyolohiya ng relihiyon, kwalitatibong pananaliksik, at teoryang panlipunan *(sociological theory)* sa batsilyer at gradwadong programa ng *Departamento ng Sosyolohiya*. Pumasok siya sa *St. Vincent Seminary*, Lungsod Quezon noong 2019.

(Mula kaliwa hanggang kanan) Manuel Victor J. Sapitula, Bene Joseph M. Cantillas, Soc Leonard Cardiño, at Arvel Pam Anthony S. Cui.



Larawan mula sa mga May-akda

“Ang puso ko ay nagpupuri sa Panginoon” habang binabasa ko ang iba’t ibang bahagi ng ginawang **Adult Catechesis** ng ating mga kapatid na *Vincentian brothers*. Naisip kong magdadala ito ng matinding kagalakan kapag nakita ito ng maraming mga obispo, pari, reliyoso at mga laykong katekista na matagal nang nakakita sa kakulangan nito sa ating simbahan.

†Obispo Roberto C. Mallari, D.D.
Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija
Tagapamuno ng CBCP-ECCCE (2016-2021)

Ang munting aklat na ito, ang ***Katekistang Agapay-Alagad***, ay isang pagtugon sa hamon ng katekesis sa ating panahon, kung saan ay hinihikayat natin ang lahat na makibahagi sa pangangalat ng Mabuting Balita.

P. Gregorio L. Bañaga, Jr., C.M.
Provincial Visitor
Kongregasyon ng Misyon - Probinsya ng Pilipinas

Ang ***Katekistang Agapay-Alagad: Isang Pagsipat sa Katesismo sa mga Nakatatanda*** ay isang malaking kontribusyon sa Simbahang Katolika sa Pilipinas para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo lalong-lalo na sa mga nakatatanda. Nais kong iparating ang aking paghanga sa mga Vicentino na mga may-akda ng librong ito para sa kanilang galing sa pagsulat at sa paggamit ng wikang Filipino upang mas madali itong maintindihan, maging mas akma sa ating konteksto, at maging mas malapit sa mga puso ng bawat nananampalatayang Pilipino.

Katuwang na Prop. Joselito G. Gutierrez, PhD
Tagapagturo
Institute of Religion, UST

Sa pangkalahatan, ang pagkakasunod-sunod ng nilalaman at pagkakasulat ng mga paksa ay sistematikong nakaayos at nakalahad ayon sa tatlong pangunahing layunin ng pagtuturo ng katekesis – ang *Doctrine, Moral, at Worship (DMW). Malaking tulong ito sa ministeryong kateketikal ng ating mahal na simbahang katolika.*

Karen Gajutos
Katekista
Diyosesis ng Catarman

Ang ***Katekistang Agapay-Alagad: Isang Pagsipat sa Katesismo sa mga Nakatatanda*** ay napapanahon at nararapat na tugon ng *CBCP-ECCCE* sa mga pangangailangan ng Simbahan. Ang paraan ng pagturo tungkol sa pananampalataya sa mga nakatatanda ay mas naipadali ng librong ito. Nababatid ko na ang modyul na ito ay magsisilbing makabuluhang materyales para sa katekesis ng mga nakatatanda. Buong-pusong pasasalamat sa lahat ng mga nagbahagi ng panahon at talento sa pagbubuo ng librong ito para sa pagpapalalim ng ating pananampalataya.

Charles Henry C. Espiritu
Tagapag-ugnay ng Programa
Archdiocesan Lay Formation Institute and Catechetical Center
Arkidiyosesis ng San Fernando de Pampanga

Ambag ng *Unibersidad ng Santo Tomas (UST)*
sa paggunita ng 500 Taon ng Kristiyanismo sa Pilipinas.

gifted to give
500 YEARS OF CHRISTIANITY IN THE PHILIPPINES

Isang *Research-based Intervention Outcome (RIO)* batay sa mga resulta ng *National Catechetical Study (NCS) 2016 - 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project* ng *Research Center for Social Sciences & Education (RCSSED), University of Santo Tomas (UST).*